



Pasalita lamang unang inilahad ng mga apostol sa daigdig ang mensahe ni Jesus. Ipinahayag nila ang kanilang nakita at narinig sa kanya. Wala sa kanilang nakaisip magsulat ng isang "Buhay ni Jesus". Hindi pa nga sila siguro marunong sumulat. Subalit may lumabas din sa iba't ibang lugar na mga isinulat na mga pahayag, talinhaga at mga gawa ni Jesus.

Binuo ni Marcos na kasama nina Pedro at Pablo sa Roma ang kanyang Ebanghelyo mula sa mga salaysay na ito. At idinagdag niya rito ang maraming detalyeng alam ni Pedro tungkol kay Jesus.

Higit sa lahat, ipinakikita sa atin ng *Ebanghelyo ni Marcos* ang isang Jesus na kumikilos. Wala itong sinasabi tungkol sa kamusmusan ni Jesus o sa kanyang buhay sa Nazaret. Hindi rin ito naglalahad ng mahahaba niyang pagtuturo. Pero mabigat ang dating nito dahil nakikita natin si Jesus sa lahat niyang pagpapahayag bilang tunay na tao at tunay na Diyos.

*Si Jesus ang Anak ng Diyos.* Ito ang ipinahahayag sa huling pahina ng Ebanghelyo ng opisyal na Romanong nakasaksi sa pagkamatay ni Jesus.

Ngunit ano ang ibig sabihin ng "Anak ng Diyos"? Ang tanong na ito ang gustong sagutin ng buong Ebanghelyo ni Marcos sa pagsasalaysay ng mga kilos ni Jesus.

# 1

• 1 Ito ang simula ng Ebanghelyo
(o Magandang Balita) ni Jesucristo,
Anak ng Diyos.
2 Nasusulat sa Propeta Isaias: *"Ipinada-
dala ko ngayon ang aking sugo na ma-
uuna sa iyo para ayusin ang iyong daan.*
3 *Naririnig ang sigaw sa disyerto: 'Ihanda
ang daan para sa Panginoon, ituwid ang
kanyang landas'."*
4 Kaya may nagbibinyag sa disyerto – si
Juan – at ipinahahayag niya ang binyag
ng pagbabalik-loob para sa kapatawaran
ng mga kasalanan. 5 Nagpuntahan sa
kanya ang lahat ng taga-Judea at mga
naninirahan sa Jerusalem. Inamin nila
ang kanilang mga kasalanan at bini-
nyagan sila ni Juan sa Ilog Jordan.
6 Nakadamit-balahibo ng kamelyo at
nakabigkis ng katad si Juan, at mga ba-
lang at pulot-pukyutang-gubat ang kina-
kain. 7 At ito ang sinabi niya sa kanyang
pangangaral: "Parating na kasunod ko
ang gagawa nang higit pa sa akin. Hindi
nga ako karapat-dapat yumuko para
magkalag ng tali ng kanyang panyapak.
8 Sa tubig ko kayo bininyagan, at sa
Espiritu Santo naman niya kayo bibin-
yagan."
9 Nang panahong iyon, dumating si Je-
sus mula sa Nazaret ng Galilea at binin-
yagan siya ni Juan sa Ilog Jordan. 10 At
pagkaahon niya mula sa tubig, nakita
niyang nahawi ang langit at parang kala-
pating bumababa sa kanya ang Espiritu
ng Diyos. 11 At narinig mula sa langit:
"Ikaw ang aking Anak, ang Minamahal,
ikaw ang aking Hinirang."
12 Kayat itinulak siya ng Espiritu sa dis-
yerto, 13 at apatnapung araw siyang nana-
tili sa disyerto. Tinukso siya ni Satanas;
kasama niya ang mga hayop, at pinag-
lingkuran siya ng mga anghel.

### Tinawag ni Jesus ang unang apat na alagad niya

*(Mt 4:12; Lc 4:14)*

• 14 Pagkadakip kay Juan, pumunta si
Jesus sa Galilea. Doon niya ipinahayag
ang magandang balita ng Diyos sa pagsa-
sabing 15 "Sumapit na ang panahon; mag-
bagong-buhay at maniwala sa magan-
dang balita; lumapit na nga ang Kaharian
ng Langit."
16 Pagdaan ni Jesus sa pampang ng
lawa ng Galilea, nakita niya si Simon ka-
sama si Andres na kapatid niya na nagha-

---

• **1.**1 Dito binubuod ni Marcos ang tatlong mahahalagang pangyayari na naging simula ng pangangaral ni Jesus:
- Ang pangangaral ni Juan Bautista
- Ang pagbibinyag ni Juan kay Jesus
- Ang Karanasan sa Disyerto

Tingnan ang paliwanag sa Lucas 3 at 4.

*MGA PROPETA*

Ito ang simula ng Ebanghelyo pero ano ang nauna rito? Para malaman natin ito, kailangang basahin natin ang bahagi ng Biblia na tinatawag na Matandang Tipan.

Maraming dantaon na ang lumipas mula nang piliin ng Diyos ang *sambayanan ng mga Judio* (ang bayang sinilangan ni Jesus) para maging sarili niyang bayan sa lahat ng bansa sa lupa. May kanilang relihiyon ang mga Judio gaya ng ibang mga bayan pero mas kilala nila ang Diyos dahil sa kanila niya pinarating ang kanyang salita.

Hindi mula sa langit nangungusap ang Diyos dahil nasaan ba ang langit? Wala ito sa itaas ni sa ibaba. Isa pa'y walang bibig ang Diyos para magsalitang gaya natin. Ngunit ibinibigay niya ang kanyang Espiritu sa ilang tao para magsalita sa kanyang pangalan: sila ang *mga propeta.* Propeta si Moises, at gayon din sina Isaias at Juan Bautista at ang iba pa.

• 14. Pagkatapos ng karanasang ito sa disyerto, bumalik si Jesus sa Galilea na kanyang probinsiya at nanirahan sa Capernaum. Tumira si Jesus sa *bahay* ni Simon na lumalabas nang lider noon ng isang grupo ng mga mangingisda. Mula sa grupong ito magmumula ang mga unang alagad ni Jesus.

Ano'ng sasabihin ni Jesus sa una niyang pangangaral?

*Sumapit na ang panahon* (15). Tapos na ang matagal na paghihintay ng bayang Israel sa mga pangako ng Diyos na laging naaantala. Sinasabi ni Jesus na isang bagong panahon ang nagsisimula ngayon.

*Lumapit na nga ang Kaharian ng Diyos.* Tapos na rin ang paghihintay dahil nasa may pinto na tayo. Pero ngayon, tayo ang kailangang humakbang para makapasok sa bagong daigdig na ito na pinaghaharian ng Diyos (tingnan ang paliwanag sa Mt. 5:1).

hagis ng lambat sa lawa; mga mangingis-
da sila. 17 Sinabi sa kanila ni Jesus: "Hali-
kayo, sumunod kayo sa akin at gagawin
ko kayong mangingisda ng tao." 18 Agad
nilang iniwan ang kanilang mga lambat at
sumunod sa kanya.

19 Nagpatuloy pa siya nang kaunti,
nakita naman niya ang magkapatid na
Jaime at Juan na mga anak ni Zebedeo;
nasa bangka sila at nagsusursi ng kani-
lang lambat. 20 Agad silang tinawag ni
Jesus. At iniwan nila sa bangka ang
kanilang amang si Zebedeo kasama ang
mga tauhan, at umalis silang kasunod
niya.

**Nagturo si Jesus at pinagaling ang inaalihan ng demonyo**

*(Lc 4:31; Mt 7:28)*

• 21 At pumunta sila sa Capernaum. At
nagturo siya sa sinagoga sa mga Araw ng
Pahinga. 22 Nagulat ang mga tao sa
kanyang pangangaral sapagkat nangaral
siya nang may kapangyarihan, hindi gaya
ng mga guro ng Batas.

• 23 May isang tao sa sinagoga na ina-
alihan ng isang maruming espiritu. 24 Su-
migaw ito: "Ano ang kailangan mo sa
akin, Jesus na taga-Nazaret? Para ipaha-
mak kami kaya ka dumating. Alam ko
kung sino ka: ang Banal ng Diyos."

---

*Maniwala sa magandang balita.* Dumating ang Diyos sa mga tao para magkabalikan sila. Hindi na mga batas pa ang dala ng Diyos kundi ipinakikiusap lamang niya na maniwala sa kanyang mga salita.

*Sumunod kayo sa akin* (b. 17). Tawag sa pagtatalaga ng sarili ang mga unang salita ni Jesus. *At sumunod sila sa kanya* (b. 18), o mabuhay na kasama niya at iwan ang kanilang mga pamilya at trabaho. At tulad ng mga guro sa relihiyon ng panahong iyon, tuturuan sila ni Jesus at ipinasasaulo sa kanila araw-araw ang mga aral na isasalin naman nila sa iba pa sa Iglesya.

*Simon, Andres, Jaime* at *Juan:* kilala na sila ni Jesus dahil nakita na niya sila sa mismong lugar na pinangangaralan ni Juan. Hindi sila mga istambay kundi mga responsableng trabahador tulad ng maraming kabataan ngayon na tunay na may kagandahang-loob para italaga nang buung-buo ang sarili sa isang dakilang gawain.

Hindi pa nila alam kung ano ang Kaharian ng Diyos ngunit nagtiwala na nga silang gagabayan sila ni Jesus. At ito para sa kanila ang simula ng pananampalataya.

"Malakas ang pananampalataya ko," sabi ng mga tao, "Naniniwala akong iingatan ako ng Diyos, at naniniwala akong magiging mabuti ang lahat."

Maganda, pero ganyan ding pananampalataya meron ang mga nasa alinmang relihiyon. Hindi ito *pananampalatayang-Kristiyano.*

Nagsisimula ang pananampalatayang-Kristiyano kung tototohanin natin ang tawag ni Jesus na "sumunod sa kanya", at babaguhin ang ating pamumuhay ayon sa kanyang pamamaraan.

• 21. Saanman pumunta si Jesus, kinakikitaan siya ng lakas at tiwala. Sa mga sinagoga siya nagsasalita sa simula ng kanyang pangangaral.

Ang *sinagoga* ang pinakabahay-dalanginan ng mga Judio. Doon sila nagtitipon tuwing Sabado (Araw ng Pahinga) sa pag-awit ng mga Salmo at pagbasa ng Biblia. Ang namamahala ang siyang nangangaral at nag-aanyaya sa iba na magbahagi. At sa ganitong pagkakataon nagpakilala si Jesus. Nagtuturo si Jesus hindi gaya ng mga guro ng Batas na inuulit lamang, ipinapaliwanag at binibigyang-opinyon ang sinabi ng iba. Nagsasalita si Jesus sa ganang sarili niya at nangungusap siya nang *may kapangyarihan.* "Talagang sinasabi ko sa inyo…"

• 23. Nangungusap nga si Jesus nang may kapangyarihan at sa ganito ring kapangyarihan siya *nagpapalayas ng mga demonyo.* May aral na napapaloob dito: ililiniligtas tayo ni Jesus mula sa impluwensya ng Demonyo, na nagsisikap sirain ang taong nilikhang kawangis ng Diyos.

Ang *panginoon ng mundong ito* (Jn 14:30) ay nasa lahat ng gawain at kultura ng tao para dayain ang mga layunin ng tao at gamitin ang anumang pag-unlad tungo sa panibagong pagkaalipin.

Sa panahon ni Jesus, ngunit mas bihira sa panahon ng Iglesya (na panahon natin), may mga taong sinasapian ng Demonyo. Isang klase ito ng pagkaalipin at karamdaman, at pinalaya ni Jesus ang marami sa mga taong ito. Ngunit hindi pisikal na pagsapi ang karaniwang kilos ng demonyo sa buhay ng tao. Gumagawa ang Demonyo (at mas mapanganib dahil hindi natin ito nararamdaman) sa buhay pangmoralidad ng tao. Binubulag niya tayo at nililito tungkol sa katotohanan sa pagpapanggap na *anghel ng liwanag* (2 Cor 11:14).

Hindi lamang ang Demonyo ang sanhi ng bawat kasalanan at kasamaang ginagawa ng tao. Nariyan din ang pagkamakasarili ng ating "laman" at ang gayuma ng mga huwad na pangako ng "daigdig". Ngunit hinding-hindi nagpapahinga ang Demonyo bilang kaaway ng paghahari ng Diyos. Lagi niyang pinagyayaman ang ating mga "tukso". Sa mga mas banal na tao na di madaling matukso nang deretsahan, panlilinlang naman ang ginagawa niya. Hinihikayat niya silang mas pahalagahan ang sarili nilang mga balak kaysa mga payo ng iba at sa aral ng Iglesya.

Nakakaharap natin araw-araw ang mga puwersang

25 Ngunit iniutos sa kanya ni Jesus:
"Tumahimik ka't lumabas sa kanya."
26 Matinding niyugyog ng espiritu ang
taong iyon at pagkasigaw nang malakas
ay saka lumabas.
27 Talagang takang-taka ang lahat at
nag-usap-usap sila: "Ano ito? Isang ba-
gong pagtuturo na may kapangyarihan!
Inuutusan niya kahit maruruming espiritu
at sinusunod nila siya." 28 At lumaganap
ang katanyagan niya saan man sa buong
lupain ng Galilea.

**Maraming pinagaling si Jesus**

*(Mt 8:14; Lc 4:38)*

• 29 Pagkaalis niya sa sinagoga, tumu-
loy si Jesus sa bahay nina Pedro at Andres,
kasama sina Jaime at Juan. 30 Doo'y na-
kahiga ang biyenan ni Pedro at may lag-
nat, at agad nila itong sinabi kay Jesus.
31 Kaya lumapit siya, hinawakan ito sa
kamay at ibinangon. Iniwan ng lagnat ang
babae at ito mismo ang naglingkod sa
kanila.
32 Pagkalubog ng araw, nang dumidilim
na, dinala nila kay Jesus ang lahat ng
maysakit o inaalihan ng masasamang
espiritu. 33 Nasa may pintuan nga ang bu-
ong bayan. 34 Maraming may iba't ibang
sakit ang pinagaling ni Jesus at maraming
demonyo ang kanyang pinalayas; ngunit
hindi niya sila pinahintulutang magsalita
sapagkat alam nila kung sino siya.

**Panggabing panalangin ni Jesus**

*(Lc 4:42)*

• 35 Kinabukasan, maaga siyang bu-
mangon at umalis. Pumunta siya sa isang
ilang na lugar at doon siya nanalangin.
36 Hinanap siya nina Pedro, 37 at pagka-
kita sa kanya ay kanilang sinabi: "Hina-
hanap ka ng lahat." 38 Ngunit sinabi niya sa
kanila: "Tayo na sa ibang lugar, sa maliliit na
karatig-nayon para makapangaral din ako
roon; dahil dito kaya nga ako lumabas."
39 At naglibot siyang nangangaral sa
kanilang mga sinagoga sa buong Galilea
at nagpapalayas ng mga demonyo.

**Pagpapagaling sa ketongin**

*(Mt 8:2; Lc 5:12)*

• 40 Lumapit sa kanya ang isang may-

---

umaalipin sa tao at salungat sa katotohanan. Pero hindi natin nakikita na iisang kamay lamang ang may hawak sa mga ito. Para bang gumagawa ng masama ang bawat isa sa ganang sarili niya samantalang sa katotohana'y nasa pagpapasya lamang ng isang tagapag-utos ang lahat: at ito ang Demonyo.

Kadalasa'y sinisikap ng Demonyo na huwag ipahalata ang kanyang presensya, at habang walang nagbubunyag sa kanya, wala tayong ibang nakikita kundi isang lipunang biktima ng sarili nitong kabulukan at mga kapighatian. Nababalita kung saan-saan na may kung anong pangkukulam daw o kademonyohan: na sa kabuua'y hindi naman gaanong nakaliligalig sa atin.

Sa totoo'y hindi natutulog ang kaaway. Inaabangan niya't binabantayan kung sino ang mga makapagpapahina sa kanyang kaharian, at sa simula pa lamang na lumitaw ang mga ito, agad na niyang ginigising laban sa kanila ang mga masama, mga mapurol ang diwa, mga loko at kahit na ang mga kamalasan. Kaya saanman magpunta si Jesus, lumilitaw din ang Masama. At sa Bahay-dalanginan ito mismo nagsisimula.

Mabigat ang dating ng unang paghaharap na ito. Sa totoo'y hindi ito ang kauna-unahan: tingnan ang Mc 1:12. Magkakaroon ng iba pa hanggang sa araw na mapagkaisahan ng buong lipunang Judio na iligpit ang anak ng Diyos.

• 29. Nahahayag ang simpleng pagtitiwala ni Pedro. Tumuloy sa bahay niya si Jesus at kasama niyang dumating ang kapayapaan at kalusugan. Itinuturo sa atin ni Jesus kung paano dadalawin ang mga maysakit. Anong bagay ang pinakanatural para sa sinumang galing sa misa? Puntahan at tingnan ang mga maysakit! Ang pagkalinga at pagmamahal sa ating mga kapatid na Kristiyano ang maghahatid sa kanila ng kabutihang loob ng Diyos.

• 35. Kilala na ng mga apostol ang Diyos mula pa sa kanilang pagkabata sa tinanggap nilang mga aral ng Biblia. Ngunit maaaring hindi pa nila nadidiskubre na nasa buhay nila mismo ang Diyos at nagdarasal sila sa kanya na parang nakikipag-usap sa isang di-kakilala. Mula nang sumama sila kay Jesus, agad nilang naunawaan na may kung anong di pangkaraniwan sa kanya. Lubos na nakatawag-pansin sa kanila ang pagiging malapit niya sa Diyos. Ang malapit at matapat na pakikiisa niya sa kanyang Ama ang pinakaesktraordinaryong bagay na napansin nila sa kanyang mga gawi at kilos.

Sa pamumuhay nila sa piling ni Jesus, lalo nilang hahangaring mas *makilala ang Ama,* na medyo gaya ng pagkakilala ni Jesus sa kanya (Lc 11:1; Jn 14:8; 15:15).

ketong at nakiusap sa kanya: "Kung gusto
mo, mapalilinis mo ako." 41 Nahabag si
Jesus sa kanya, iniunat ang kanyang
kamay, hinipo siya at sinabi: "Gusto ko,
luminis ka!" 42 Nang oras ding iyon, iniwan
ang lalaki ng kanyang ketong at luminis
siya.
43 Ngunit mahigpit siyang pinagbilinan
ni Jesus sa kanyang pag-alis, 44 sinabi
niya: "Mag-ingat ka, huwag mo itong sa-
bihin kaninuman, kundi pumunta ka sa
pari para masuri ka niya at maialay alang-
alang sa pagkalinis sa iyo ang handog na
iniutos ni Moises upang magkaroon sila
ng patunay."
45 Ngunit pagkaalis ng tao, sinimulan
niyang ipahayag ito kahit saan at ipa-
malita ang pangyayaring ito. Dahil dito,
hindi na lantarang makapasok sa bayan si
Jesus kundi nanatili siya sa labas, sa mga
ilang na lugar. Ngunit may dumarating pa
rin sa kanya na kung saan-saan galing.

**Pinagaling ni Jesus ang paralitiko sa kanyang kasalanan at karamdaman**

*(Mt 9:1; Lc 5:17)*

**2** • 1 Pagkaraan ng ilang araw, puma-
sok siya sa Capernaum. Nang ma-
balitang nasa bahay siya, 2 marami ang
nagtipon doon kaya wala nang lugar kahit
sa may pintuan. At ipinahayag niya ang
Salita. 3 May mga tao namang dumating at
dinala sa kanya ang isang paralitiko, na
buhat-buhat ng apat.

---

*LATAK NG LIPUNAN*

• 40. Umalis si Jesus sa Capernaum para ipahayag ang Magandang Balita sa mga pamilyang nag-iisa at binabale-wala. Matatagpuan niya ang *mga ketongin* sa kanyang paglilibot. Hindi lamang grabeng sakit ang ketong na nagdulot dati ng mga sugat at impeksiyon kundi itinuring na nakakahawa pa rin ito. Kaya sa labas ng bayan dapat tumira ang mga ketongin. At itinuturing din ng lahat na parusa ito ng Diyos kaya naman sinasabi ng relihiyon ng mga Judio na *di-malinis* ang mga *ketongin.*

Sa ginawa ni Jesus, gumagaling at lumilinis ang laman at balat ng ketongin. Isa itong tunay na himala na mas importante pa kaysa pagpapababa sa lagnat ng biyenan ni Pedro. Ngunit higit pa rito ang nagagawang makamit ni Jesus: nakakaahon na ang ketongin mula sa pagiging "latak" ng lipunan. Mula ngayon, magiging katulad na siya ng iba pang mga tao at hindi na nila siya iiwasan ni lalayuan pagkakita pa lamang sa kanya. Parehong kikilalanin ng Batas ng Diyos at ng mga tao ang kanyang dignidad.

Hindi mananatiling mga salita lamang ang Magandang Balita kundi naghahatid ito ng pagbabago: mula ngayon, wala nang magiging mga latak ng lipunan.

*Huwag itong sabihin kaninuman* (tingnan ang 5:43; 7:36; 8:26). Sa pamamagitan ng mga materyal na pagpapala, inaanyahahan tayo ni Jesus na hanapin ang tunay na kayamanan (tingnan ang paliwanag sa Mt 9:35). Ngunit mas pinahahalagahan ng mga tao ang mga kababalaghan kaysa pagtanggap sa Magandang Balita. Kaya inilalaan ni Jesus ang kanyang sarili para sa mga naghahanap sa Katotohanan. Nakikilala siya ng mga taong ito sa natatangi niyang klase ng pamumuhay at pagsasalita (Jn 4:48). At hindi nila masyadong pinapansin ang kanyang katanyagan at mga himala.

Ayaw ni Jesus na tawagin nila siyang *Anak ng Diyos* (1:24; 8:30) sapagkat maaaring bigyan ng iba't ibang interpretasyon ang mga salitang ito. At wala isa man sa kanyang mga kapanahon ang makapagbibigay ng tunay na kahulugan dito. Ipahahayag lamang ng mga apostol si Jesus bilang *Anak ng Diyos* matapos maipakita ng kanyang kamatayan at pagkabuhay kung ano ang kahulugan nito (8:9; 15:39).

• **2.**1 Sa himalang ito sa paralitikong pinatawad at pinagaling, tatlong sagot ang sabay na ibinibigay ni Jesus: sa taong may sakit, sa kanyang mga kaibigan at sa mga Pariseo.

*Nang makita niya ang kanilang pananalig.* Sila ang mga kaibigan ng paralitiko. Sila ang kumumbinsi sa kanilang kasamahan na kailangan niyang puntahan si Jesus. At ginantimpalaan ni Jesus ang kanilang pananalig.

Lumalabas na parang walang anumang ginawa ang paralitiko liban sa pagsang-ayon niyang magbiyahe. Kaagad-agad na sinasabi sa kanya ni Jesus: *Pinatawad na ang iyong mga kasalanan*. Kataka-takang pananalita! Paano mapatatawad ni Jesus ang mga kasalanan kung walang namamalayang pagkakamali ang tao, kayat hindi rin naman nagsisisi at naghihintay ng kapatawaran? Sa matagal na panahon ng kanyang pagkakasakit, tiyak na tinanong ng taong ito ang kanyang sarili kung bakit pinarurusahan siya ng Diyos (dahil naniniwala ang mga tao nang panahong iyon na parusa ng Diyos ang pagkakasakit).

Malamang na namamalayan din niya na may ilang kasalanan siya na kumokonsiyensya sa kanya. Kaya habang itinutulak siya ng kanyang mga kaibigan na maghanap ng lunas, maaaring pinapagdududa naman siya ng pangongonsiyensya niya na malayong magkaroon ng himala para sa kanya. Pero pagharap na pagharap pa lamang niya kay Jesus, tinitigan na siya nito at tiniyak na pinatawad na siya, na mas pinoproblema niya kaysa mismong sakit niya.

4 At nang hindi sila makalapit kay
Jesus dahil sa dami ng tao, inalis nila ang
mga tisa ng terasang nasa ibabaw ng
kinaroroonan ni Jesus at pagkabukas nila
nito, inihugos nila ang paralitiko na nasa
higaan.
5 Nang makita ni Jesus ang kanilang
pananalig, sinabi niya sa paralitiko:
"Anak! Pinatawad na ang iyong mga
kasalanan."
6 May ilang guro ng Batas naman na
nakaupo roon at inisip nila: 7 "Ano itong
sinasabi niya? Talagang iniinsulto niya
ang Diyos. Sino ba ang may kapangyari-
hang magpatawad ng mga kasalanan? Di
ba't ang Diyos lamang?"
8 At agad na nalaman ni Jesus sa kan-
yang espiritu na ganoon ang kanilang
mga niloloob na kaisipan. Kaya sinabi
niya sa kanila: "Ano ang mga kaisipan
ninyong ito? 9 Ano ba ang mas madaling
sabihin sa paralitiko: 'Pinatawad na ang
iyong mga kasalanan' o 'Tumayo ka,
kunin ang iyong higaan at lumakad'?
10 Dapat ninyong malaman na sa lupa ay
may kapangyarihan ang Anak ng Tao na
magpatawad ng kasalanan."
At sinabi niya sa paralitiko: 11 "Iniuutos
ko sa iyo: bumangon ka, dalhin mo ang
iyong higaan at umuwi." 12 At bumangon
nga ang tao, agad na kinuha ang higaan at
lumabas na nakikita ng lahat. Lubhang
namangha ang lahat at nagpuri sila sa
Diyos sa pagsasabing "Kailanma'y hindi
pa kami nakakakita ng ganito."

**"Dumating ako para tawagin ang mga makasalanan"**

*(Mt 9:9; Lc 5:27)*

• 13 Muli siyang pumunta sa tabing-
dagat at lumapit din sa kanya ang lahat.
Kaya nagturo siya sa kanila.
14 Nakita naman niya sa paglalakad si
Levi na anak ni Alfeo, na nakaupo sa

---

Sa mga Pariseo naman ang ikatlong sagot. Nang patawarin ni Jesus ang paralitiko, hindi nakita ng mga karaniwang tao kung gaano kaeskandaloso ang kanyang pananalita. Wala silang sapat na pormasyong panrelihiyon para agad na malaman na ang Diyos lamang ang makapagpapatawad. At ang mga Pariseo at mga guro ng Batas ang naeeskandalo. Makatwiran ang pagngingitngit nila dahil hindi pa nila naiintindihan ni ng iba ni ng mga alagad ni Jesus na si Jesus ang tunay na Anak ng Diyos. Pinatatahimik naman sila ni Jesus: "Kung nakapaghahatid ako ng kalusugan gaya ng Diyos, bakit hindi ako makapagpapatawad gaya ng Diyos?"

Nililigalig ni Jesus ang mga nagtatanong sa sarili kung sino siya. O mas maliwanag na ipinakikita niya na siya lamang ang makapagpapagaling sa buong pagkatao, katawan at kaluluwa.

*KAPATAWARAN NG MGA KASALANAN*

Nagpapatawad ng mga kasalanan si Jesus.

Huwag nating ipagkamali ang mga panlabas na pagkakamali na hindi naman laging kasalanan sa tunay na kasalanang nasa masasamang intensyon. Laging nauuwi ang kasalanan sa pagtataksil natin sa ating mga komitment o pagbale-wala sa pagtawag ng Diyos at sa ating konsiyensiya. Kaya naman hindi nabibili ng mga pagpepenitensya o mga gawaing relihiyoso ang kapatawaran ng mga kasalanan. Ang importante ay pagbabalik sa Diyos nang may kapakumbabaan na nananalig sa kanyang awa.

Mapalad ang taong ito na binigyang-katiyakan ng titig at mga salita ni Jesus na pinatawad na siya! Ang Diyos ang nabubuhay at nagmamahal at kailangang makatagpo natin siya para maging totoo ang kapatawaran – ang pagtatagpo ng ating mga mata sa kanyang mga mata. Dahil dito kaya kinailangang maging tao ang Diyos – nagpapatawad ng mga kasalanan si Jesus dahil siya ay *anak ng tao* (Jn 5:27) at mula sa kanya natin tinatanggap ang kapatawaran ng Diyos at ng tao sa loob ng pamayanang Kristiyano.

*MGA PUBLIKANO; MGA GURO NG BATAS*

• 13. Para makapasok sa pamilya ng Diyos, kailangan tayong gumamit ng ilang pamamaraan na maaari ngang mahirap pero madali naman nating maabot. Hindi halatang-halata ang pagbabagong ito, hindi gaya ng lantarang pakikilahok sa mga debosyon pero mas mahalaga. Una, dapat nating palayain ang ating sarili sa negatibong pala-palagay na nag-uuri sa mga tao. Tigilan na natin ang paghahati-hati ng mga tao sa mabuti o masama, sa puwede nating batiin o hindi, sa dapat nating mahalin at tulungan o hindi. Alamin natin na hindi namumuhi ang Diyos sa mayayaman o sa mga walang pinag-aralan, o sa mga nasa kanan o nasa kaliwa. Sapagkat ang kaligtasan ng lahat ang tinitingnan ng maawaing plano ng Diyos.

Nagsasalita ang Ebanghelyo tungkol sa mga *publikano* o *maniningil ng buwis* na naninilbihan sa kapangyarihang banyaga. Nasa ilalim noon ng Imperyo ng Roma ang bansa ni Jesus at ang mga maniningil ng buwis nama'y mga Judiong nagtatrabaho para sa mga dayuhan.

singilan ng buwis at sinabi niya rito: "Sumunod ka sa akin." At tumayo ito at sinundan siya.

15 Sa pagdulog ni Jesus sa hapag sa bahay nito, maraming tagasingil ng buwis at iba pang makasalanan ang nakisalo kay Jesus at sa kanyang mga alagad.
Talaga ngang marami sila. 16 Ngunit may mga guro ng Batas namang sumusunod sa kanya. Nang makita nila na nasa hapag siya kasama ng mga makasalanan at maniningil ng buwis, sinabi nila sa kanyang mga alagad: "Ano! kumakain siyang kasama ng mga makasalanan at maniningil ng buwis?"

17 Nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya sa kanila: "Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng doktor kundi ang mga maysakit! Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanan."

**Bagong alak sa bagong sisidlan**
*(Mt 9:14; Lc 5:33)*

• 18 At minsa'y nag-aayuno ang mga alagad ni Juan at ang mga Pariseo. Kaya may lumapit sa kanya at nagtanong: "May araw ng ayuno ang mga alagad ni Juan at ang mga alagad ng mga Pariseo, at wala ba namang pag-aayuno ang iyong mga alagad?"

19 Sinagot sila ni Jesus: "Puwede bang mag-ayuno ang mga abay sa kasalan kapag kasama pa nila ang nobyo?
20 Darating ang panahon na kukunin sa kanila ang nobyo; sa araw na iyon sila mag-aayuno.

21 Walang nagtatagpi ng piraso ng bagong tela sa lumang damit. Kung gagawin mo ito, hihilahin ng tagpi ang damit, ng bago ang luma at lalo pang lalaki ang punit.
22 At hindi ka rin naman maglalagay ng bagong alak sa mga lumang sisidlan. Kung gagawin mo ito, papuputukin ng alak ang mga sisidlan at masisira ang alak pati na ang mga sisidlan. Sa bagong sisidlan ang bagong alak!"

*(Mt 12:1; Lc 6:1)*

• 23 Naglakad si Jesus sa mga taniman ng trigo minsang Araw ng Pahinga. At habang naglalakad ang kanyang mga alagad, sinimulan nilang alisin sa uhay ang mga butil, at kinain iyon.
24 At sinabi kay

---

Traydor ang tingin sa kanila ng mga makabayan, alam naman ng mga tao na pinupuno nila ang kanilang mga bulsa; maging ang mga pulubi ay ayaw tumanggap ng limos mula sa mga publikano. Ngunit hindi nga sila pinuri ni Jesus ni kinondena pero pumili siya ng isa sa kanila, si Levi–Mateo, na maging isa sa kanyang mga apostol na tunay na makabayan ang karamihan.

Para namang mga katekista o mga titser sa relihiyon ang *mga guro ng Batas*. Sila ang mga dalubhasa sa relihiyon at hinahangaan nila ang aral ni Jesus pero hindi nila itinuturing na mga kapatid ang mga publikano at iba pang *mga makasalanan* (na ibig sabihi'y mga taong hindi tumutupad sa mga alituntunin ng relihiyon).

Isa pa sigurong pangalan ni apostol Mateo ang *Levi* (Mt 9:9).

• 18. Maraming taong relihiyoso ang nakikiisa kay Jesus. Ganoon na lamang sana ang kagustuhan nilang muli niyang papag-alabin ang pananampalataya ng kanilang bansa! Ngunit hindi naramdaman ni Jesus na pangunahin niyang gawain ang muling pag-oorganisa sa pagsamba at pagpaparami ng mga debosyon.

• 23. *Nag-aayuno ang mga Pariseo.* Isang tanda ng pagpapakasakit at pagsisisi ang pag-aayuno. Sinusuportahan nito ang mga pagsamo sa Diyos na dumating na siya at palayain ang kanyang bayan. Ngunit dumarating nga mismo ang Diyos kay Jesus: mas bagay ang kagalakan at pagdiriwang kaysa pag-aayuno.

Ipinahayag ng mga propeta ang *pakikipagkasalan ng Diyos* sa kanyang bayan pag dating niya para dalawin tayo (Is 62:4-5). Kaya sa pagpapakilala niya bilang *nobyo* sa pagkakataong ito, sinasabi ni Jesus kung sino siyang talaga.

Ano naman ang *bagong alak*? Ito siyempre ang Ebanghelyo at ang "pagkalasing" sa Espiritu Santo na naghahatid sa mga alagad sa lahat ng klase ng kahibangan para maipaliwanag ang pagmamahal ng Ama at ang kalayaang kanilang nakamit. Para maintindihan ito, basahin natin ang *Mga Gawa ng Mga Apostol* at ang buhay ng mga santo, ng mga tunay na santo siyempre, at hindi mga santong huwad na "mukhang-Biyernes-Santo."

*Mga lumang sisidlan:* Ang mga bulag na nagtatanggol sa mga gawi ng kanilang mga ninuno, ang mga takot sa makabagong daigdig, ang mga di nangangahas alamin ang mga sanhi kung bakit napapasama ang mga bagay sa takot na baka magkaroon ng

Jesus ng mga Pariseo: "Tingnan mo ang ginagawa nila sa Araw ng Pahinga. Hindi ito ipinahihintulot."

25 Ngunit sumagot si Jesus: "Hindi ba ninyo nabasa kailanman ang ginawa ni David nang nangangailangan siya at nagugutom – siya at ang kanyang mga kasama? 26 Pumasok siya sa bahay ng Diyos nang si Abiatar ang Punong-pari, at kinain ang tinapay na inihain para sa Diyos gayong bawal ito kaninuman liban sa mga pari, at binigyan pa niya pati na ang kanyang mga kasama." 27 At sinabi pa sa kanila ni Jesus: "Dahil sa tao kaya ginawa ang Araw ng Pahinga ngunit hindi ang tao dahil sa Araw ng Pahinga. 28 Kung gayon, ang Anak ng Tao ang Panginoon kahit na ng Araw ng Pahinga."

**Pagpapagaling sa taong di maigalaw ang kamay**

*(Lc 6:6; Mt 12:9; Lc 14:1)*

**3** • 1 Muling pumasok si Jesus sa sinagoga, at naroon ang isang lalaki na hindi maigalaw ang kamay, 2 at may gusto ring magsumbong tungkol kay Jesus. At minasdan siyang mabuti ng ilan kung pagagalingin niya iyon sa Araw ng Pahinga upang may maiakusa sila sa kanya.

3 At sinabi naman niya sa taong hindi maigalaw ang kamay: "Tumindig ka sa gitna." 4 At saka niya sila tinanong: "Ano ang ipinahihintulot sa Araw ng Pahinga, gumawa ng mabuti o gumawa ng masama, magligtas ng buhay o pumatay?" At di sila umimik.

5 Kaya galit niyang tiningnan silang lahat at lubhang nalulungkot sa katigasan ng kanilang puso, at sinabi sa lalaki: "Iunat mo ang iyong kamay." Iniunat nga ng tao ang kamay at gumaling ito.

6 Pagkalabas ng mga Pariseo, nakipagtipon sila sa mga kakampi ni Herodes para masiraan nila siya.

*(Mt 12:15; Lc 6:17)*

7 Kaya lumayo si Jesus na kasama ang kanyang mga alagad papunta sa dagat. Maraming taga-Galilea ang sumunod sa kanya.

---

masyadong pagbabago, ang mga walang kakayahang magkaroon ng mga bagong idea.

Karaniwan lamang na pumitas ng prutas o trigo ang mga nagdaraan kapag nagugutom. Ngunit naeskandalo ang mga Pariseo dahil ginawa ito ng mga alagad ni Jesus sa Araw ng Pahinga, sa araw na bawal ang anumang paggawa.

*Dahil sa tao kaya ginawa ang Araw ng Pahinga.* Walang anumang batas, gaano man kasagrado, ang maitatadhana sa paraang ang tao naman ang masisiil.

*Ang Anak ng Tao ang Panginoon kahit na ng Araw ng Pahinga.* Para sa mga Judio, ang pagtupad sa Araw ng Pahinga ang haligi ng kaayusang itinatag ng Diyos. Sino ba si Jesus sa palagay niya?

*ANG PAGSULONG NG TAO AT ANG ARAW NG PAHINGA*

• **3.1** May ilang nagtatanong kung interesado ba si Jesus sa pangmateryal na pagsulong (kapakanan) ng mga tao o sa kanilang espirituwal na pag-unlad lamang. Ang totoo'y imposibleng paghiwalayin ang isa't isa.

Walang anumang planong iniwan si Jesus para pabutihin ang ekonomiya, sistema ng edukasyon o ang organisasyon ng lipunan pero sa bagay na ito, gaya ng marami pang iba, inaatake niya ang mga negatibong palagay na humahadlang sa atin para maiangat ang ating mga kapatid. Mahalaga ito sa kanya at mas mainam na paraan ng pagpapalaya sa tao kaysa mga panlabas na pagbabago na hindi naman tinatanggap ng mga tao.

Nasa kamay nga ng mga tao ang kakayahan at mga kailangang paraan para pabutihin ang kanilang kalagayan pero mali ang paggamit nila sa mga ito dahil nananatili silang bilanggo ng mga simulain o mga institusyong itinuturing na sagrado; at bilang pagrespeto sa mga ito, tahimik nilang tinatanggap na mamatay ang kalahati ng mundo.

Ipinagbabawal ng batas-Judio ang lahat ng paggawa sa *Sabbat (Araw ng Pahinga)* dahil iyon ang araw na nakabukod at nakatalaga para sa loob ng sanlinggo. Pero labis na binigyang-diin ng mga Judio ang batas na ito sa lalong pagdami ng mga pagbabawal sa mga sali't salinlahi, hanggang sa ipagbawal nila sa araw na ito maging ang pagsisindi ng apoy o maglakad nang higit sa 1,000 hakbang o mamitas ng trigo o ihanap ng lunas ang isang maysakit.

*Tiningnan niya sila na nagagalit at nalulungkot.* Dahil gusto ng Diyos na magbigay-buhay. At nagkaisa naman laban kay Jesus ang mga Pariseo at ang mga kakampi ni Herodes kahit na magkaaway sila at kabilang sa magkalabang partido, sapagkat hindi makabubuti para sa kanila ang ginagawang paggising ni Jesus sa mga tao mula sa kanilang pagsasawalang-kibo.

Mayroon din namang mga taong galing
sa Judea [8] at Jerusalem, at sa Idumea at
sa kabilang ibayo ng Jordan, at sa Tiro at
Sidon. Maraming-marami ang nagpunta
sa kanya nang mabalitaan nila ang lahat
niyang ginagawa.
[9] Kaya tinagubilinan niya ang kanyang
mga alagad na ihanda ang isang bangka
para sa kanya dahil maraming tao, at
baka nila siya maipit. [10] Marami na siyang
pinagaling kaya pilit siyang inaabot ng
lahat ng may karamdaman para mahipo
siya. [11] Pagkakita sa kanya ng mga sina-
saniban ng maruruming espiritu, nagpa-
patirapa sila sa kanyang paanan at pasi-
gaw nilang sinasabi: "Ikaw ang Anak ng
Diyos." [12] Ngunit tinagubilinan niya silang
huwag siyang ibunyag.

**Ang Labindalawang apostol ni Jesus**

*(Mt 10:1; Lc 6:12)*

• [13] At umakyat si Jesus sa burol at
tinawag ang mga gusto niya. At lumapit
sila sa kanya.
[14] Sa gayon niya hinirang ang Labin-
dalawa (na tinawag din niyang Mga Apos-
tol) upang makasama niya at maipadala
sila para mangaral [15] at magkaroon ng
kapangyarihan para palayasin ang mga
demonyo.
[16] Kaya itinalaga niya ang Labindalawa
at tinawag na Pedro si Simon, [17] at si
Jaime na anak ni Zebedeo, at ang kapatid
nitong si Juan, at tinawag niya silang Boa-
nerges, na ang ibig sabihi'y "Sina-Parang-
Kulog"; [18] at saka si Andres, at si Felipe, si
Bartolome, si Mateo, si Tomas, si Jaimeng
anak ni Alfeo, at si Tadeo, [19] si Simong
Kananeo, at si Judas Iskariote na magka-
kanulo sa kanya.

**Kasalanan laban sa Espiritu Santo**

*(Mt 12:24; Lc 11:15; Mt 9:34)*

• [20] Pagkauwi ni Jesus, nagsidating ang
mga tao kayat hindi na sila nakakain.
[21] Nang mabalitaan ito ng kanyang mga
kamag-anak, lumabas sila para hulihin
siya. Sinasabi nga nilang "Nababaliw siya."

---

*ANG LABINDALAWA*

• 13. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 10:1. Sa isang dako ay ang di mabilang na mga naghihirap na naghahanap ng ginhawa, at sa kabila nama'y ang grupo ng *Labindalawa* na tinatawag ni Jesus na kasama niyang maging mga tagapaglingkod ng Kaharian ng Diyos.

Ano ang alam natin sa labindalawang ito na magiging mga tagapagbalita ni Jesus, mga haligi ng Iglesya, mga guro ng pananampalataya? Mga mangingisda ang nasa sentro ng grupo at kasama nila ang isang maniningil ng buwis, si Mateo; ang isang guro ng Batas, si Bartolome; at iba pa na ang tanging alam nati'y pinili sila ni Jesus mula sa mga taumbayan.

Dumating siya para iligtas ang lahat pero sa mga dukha magsisimula ang kanyang gawain. Hindi naman sa mas tinangkilik ni Jesus ang mga dukha kaysa mayayaman ngunit gaya ng sinumang tao, kailangan niyang ilagay ang kanyang sarili sa isang kapaligiran at grupong panlipunan.

Bilang anak ng karpintero, lumaki siya sa piling ng karaniwan at hamak na mga tao. At isa pa'y gumawa si Jesus ng isang mahalagang desisyon nang labingwalo o dalawampung taon siya: pinili niya na manatiling manggagawa kaysa pumasok sa paaralan ng mga guro ng Batas. Sapagkat bukas para sa lahat ang ganitong mga paaralang panrelihiyon.

Maaari sanang sinimulan ni Jesus ang kanyang pangangaral taglay ang titulo ng isang guro at tiyak na makakatagpo siya ng kanyang mga katulong sa mga tapat na mga guro ng Batas o sa mga pari o mga Pariseong may mabuting kalooban. Pero hindi, mas ginusto niyang turuan ang sarili sa pagtatrabaho sa kanyang mga kamay nang walang ibang pag-aaral sa relihiyon kundi ang mga pambibliang pagtitipon sa sinagoga, nang walang ibang libro kundi ang aklat ng buhay. Kaya pagdating ng panahon, sa mga karaniwang tao niya matatagpuan ang kanyang mga apostol, mga lalaking simple pero responsable.

Pinakikinggan natin si Jesus pero hindi pa rin tayo makakilos dahil mga duwag tayo. Takot tayo sa maaaring sabihin sa atin kung gagawin natin ang ganito o gayong bagay. At hindi nga mawawalan ng mga pintas kapag pinangatawanan ninuman ang tawag ni Jesus. Ganito rin ang nangyari sa mga apostol. Ano ba ang kanilang napasukan?

• 20. *Nababaliw siya.* Ganito ang akala sa mga apostol ng marami sa kanilang mga kasamahan, at ganito rin ang inisip ng mga kamag-anak ni Jesus tungkol sa kanya. Maaaring kinumbinsi ng mga kapatid niyang ito o mga kamag-anak (Mc 3:31) na samahan sila ni Maria sa kanya sa pag-aakalang tutulungan niya sila sa paghikayat sa kanyang anak.

*Sumasakanya si Beelzebul.* Higit sa mga pagpapagaling, ang pagpapalayas sa mga demonyo (eksorsismo) ang nakaligalig sa mga Pariseo at *mga guro ng*

22 May dumating namang mga guro ng
Batas na galing sa Jerusalem, at sinabi
nila: "Sumasakanya si Beelzebul at sa
tulong ng pinuno ng mga demonyo siya
nagpapalayas sa mga ito."

23 Tinawag sila ni Jesus at nagsalita sa
talinhaga: "Puwede bang Satanas ang
magpalayas sa Satanas? 24 Kung may
pagkakahati-hati ang isang kaharian,
hindi na makatatayo ang kahariang iyon.
25 At kung may sambahayang nagkaka-
hati-hati, hindi na makatatayo ang sam-
bahayang iyon. 26 At kung si Satanas ang
lumalaban sa kanyang sarili at nagkaka-
hati-hati, hindi na siya makatatayo kundi
malapit na ang wakas niya. 27 Walang ma-
kapapasok sa bahay ni Malakas at maka-
aagaw sa lahat niyang mga gamit kung
hindi muna itatali si Malakas. Saka la-
mang niya maaagaw ang lahat ng ari-
arian nito.

28 Sinasabi ko sa inyo: patatawarin ang
mga anak ng tao sa lahat – sa kanilang
mga kasalanan at pati sa kanilang mga
paglait sa Diyos kahit na marami man ang
mga paglait nila sa Diyos. 29 Ngunit kung
may magsalita laban sa Espiritu Santo,
kailanma'y di siya mapapatawad; kasa-
lanang walang hanggan ang nasa kanya."
30 Ang pagsasabi nilang may masamang
espiritu siya ang tinutukoy ni Jesus.

**Ang tunay na pamilya ni Jesus**

*(Mt 12:46; Lc 8:19)*

• 31 Dumating naman ang kanyang ina
at ang kanyang mga kapatid; nakatayo
sila sa labas at ipinatawag siya. 32 Naka-
upo si Jesus at napapaligiran ng mga tao

---

*Batas.* Sila ang mga may kapangyarihan pagdating sa mga bagay na may kinalaman sa relihiyon, at naglakbay sila mula Jerusalem para makita nang malapitan si Jesus.

Buhos na buhos ang mga Judio sa panahon ni Jesus sa paniniwala sa mga demonyo. Nakikita nila ang mga ito sa lahat ng dako at kadalasa'y itinuturing nilang sinasapian ng demonyo ang mga maysakit. Hindi pinoproblema ni Jesus kung alin ang pagsapi ng demonyo at alin ang karamdaman: sa totoo'y nasa likod ng lahat ng paghihirap ng tao ang demonyo.

*Beelzebul,* pangalan ito ng isang antigong diyus-diyusan at isa ito sa mga pangalang ginagamit ng mga Judio para sa demonyo.

*Makapapasok sa bahay ni Malakas.* Ang demonyo si Malakas, at ang taong sinasapian ang kanyang bahay. At pag-alis ng kanyang biktima mula sa kanyang kapangyarihan ang "pagsaid sa kanyang ari-arian".

*Patatawarin pati sa kanilang mga paglait sa Diyos,* at idinadagdag naman ni Mateo: "At kung may magsalita laban sa Anak ng Tao, mapapatawad siya" (Mateo 12:32).

Payag si Jesus na tuligsain ng mga hindi nakakaintindi sa kanya. Maraming Judio na may mabuting kalooban ang hindi nakakaunawa kay Jesus at nae-eskandalo sa hindi nila nauunawaan. Mapapatawad ito pero ibang usapan na ang tawaging masama ang lantarang mabuti.

Ang *paglait* (o paglapastangan) sa Espiritu Santo ay pagpapasamasamang-espiritu sa isang gawang kitang-kita nang mabuti. Nagkakasala sa Espiritu Santo ang mga tahasang nagpapalitaw na dahil sa masasamang intensyon ang mabuting gawa ng iba o ng Iglesya, o ng mga nasa ibang partido.

Nasa mas mabuti pang sitwasyon ang kumikilala sa katotohanan at hindi sa Diyos kaysa nagsasabi ngang naniniwala siya sa Diyos pero hindi naman kumikilala sa katotohanan.

Tungkol sa pagpapalayas sa mga demonyo, may isang kongklusyon namang inilalahad si Jesus: *Dumating na sa inyo ang Kaharian ng Diyos.* Sa totoo'y sa araw-araw napagwawagian ang tagumpay laban kay Satanas. Kailangan ngang ipakita ng mga miyembro ng Iglesya na kung nasaan sila, unti-unting nawawala ang paghahari ng Masama at nababawasan ang mga negatibong palagay, kasamaan, kawalang-katarungan at pagkaalipin.

*MGA KAPATID NI JESUS*

• 31. Nawalan ng mga kamag-anak si Jesus pero nakatagpo naman siya ng mga tunay na kapatid. Sa pagtatalaga natin ng ating sarili sa gawa ng Diyos, may nakakatagpo tayong mga bagong kapatid at isang ina, si Maria na siyang tinutukoy ng Ebanghelyo sa pagsasabing "Mapalad ka na naniniwalang matutupad ang mga pangako ng Diyos." Hindi naman sinasabi ni Jesus, "Siya ang aking Ama," dahil iisa lamang ang Ama at siya ay nasa langit.

Hindi kailanman nag-alinlangan ang Iglesya na birhen si Maria at si Jesus ang kaisa-isahan niyang anak gaya ng pagiging Bugtong na Anak nito ng Ama (tingnan ang paliwanag sa Lc 1:26). Bakit naman sinasabi rito ang *kanyang mga kapatid?*

Una, *kapatid* ang tawag sa sinumang kamag-anak sa wikang Hebreo (tingnan Gen 14:14). Tingnan ang Juan 19:25 na may binabanggit na Maria na kapatid ni Mariang ina ni Jesus. Kung talaga ngang magkapatid sila, hindi sila magkakaroon ng parehong pangalan. Ang Mariang ito ang ina nina Jaime at Josef (Mc 15:47; Mt 27:56) na tinatawag namang *mga kapatid ni Jesus* (Mc 6:3).

nang may magsabi sa kanya: "Nasa labas
ang iyong ina at mga kapatid; hinahanap
ka nila." 33 At sinabi ni Jesus sa kanila:
"Sino ang aking ina at mga kapatid?"
34 At pagtingin niya sa mga nakaupo sa
paligid niya ay kanyang sinabi: "Narito
ang aking ina at mga kapatid. 35 Kapatid
kong lalaki at kapatid na babae at ina rin
ang sumusunod sa kalooban ng Diyos."

**Lumabas ang manghahasik para maghasik**
*(Mt 13:1; Lc 8:4)*

4 • 1 Muli siyang nagsimulang mag-
turo sa tabing-dagat at marami ang
nagkatipon sa kanya. Kaya sumakay siya
sa bangka at naupo. Nasa dagat siya at
nasa tabing-dagat naman ang lahat. 2 At
marami siyang itinuro sa kanila sa tulong
ng mga talinhaga. Sinabi niya sa kanila sa
kanyang pagtuturo:

3 "Makinig kayo! Lumabas ang mang-
hahasik para maghasik. 4 Sa kanyang
paghahasik, may butong nahulog sa tabi
ng daan. Dumating ang mga ibon at ki-
nain ang mga iyon. 5 Nahulog naman ang
ibang buto sa batuhan at mababaw ang
lupa roon. Madaling tumubo ang mga
buto dahil hindi malalim ang lupa. 6 Ngunit
pagsikat ng araw, nasunog ito sa init at
sapagkat walang ugat, natuyo ito. 7 Na-
hulog ang iba pang buto sa mga tinikan.
At nang lumago ang mga tinik, sinikil ng
mga ito ang halaman at hindi namunga.
8 Nahulog naman ang iba sa matabang
lupa at namunga sa paglaki at paglago.

---

Para maiwasan ang pagkalito, gumagamit ang mga Judio ng mas malinaw na mga salita. Kung talagang mga tunay na kapatid na mga anak ni Maria ang gustong tukuyin dito, ganito sana ang sasabihin ng Ebanghelyo sa pagbanggit sa kanila kasama ni Maria: "Nasa labas ang iyong ina at ang mga anak ng iyong ina." Ito lamang ang tanging tamang paraan para maipahayag ito sa panahong iyon.

At alalahanin din natin na sa simula ng Iglesya, sa panahon ng pagsulat sa mga Ebanghelyo, may isang grupong malaki ang impluwensiya na binubuo ng mga kamag-anak ni Jesus at mga kababayan niyang taga-Nazaret. Tinatawag silang "Mga Kapatid ng Panginoon" at isa sa kanila si Jaime na naging obispo ng pamayanan sa Jerusalem. Walang sinasabi ang Ebanghelyo tungkol sa grupong ito liban sa paglalahad na huli silang naniwala kay Jesus kahit na nga maraming taong nabuhay si Jesus sa piling nila (Mc 3:21; Jn 7:3-5). Ngunit kapag sila o isa sa kanila ang tinutukoy ng Ebanghelyo, tinatawag sila sa pangalang ibinigay sa kanila ng pamayanang Kristiyano: "mga kapatid ng Panginoon" o "si kuwang kapatid ni Jesus".

• **4.**1 Tingnan ang paliwanag sa Mateo 13:1 at Lucas 8:9.

Sino ba si Jesus? Pagkatapos makaakit ng napakaraming tao sa kanya, ano ngayon ang gagawin niya sa kanila? Hindi magiging lider ng isang kilusang rebolusyonaryo si Jesus o tagapagtatag kaya ng bagong relihiyon. Siya ang magiging *Tagapaghasik* ng kaharian ng Diyos.

Nangunguna ang talinhaga ng manghahasik sa iba pang nasa Ebanghelyo. Dito sinasabi ni Jesus kung para saan siya dumating: para ipahayag at simulan ang isang ganap na pagbabago sa kasaysayan ng daigdig: Nasa atin na nga ang Kaharian ng Diyos.

Pinag-uusapan ng mga Judio ang *Kaharian ng Diyos* tulad ng pag-uusap natin sa mundo ng katarungan at kapayapaan. Nang makita nila na nasa napakaselang panahon ang kanilang bansa, lalong tumibay ang paniwala ng mga Judio noong panahon ni Jesus na darating ang kahariang ito ng Diyos bilang isang marahas na rebolusyon o kaya'y kagila-gilalas na pagkilos ng Diyos para puksain ang mga maniniil at parusahan ang lahat ng mapagsamantala.

Totoo ngang darating ang mundo ng katarungan at kapayapaan. Nasa piling na nga natin ito mula pa nang dumating si Kristo pero pagkaraan ng dalawampung dantaon, hanggang sa pagkakahasik pa rin lamang ito.

May nabubuhay nang mahiwaga sa kaibuturan ng sangkatauhan, may isinasalin, may tumutubo hanggang mawasak ng binhi ang matigas na lupa.

Mabisa at mabunga ang Salita. Ang kaharian ng Diyos ay binubuo ng maraming bagay na sumibol mula sa mga aral ni Kristo, halimbawa'y ang buhay ng mga santo, ang katesismong itinuro sa atin ng Iglesya. Naaalaala rin natin ang maraming institusyong Kristiyano ng nagdaang panahon, na bunga ng pananampalataya at madaling batikusin ngayon ngunit nakatulong naman ang mga ito para sa isang daigdig na mas mabuti. Sa Ebanghelyo rin nagmumula ang diwa ng pagkakaisa, katarungan at kapayapaan na yumayanig sa mundo. Dito rin nagmumula ang ating pagtitiwala na hindi tayo ganap na nakasandal sa kalikasan, na hindi tayo mga taong nasa ilalim ng bulag na kapalaran kundi mga taong tinawag na itayo ang ating buhay sa pagpapala ng Diyos. Gayundin naman sa pamamagitan ng Ebanghelyo naiintindihan ang sarili nating dangal at tinitiyak sa atin na may kabuluhan ang kasaysayan at dapat nating mapagtagumpayan ang anumang hadlang tungo sa pagkakapatiran ng lahat.

Nagsimula ang lahat ng ito sa mga salita ni Jesus pero kailangang "mahinog" ang mga ito sa puso ng mabubuting tao. Kaya binibigyang-diin ni Jesus kung paano patutuluyin ng mga tao ang Salita ng Diyos sa buhay nila.

May nagbunga ng tatlumpu, animnapu
ang iba at sandaan ang iba pa."
9 At idinagdag ni Jesus: "Makinig ang
may tainga!"
10 Nang wala na ang mga tao, tinanong
siya ng mga nakapalibot sa kanya, na
kasama ng Labindalawa tungkol sa mga
talinhaga: "Bakit sa pamamagitan ng mga
talinhaga ka nagsasalita sa kanila?"

• 11 At sinabi sa kanila ni Jesus: "Sa
inyo ipinagkakaloob ang lihim ng kaha-
rian ng Langit ngunit sa mga iyon na nasa
labas, ang lahat ay sumasapit gaya ng
talinhaga. 12 *Kaya tumitingin sila pero di
nakakakita; nakaririnig pero di nakau-
unawa; kung hindi'y magbabalik-loob
sila at patatawarin."*

• 13 At sinabi ni Jesus sa kanila: "Hindi
ninyo nauunawaan ang talinhagang ito,
kayat paano ninyo mauunawaan ang iba
pa?
14 Ang Salita ang inihahasik ng mang-
hahasik. 15 Ang mga nasa tabi ng daan ay
ang mga nahasikan ng Salita, na pagkari-
nig nila sa Salita ay agad na dumating ang
Masama at inagaw ang nahasik sa kanila.

16 Gayundin ang nahasik sa batuhan.
Pagkarinig nila sa Salita, kaagad nila itong
tinanggap nang buong kasiyahan. 17 Ngu-
nit hindi ito nag-ugat sa kanilang kaloo-
ban at panandalian lamang. Kapag nag-
karoon ng pagsubok at pag-uusig dahil sa
Salita, agad-agad silang natitisod.

18 May iba pang nahasik sa mga tinikan.
Ang mga ito ang nakarinig sa Salita.
19 Ngunit pinapasok ang mga ito ng mga
makamundong kabalisahan, ng panda-
raya ng kayamanan at ng iba pang mga
pagnanasa. Sinikil ng mga ito ang Salita
at hindi na nakapagbunga.

20 Ang mga buto namang nahasik sa
matabang lupa ay ang mga nakarinig sa
Salita at isinasagawa ito. At nagbubunga
sila ng sandaan, animnapu o tatlumpu."

---

• 11. May *hiwaga* tungkol sa Kaharian ng Diyos. Marami ang hindi nakakaunawa kung paano pinamamahalaan ng Diyos ang ating buhay at mga pangyayari sa daigdig. Ngunit matapos maibigay sa lahat ang talinhaga, tuturuan naman ni Jesus ang kanyang mga alagad sa pamamagitan ng paggawa at mga karanasan ng pangkaraniwang buhay-apostol nila at ibubunyag sa kanila kung paano "tumutubo" ang Kaharian sa pamamagitan ng Krus.

Para sa *mga nasa labas* (1 Cor 5:12) na hindi kaisa sa pananampalataya at buhay ng pamayanang Kristiyano, nananatiling isang koleksyon lamang ng magagandang kuwento ang Ebanghelyo.

*Ang lahat ay sumasapit gaya ng talinhaga.* Ang mga nasa labas ay nabubuhay sa daigdig ng mga katotohanang di-ganap at buo. Hindi nila nakikita na ang mga katotohanang ito'y nababatay sa iba pang katotohanan. At dahil hindi nila kilala ang kanilang mga sarili, hindi rin nila makita nang malinaw ang mga pamamaraan ng Diyos. Sa litong daigdig na ito na kanilang ginagalawan, sa paggamit lamang ng mga natatagong katotohanan at nakalilitong mga aksyon (Is 29:14) sila matuturuan ng Diyos. Pagkarinig nila sa mga talinhaga ni Jesus, may makukuha silang tilamsik ng katotohanan sa mga ito na makatutulong sa kanila. Ngunit hindi deretsahang ibinibigay ni Jesus sa kanila ang malinaw na kahulugan ng mga ito dahil wala naman itong silbi sa kanila: *ang lahat ay sumasapit gaya ng talinhaga.*

Sa totoo'y maraming pamayanang Kristiyano ang hindi nakakaunawa sa tunay na kahulugan ng mga salita ni Jesus:

– ang ilan dahil namimili sila ng mga talata sa Ebanghelyo, at lagi namang iyon at iyon para mapangatwiranan ang sarili nilang mga idea. Ayaw nila talagang makinig;

– ang iba nama'y mga praktikal na bagay ang hinaharap: na maging mas mapagbigay sana sila, mas pasensyoso... at hindi nila nakikita na gustong ipakita sa kanila ni Jesus ang isang pananaw sa mundo at sa Iglesya na mas malawak kaysa kanila.

• 13. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 13:18.

Sa talinhaga ng manghahasik, ipinapanukala ni Jesus ang isang pananaw sa Kaharian ng Diyos na ganap na naiiba sa lahat. Isa itong bagong katotohanan na sumisibol sa puso ng mga tumanggap sa salita ng Diyos: ang pagbabagong-loob para sa katotohanan at pagtitiyaga sa kabutihan.

Maaaring salita ng Ebanghelyo ang *binhi* pero mga binhi rin ang mga payo na natatanggap natin at ang mga panukala ng ating konsiyensya. Kung minsa'y para bang walang gaanong lakas ang Ebanghelyo para baguhin ang buhay. Ngunit bakit naman natin tinapakan ang napakaraming binhing dinala ng hangin sa atin? Depende sa atin ang lahat.

Sinasabi sa atin ni Jesus ang tungkol sa *tatlumpu* o *sandaang* ibinubunga: binababago ng salitang dinidinig ang ating buhay at binibigyan ng bisa ang mga pagsisikap nating iligtas ang mundo. May makapagsa-

**Talinhaga ng ilaw at ng sukatan**
*(Mt 10:26; Lc 8:16)*

• 21 At sinabi niya sa kanila: "Duma-
rating ba ang ilaw para takpan ng salop o
para ilagay sa ilalim ng higaan? Hindi!
Inilalagay ito sa patungan! 22 Walang na-
lilihim na di nabubunyag at walang tina-
takpan na di malalantad. 23 Makinig ang
may tainga!"

24 At sinabi niya sa kanila: "Isip-isipin
ninyo ang inyong naririnig. Sa sukatang
ginamit ninyo, susukatin ang para sa inyo
at higit pa ang ibibigay sa inyo. 25 Bibigyan
pa nga ang meron na ngunit aagawan pa
ng anumang meron siya ang wala."

**Kusang tumutubo ang binhi**

• 26 At sinabi niya: "Maihahambing ang
kaharian ng Diyos sa paghahasik ng isang
tao ng buto sa lupa. 27 Tulog man siya o
gising, sa gabi o araw, sumisibol ang binhi
at lumalago nang hindi niya namama-
layan. 28 Nagbubunga ang lupa sa ganang
sarili nito: una'y ang usbong, saka ang
uhay at ang butil na humihitik sa uhay.
29 At kapag nagbunga na ito, agad siyang
*magpapadala ng karit sapagkat sumapit*
*na ang anihan."*

**Ang buto ng mustasa**
*(Mt 13:31; Lc 13:18)*

• 30 At sinabi niya: "Sa ano natin maiku-
kumpara ang kaharian ng Diyos? Sa
anong talinhaga natin ito maipakikilala?
31 Natutulad ito sa paghahasik ng buto ng
mustasa na pinakamaliit sa mga binhing
inihahasik sa lupa. 32 Ngunit pagkahasik
nito, tumataas ito at lumalaki na higit pa
sa lahat ng gulay at nagsasanga nang
malaki hanggang *sumilong sa kanyang*
*lilim ang mga ibon ng langit."*

33 Itinuro niya sa kanila ang lahat ng ito
sa pamamagitan ng mga talinhagang
gaya nito ayon sa kakayahan ng kanilang
isipan. 34 Hindi siya nagturo sa kanila nang
hindi gumagamit ng mga talinhaga.
Ngunit nilinaw niya ang lahat sa kanyang
mga alagad nang sila-sila na lamang.

**Pinahupa ni Jesus ang bagyo**
*(Mt 8:18; Lc 8:22)*

• 35 Kinahapunan ng araw na iyon, sina-

---

sabi ba kung ano ang puwede para sa taong malaya at pinalaya?

• 21. *Isip-isipin ninyo ang inyong naririnig.* Tinatawag ni Jesus ang ating pansin:

"Sinasayang ninyo ang inyong panahon kung nakikinig lamang kayo sa akin at hindi naman ninyo pinapagbubunga ang narinig ninyo sa akin. *Ang panukat na inyong ipinanukat* ang gagamitin para sukatin ang inyong tinanggap: ibig sabihi'y kung may sisimulan kayong gawin ayon sa inyong natutuhan, tatanggap kayo sa Diyos ng bagong lakas at kaalaman. Ngunit kung wala naman kayong ginagawa, magiging balewala kahit na ang mga paniniwala ninyong panrelihiyon, kahit na sa pagharap ninyo sa Diyos. Kayong bumabasa sa aking Ebanghelyo, tanungin muna ninyo ang inyong sarili bago kayo talagang magpatuloy..."

*Walang tinatakpan.* Kumikilos ang salita *sa lihim* ng puso pero sa oras na madiskubre natin ang pagbabagong nagaganap sa ating buhay, buong sigla nating ipahahayag si Kristo at ipaaalam sa iba ang lihim na nagpaligaya sa atin (Ef 2:4; Col 3:3; Fil 2:10).

• 26. Naiinip ang mga tao sa bawat yugto ng panahon. Agad bang magkakatotoo ang Kaharian ng katarungan? Magwawakas kaya ang karahasan at korupsyon sa madaling panahon? Sumasagot si Jesus: "Sa kasalukuya'y nagtatrabaho na ang mga puwersang di-malulupig na nagpapalago at nagpapabunga sa mundo at nagsusulong sa Kaharian."

*ANG MGA BINHI*

Gaano karaming binhi ang isinabog sa hangin? Bagong uso, bagong kanta, bagong kagamitan, programa sa radyo... Tumubo at nag-ugat ang ilang binhi, at namunga ng malalakas na daloy na nagpapakilos sa masa. Ngunit madiskubre sana natin ang mga hamak na simula ng gawain ng Diyos: pagpupulong ng ilang taong may mabuting kalooban para lutasin ang isang suliranin ng pamayanan, pagkilos bilang kapatid sa isang kalagayang sarado at walang pakialam sa kapwa, unang pagsisikap na ngumiti sa buhay pagkatapos ng malaking kabiguan. Tumutubo ang binhi at nakadarama naman ng higit na kasiguraduhan ang taong tumanggap ng Salita sa daang pinagdadalhan sa kanya ng Diyos.

• 30. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 13:31.

• 35. *Wala pa ba kayong paniwala?* Pinagsasabihan sila ni Jesus hindi dahil natakot sila sa unos kundi

bi niya sa kanila: "Tumawid tayo sa kabi-
lang ibayo." 36 Kaya iniwan nila ang mga
tao at namangka silang kasama ni Jesus
sa bangkang inuupuan niya. At may iba
pang mga bangka na kasabay nila. 37 At
nagkaroon ng malakas na ipuipo. Hinam-
pas ng mga alon ang bangka at halos
lumubog na 38 samantalang tulog siya sa
kutson sa hulihan. Kaya ginising nila siya
at sinabi: "Guro, halos mamamatay na
tayo at bale-wala sa iyo!"

39 Pagbangon niya, inutusan niya ang
hangin at sinabi sa dagat: "Tahimik,
huwag kumibo." Nabawasan ang hangin
at nagkaroon ng ganap na kapayapaan.
40 At sinabi niya sa kanila: "Napakatatakot
ninyo! Bakit? Wala pa ba kayong pani-
wala?"

41 Ngunit lalo silang nasindak at nag-
usap-usap: "Sino ito na pati hangin at
dagat ay sumusunod sa kanya?"

**Ang inaalihan ng demonyo sa Gerasa**

*(Mt 8:28; Lc 8:26)*

**5** • 1 Dumating sila sa lupain ng mga
taga-Gerasa sa kabilang ibayo, 2 at
pag-alis niya sa bangka, sinalubong siya
ng isang lalaking inaalihan ng demonyo,
na galing sa mga libingan. 3 Sa mga
puntod siya nakatira at di siya maigapos
kahit na ng mga kadena. 4 Madalas nga
siyang ikinakadena at ipinoposas ang
mga paa pero nilalagot niya ang mga
kadena at sinisira ang mga posas sa paa
kaya walang makasupil sa kanya. 5 Nasa
kaburulan siya araw-gabi, sa mga libi-
ngan. Nagsisisigaw siya at sinasaktan ang
sarili sa mga bato.

6 Pagkakita nito kay Jesus sa malayo,
patakbo itong lumapit at nagpatirapa sa
harap niya 7 at sumigaw: "Ano ang kaila-
ngan mo sa akin, Jesus na Anak ng Diyos!
Hinihiling ko sa iyo sa ngalan ng Diyos na

---

dahil hindi nila napaglabanan ang takot: Nagtatrabaho nga sila para sa Kaharian ng Diyos at kasama nila si Jesus.

Lubos na humanga kay Jesus ang kanyang mga alagad gaya ng paghanga natin sa isang kampeon, lider o santo. Ipinakikita lamang nito na hindi pa talaga nila kilala si Jesus. Ngunit nang gabing harapin ni Jesus ang unos, agad nilang nakita na Siya ang sinusunod ng kalikasan. Mula noo'y magpapatuloy sa pagiging Guro nila at kaibigan si Jesus pero pumasok na sa kanilang isipan ang pag-aalinlangan: *"Sino ito?"* Kanino ba nila ipinagkatiwala ang kanilang mga sarili at saan niya sila dadalhin? At natakot sila.

Tulad natin, mga taong may pananampalataya at nagpaparangal sa Diyos ang mga Apostol, ngunit nananatiling medyo malayo sa kanya. Hindi pa sila handa na makita ang Diyos na pumapasok sa kanilang pang-araw-araw na buhay at maging saksi siya sa kanilang kakitiran ng isip. Takot silang maiwang nag-iisa sa gitna ng unos ngunit mas malaki ang takot nila sa pagkadiskubreng napakalapit pala ng Diyos sa kanila.

Alam na natin ngayon kung bakit pinatahimik ni Jesus ang mga demonyo: gusto niyang magpakilala nang unti-unti. Ano ba ang mapapala natin kung malaman natin na si Jesus ang Anak ng Diyos kung hindi naman tayo sanay mabuhay sa presensya ng Diyos? Kailangan muna silang turuan ni Jesus na maging totoo sa kanilang mga sarili at sa harap ng Ama at saka lamang mawawala ang kanilang takot na madamang napakalapit niya sa kanila.

Ang pagtawid na ito sa dagat ay larawan ng mararanasan nating lahat sa pagsunod natin kay Jesus. Hindi tahimik at panatag na buhay ang iniaalok niya sa atin dahil sa malao't madali'y kailangan tayong maki-pagsapalaran, magtaya at simulan ang mga bagay na bago para sa atin. At darating nga ang unos kung kailan naman "natutulog" si Jesus o kung kailan natin nararamdamang para bang pinababayaan niya tayong mag-isa. Subalit ang krisis na ito ang kinakailangang kundisyon para makarating tayo sa kabilang ibayo na ibig sabihi'y sa mas matatag at mas malinaw na pananampalataya.

*ANG DEMONYO*

• **5.1** Alam ni Jesus kung paano deretsahang haharapin ang pinakaresponsable sa kasamaan – ang demonyo (Mc 1:23). Pumapasok sa kamalayan ng mga pinuno ng mundong ito ang demonyo at nasa lahat ng larangan din siya ng sibilisasyon. Naniniwala ang mga kapanahon ni Jesus na mapapansin ang paggawa ng demonyo, higit sa lahat, sa mga taong nasisiraan ng bait. Tiyak na agad-agad nilang nasasabing ang demonyo ang may gawa ng lahat ng klase ng karamdaman sa isip at nerbiyos pero may mga pagkakataong gaya ng nasa itaas na hindi sila nagkakamali.

Pinalalayas ni Jesus ang mga demonyo papunta sa mga baboy na para bang kinikilala niya na may lugar pa rin sila sa mundong ito na kanilang kaharian. Malaki ang nawala sa mga magbababoy dahil sa pagpapagaling na ito, pero lalo namang mas mahalaga kay Jesus ang taong pinagaling kaysa maraming baboy.

*Nahulog sa bangin ang mga baboy papuntang dagat.* (Tingnan ang Mt 8:30 at Lc 8:33). Ganito ang talagang teksto sa Marcos: *"Nahulog ang dalawan-*

huwag mo akong pahirapan." 8 Sinabi nga
sa kanya ni Jesus: "Lumabas ka sa tao,
maruming espiritu." 9 At nang tanungin
siya ni Jesus, "Ano ang pangalan mo?"
sumagot siya, "Hukbo nga ako, marami
kasi kami." 10 At hiningi niya kay Jesus na
huwag silang palayasin sa lupaing iyon.

11 Maraming baboy na nanginginain
doon sa burol. 12 Kaya hiniling sa kanya
ng mga demonyo: "Ipadala mo kami sa
mga baboy at papasok kami sa mga
iyon." 13 At pinahintulutan sila ni Jesus.
Kaya pagkalayas ng mga demonyo'y pu-
masok ang mga ito sa mga baboy; at
nahulog sa bangin ang mga baboy pa-
puntang dagat at nalunod na lahat. 14 Tu-
makas naman ang mga nagbabantay sa
mga baboy. At ipinamalita nila ang lahat
sa bayan at sa mga bukid. Naglabasan
ang mga tao para alamin ang nangyari.

15 Kaya pinuntahan ng mga ito si Jesus
at nakita nila ang dating inaalihan ng de-
monyo na nakaupo at nakadamit, matino
na siya na sinapian ng Hukbo. Kaya nata-
kot sila. 16 Ibinalita naman sa kanila ng
nakakita kung ano ang nangyari sa inali-
han ng demonyo at pati sa mga baboy.
17 Kayat hiniling nila kay Jesus na umalis
sa kanilang lupain.

18 Pagsakay ni Jesus sa bangka, naki-
usap sa kanya ang inalihan ng demonyo
na isama siya. 19 Ngunit hindi siya pinaya-
gan ni Jesus, kundi sinabi niya: "Umuwi
ka sa iyong mga kamag-anak at ipahayag
sa kanila ang lahat ng ginawa sa iyo ng
Panginoon at ang pagkahabag niya sa
iyo."

20 Kaya umalis ang tao, at sinimulang
ipahayag sa buong lupain ng Decapolis
ang lahat ng ginawa sa kanya ni Jesus, at
namangha ang lahat.

### Binuhay ni Jesus ang anak ni Jairo

*(Mt 9:18; Lc 8:40)*

• 21 Pagkatawid ni Jesus sa lawa na sa-
kay sa bangka, pinagkalipumpunan siya
ng maraming tao sa tabing-dagat.

22 At may dumating na isang pinuno ng
sinagoga na nagngangalang Jairo. Nag-
patirapa ito sa kanyang paanan 23 at pilit
na ipinakiusap sa kanya: "Naghihingalo
ang aking dalagita kaya halika para ma-
ligtas siya at mabuhay sa pagpapatong ng
iyong mga kamay."

24 Kaya umalis si Jesus kasama niya at
sumunod din sa kanya ang mga tao na
gumigitgit sa kanya.

25 May isa namang babae na labinda-

---

*libong baboy...*" na hindi kapani-paniwala, dahil wala pang gayon karaming baboy na nakikita. Ngunit dapat nating malaman na sa wikang Hebreo, sa kudlit lang naiiba ang salita para sa *mga kawan* sa salita para sa *dalawanlibo:* isang pagkakamali na bunga ng kakaibang pangungusap ni Marcos nang isulat ito sa Griyego.

Hindi isinama ni Jesus ang lalaking ito sa grupo ng kanyang mga alagad kundi binigyan siya ng misyon sa sarili niyang bayan mismo. Hindi lahat ay may pareparehong bokasyon.

*Ipahayag sa kanila ang lahat ng ginawa sa iyo ng Panginoon at ang pagkahabag niya sa iyo.* Nasa lupain ng mga pagano si Jesus. Hindi na siya babalik doon kaya hindi siya natatakot na mapabalita ang kanyang himala. Ihahayag ng lalaki sa mga paganong iyon na ang Panginoon o iisang Diyos na kinikilala ng mga Judio ang siyang nagpagaling sa kanya.

• 21. "Di-malinis" ang babaeng ito dahil sa kanyang karamdaman ayon sa palagay ng mga Judio (Lev 15:19), at nahahawa sa kanya anumang hipuin niya. Kaya bawal sa kanyang makisalamuha sa iba pero naglakas-loob siyang makihalo sa karamihan para mahipo man lang ang laylayan ng damit ni Jesus.

Pananampalataya ang nagtulak sa kanyang labagin ang mga batas ng "paglilinis" at harapin ang eskandalong puwedeng ibunga nito. Hindi kilala ng babaeng ito si Jesus: wala siyang ibang iniisip kundi pagagalingin siya at "may pananampalataya" siya sa kanya.

Nahahalintulad ang pagkarelihiyoso ng babaeng ito sa tinatawag natin ngayong "Katolisismo ng masa". Tulad ng nakikita sa babaeng ito, hindi gaanong naturuan ang Katolisismo ng masa pero nagpapakita ito ng taimtim na pagkarelihiyoso at matibay na pananalig sa Diyos. Mababaw ito at wala nang tanungtanong pa, umaasa na may malaking mangyayari sa paghipo sa mga imahen at mga bagay na panrelihiyon – ang mga damit ni Kristo sa pangyayaring ito. Tulad ng ginawa ni Jesus, dapat nating igalang ang paraan ng pagpapahayag ng pagkarelihiyoso ng Katolisismo ng masa. Ngunit kasabay nito'y sinisikap din nating tulungan ang mga tao, tulad niya, na madiskubre ang malalim na aspekto ng pananampalataya.

lawang taon nang dinudugo. 26 Marami na
ang tiniis niya sa kamay ng mga doktor at
nagastos na niya ang lahat ng meron siya
pero hindi pa rin siya umigi kundi lumala
pa ang lagay niya. 27 At nang mabalitaan
niya ang tungkol kay Jesus, nilapitan niya
ito sa likuran sa gitna ng mga tao at hinipo
ang damit nito, 28 sapagkat naisip niya:
"Kung mahihipo ko lamang ang kanyang
mga damit, gagaling na ako."

29 At agad na naampat ang pag-agos ng
kanyang dugo at naramdaman niyang
gumaling na ang kanyang sakit.

30 Ngunit agad din namang nadama ni
Jesus na may lakas na lumabas sa kanya
kaya lumingon siya sa gitna ng mga tao at
nagtanong: "Sino ang humipo sa mga
damit ko?" 31 Sumagot ang kanyang mga
alagad: "Nakikita mo nang ginigitgit ka ng
napakaraming tao. Bakit mo pa itata-
nong: Sino ang humipo sa akin?" 32 At
patuloy siyang tumingin sa paligid para
makita kung sino ang gumawa nito.
33 Kaya lumapit na nanginginig sa takot
ang babae. Namamalayan nga nito ang
nangyari kaya lumapit ito at nagpatirapa
sa harap niya at inamin sa kanya ang
buong katotohanan.

• 34 At sinabi sa kanya ni Jesus: "Anak,
iniligtas ka ng iyong pananalig. Humayo
kang mapayapa at magaling ka na sa
iyong sakit."

35 Nagsasalita pa si Jesus nang may
dumating galing sa bahay ng pinuno ng
sinagoga, at sinabi nila: "Patay na ang
iyong anak na babae. Bakit mo pa iniis-
torbo ngayon ang Guro?" 36 Ngunit hindi
sila inintindi ni Jesus at sinabi sa pinuno:
"Huwag kang matakot, manampalataya
ka lamang." 37 At wala siyang pinayagang
sumama sa kanya liban kina Pedro,
Jaime at Juang kapatid ni Jaime.

• 38 Pagdating nila sa bahay, nakita niya
ang kaguluhan: may mga nag-iiyakan at
labis na nagtataghuyan. 39 Pumasok si

---

*PANANAMPALATAYA AT MGA HIMALA*

• 34. Sino ang may gawa ng himala? Bunga ba ito ng pananampalataya ng humihiling nito o si Kristo ang siyang gumagawa ng himala?

Kung sa pananampalataya lamang ng mga tao nakasalalay ang himala, ano ngayon ang pagkakaiba ng dumudulog sa Diyos nang may pananampalataya para gumaling kaysa pumupunta sa "faith healer"? Sa ganitong klase ng tagapagpagaling, sapat na ang kumbinsihin ang sarili, at hindi gaanong mahalaga kung sino man ang pinaniniwalaan.

Oo nga't ang mga taong pumupunta kay Jesus ay napakalayo pa sa pagkakilala sa kanya bilang Anak ng Diyos pero matatag ang kanilang paniwalang may mabuting inilalaan ang Diyos para sa kanila at bibiyayaan sila sa pamamagitan ng propeta at banal na taong ito. Ang paniniwalang ito ang naghanda sa kanila na tanggapin ang grasya ng Diyos sa kanilang katawan at kaluluwa. Paano pagagalingin ng Diyos ang mga ayaw umasa?

Subalit kapwa binibigyang-diin sa pahinang ito ang kapangyarihan ni Kristo – *Nadama ni Jesus na may lakas na lumabas sa kanya* – at ang papel ng pananampalataya – *Iniligtas ka ng iyong pananalig.* "Iniligtas ka" at hindi "Pinagaling ka" ang sinasabi ni Jesus. Sapagkat itinaya ng babaeng ito ang lahat at nakita din niya sa wakas kung gaano siya kamahal ng Diyos.

• 38. Dito hinaharap ni Jesus ang kamatayan ng dalagitang inaasahang mabuhay. *Pinuno ng sinagoga* si Jairo, o isa sa mga may katungkulan sa pamayanan ng relihiyong Judio sa isang lugar.

– *Bakit mo pa iniistorbo ngayon ang Guro?* Hinihiling din natin sa Diyos ang gumaling pero hindi natin pinangangahasang hilingin sa Diyos na buhayin niya ang ating mga patay. Sapagkat ipinalalagay natin na ang kamatayan ang pinakamalakas at di malalampasan sa kalagayan ng tao. Ngunit gustong ituro sa atin ni Jesus na para sa Diyos, hindi kamatayan ang pinakamalakas kundi buhay.

– *May mga nag-iiyakan at labis na nagtataghuyan.* Kaugalian noong panahon ni Jesus ang kumuha ng mga bayarang tagaiyak at mga musikero sa patay. At kahit na ngayon, marami tayong sinasabi at ginagawa, at inilalagay na mga tanda ng pagluluksa sa paglilibing. Gusto nating itago sa pamamagitan ng mga salita at seremonya ang pagkalito at pagkaligalig natin. Hindi nagpapadala si Jesus sa ating mga pagkukunwari.

– *Hindi patay ang bata kundi natutulog lang.* Natutulog siya na umaasang gigisingin siya ni Jesus, gaya ng waring "natutulog" na mga nananampalatayang naghihintay sa pagkabuhay. Ang talagang patay lamang ay ang mga sumikil at nagpawalang-saysay sa lahat ng mabuting inihasik sa kanila ng Diyos. Ibinilanggo nila ang kanilang mga sarili sa pagiging makasarili nila at mayabang, at tumanggi silang maging mga anak ng Diyos. Kaya mananatili silang patay magpakailanman.

Jesus at sinabi: “Bakit nagkakagulo at
nag-iiyakan? Hindi patay ang bata kundi
natutulog lang.”
40 At pinagtawanan nila siya. Ngunit
pinalabas ni Jesus ang lahat, at ang ama
at ina lamang nito ang isinama at ang
kanyang mga kasamahan. 41 Pagpasok
niya sa kinaroroonan ng bata, hinawakan
niya ito sa kamay at sinabi: “Talita kum”,
na ibig sabihi’y “Nene, sinasabi ko sa iyo,
bumangon ka.”
42 At noon di’y bumangon ang bata at
nagsimulang maglakad. (Labindalawang
taon na nga siya.) At nagkaroon ng pagka-
mangha, malaking pagkamangha. 43 Ma-
higpit na iniutos ni Jesus sa kanila na
huwag itong sabihin kaninuman, at sinabi
sa kanila na bigyan ng makakain ang bata.

**Di ba’t siya ang karpintero?**

*(Mt 13:53; Lc 4:16)*

6 • 1 Pagkaalis ni Jesus sa lugar na
iyon, pumunta siya sa kanyang
bayan, kasama ng kanyang mga alagad.
2 Nang sumapit ang Araw ng Pahinga,
nagsimula siyang magturo sa sinagoga.
Namangha silang lahat at nagsabi: “Ano’t
nangyari sa kanya ang lahat ng ito? Saan
kaya galing ang karunungang ito na ipi-
nagkaloob sa kanya, at saan din kaya
galing ang mga himalang ito na naga-
gawa ng kanyang mga kamay? Di ba’t
siya ang karpintero? Ang anak ni Maria at
kapatid nina Jaime, Jose, Simon at Ju-
das? Hindi ba’t narito sa piling natin ang
lahat niyang kapatid na babae?” At bulag
sila tungkol sa kanya. 4 Sinabi naman sa
kanila ni Jesus: “Sa kanyang sariling
bayan lamang, sa sariling kamag-anakan
at sambahayan hinahamak ang isang
propeta.” 5 At wala siyang nagawang
himala roon. Ilang maysakit lamang ang
pinagaling niya sa pagpapatong ng
kamay. 6 At namangha siya sa kawalan
nila ng paniniwala.

---

– *Bumangon ka!* Dahil tinatawag ka ni Jesus para mabuhay. Malaking bahagi ng kayamanan ng daigdig ang ginagastos sa pagpapahaba ng buhay ng matatanda sa mayayamang bansa. Hindi ang pagpapahaba ng buhay na “gastado” ng sarili nating kasalanan at panlilinlang ang siyang mabuti para sa atin kundi ang madiskubre ang lihim ng panibagong buhay na nakaugat sa pananampalataya at pagpapatawad ng Diyos.

*ANG KARUNUNGAN NI JESUS*

• **6.1** Mga kamag-anak at mga kakilala ni Jesus sa Nazaret ang *kanyang mga kapatid:* tingnan ang paliwanag sa Marcos 3:31.

*Saan kaya galing ang karunungang ito?* Nangangahulugan ba ito na nangibang-bansa si Jesus? Tingnan ang sagot sa paliwanag sa Mateo 2:23.

Dahil nabuhay siya sa piling nila at hindi kailanman nagpakita ng anumang ekstraordinaryong bagay, lubha silang nagulat sapagkat sa loob lamang ng maik-ling panaho’y tumanyag siya sa buong Galilea. Hindi nga nila siya kilala. Ano’t sa kabila ng pagiging napakalapit ng tao sa kanyang kapwa ay bulag pa rin siya sa mga katangia’t kakayahan nito?

*Sa sariling bayan lamang hinahamak ang propeta.* Paano nga naman sila ngayon makapagpapakita ng paggalang o paniniwala sa kanya matapos silang masanay na ituring siyang isa sa kanila sa loob ng maraming taong nagdaan?

*Di ba’t siya ang karpintero?* “Artesano” o manggagawa ang ibig sabihin ng salitang ginagamit sa Ebanghelyo, at di tinitiyak kung ano talaga ang ginagawa. Ngunit ayon sa palagay ng mga unang Kristiyano sa Palestina, isang karpintero si Jesus.

*Anong karunungan ito na ipinagkaloob sa kanya?* Maraming tao ang nagsasabing dahil Diyos si Kristo, alam na niya ang lahat ng mga bagay. Ngunit ang kaalaman ng Diyos ay walang iba kundi ang Diyos mismo. Alam niya ang lahat sa isang iglap na di lumilipas at tinatawag natin itong kawalang-hanggan. Sa pamamagitan naman ng mga idea nag-iisip ang mga tao at umuunlad ang isip ng tao sa paglipas ng panahon. Kaya naman mula sa kanyang pagsilang, kailangang maranasan at madiskubre ni Jesus ang lahat. Ngunit isang bagay ang malinaw sa kanya: na siya ang Anak, kahit na wala pa sa kanya ang mga salita para isipin o ipahayag ito.

Tinanggap ni Jesus ang lahat niyang edukasyon bilang tao mula kina Maria at Jose, at sa kanyang mga kababayan sa Nazaret. Ngunit ibinigay din sa kanya ng Ama ang Espiritu nito para magpasyang tulad ng Diyos at “malasahan” ang Diyos sa lahat ng bagay.

Hatid nga rin ng Biblia at ng kultura ng kanyang bayan ang karunungan ni Jesus. Ngunit ang importante para sa kanya at para sa atin ngayon ay hindi ang pagbabasa ng marami o pag-iipon ng mga karanasan kundi magawang pahalagahan ang lahat ng nangyayari. Sa inspirasyon ng Espiritu, binuksan ni Jesus ang isang bagong kamalayan sa buhay: ito ang Karunungan.

### Isinugo ni Jesus ang Labindalawa

*(Mt 10:1; Lc 9:1; 10:1)*

• Naglibot naman si Jesus sa mga
nayon sa paligid sa kanyang pagtuturo.
7 At tinawag niya ang Labindalawa at
sinimulang isugo sila nang dala-dalawa.
Binigyan niya sila ng kapangyarihan sa
mga maruming espiritu. 8 At sinabihan
niya silang huwag magdala ng anuman
para sa paglalakbay kundi tungkod la-
mang. Walang pagkain, walang pitaka o
pera sa sinturon. 9 Nakasandalyas at may
isang damit lang.
10 At sinabi niya sa kanila: "Pagtuloy
ninyo sa isang bahay, manatili kayo roon
hanggang sa pag-alis ninyo mula roon.
11 Kung may lugar na hindi tatanggap o
makikinig sa inyo, umalis kayo roon at
ipagpag ang alikabok sa inyong mga paa
bilang sakdal sa kanila."
12 At pag-alis nila, ipinangaral nila ang
pagbabalik-loob. 13 Maraming demonyo
ang kanilang pinalayas at marami ring
maysakit ang pinagaling nila sa pagpa-
pahid ng langis.

### Pinugutan ng ulo si Juan Bautista

*(Mt 14:1; Lc 9:7; 3:19)*

• 14 Nabalitaan din ni Haring Herodes ang
tungkol sa kanya sapagkat tumanyag na
ang kanyang pangalan. May nagsasabing
nabuhay si Juan Bautista mula sa mga
patay kaya nagkakabisa sa kanya ang
makalangit na kapangyarihan. 15 Sinabi
naman ng iba: "Si Elias nga ito," at ng iba pa:
"Ito ay isang propeta gaya ng mga propeta
noon." 16 Nang mabalitaan ito ni Herodes ay
sinabi niya: "Nabuhay nga sa mga patay si
Juan na pinapugutan ko ng ulo."
17 Si Herodes nga ang nagpahuli kay

---

*ANG MISYON*

• 6. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 10:5, Lucas 10:1, Mateo 28:16.

Sinisimulan ni Jesus ang ikatlong yugto ng kanyang gawain sa pag-oorganisa ng isang misyon sa buong lalawigan. Dati'y gumagawa ang mga apostol kasama ni Jesus, ngayon nama'y isinusugo niya silang mauna sa kanya.

Si Jesus ay guro. Hindi lamang niya tinuturuan ang kanyang mga tagasunod kundi hinihingi niya sa kanila na makibayani sa kanyang gawain. Kailangan ding ipahayag ng kanyang mga apostol ang kanilang pananampalataya at gumawa ng mga pagpapagaling gaya ng ginagawa ng kanilang Guro. Sa ganito nila naipahahayag sa simpleng paraan ang nadiskubre nila sa Kaharian ng Diyos.

Ang mga apostol ang dapat na maunang maniwala sa kanilang ipinahahayag: niloob ng Diyos na makapiling natin siya. Kaya pang-araw-araw sila dapat mabuhay na nagtitiwala sa kalinga ng Ama. Hindi sila dapat matakot sa sandali ng pangangaral kundi maging mulat sa misyon at kapangyarihan ng Diyos.

Ginagamit ang *langis* nang panahong iyon bilang panlunas. Ngunit binibigyan ito ni Jesus ng bagong kahulugan: higit pa sa pag-igi ang hatid ng mga pagpapagaling, tanda rin ito ng kagalingang espirituwal, ang paggaling ng taong nakipagbalikan sa Diyos. Naroon na ang pagpapahalaga ni Jesus sa pagtatayo ng mga pamayanan ng mga sumasampalataya. Sinugo niya ang kanyang mga apostol *nang dala-dalawa* upang hindi lamang sa iisang tao manggaling ang mensahe kundi maging ekspresyon ito ng isang grupong nagkakabuklod sa iisang misyon. Sinasabi rin ni Jesus na *sa iisang bahay manatili,* sa iisang mag-anak makituloy upang ito ang maging sentrong magpapasinag ng pananampalataya.

• 14. *Iginagalang nga ni Herodes si Juan* pero bilanggo si Herodes ng kanyang kapaligiran at mga bisyo. Uhaw sa dugo ang mga taong tiwali at bulok (1 H 19:2; Pag 17:6; 18:23).

Maraming tao ang naniniwala na walang gaanong halaga ang mga kasalanang may kinalaman sa sex at wala itong gaanong pakialam sa pagsulong ng kaligtasan ng tao. Ipinakikita naman ng Biblia na hindi tayo makasusulong nang walang mga responsableng tao na may kakayahang ipailalim ang sex sa paglilingkod sa pag-ibig sa halip na magpaalipin sa mga hilig ng laman.

Dahil dito kaya hindi makapagsasalita si Juan Bautista tungkol sa katarungan nang hindi inaalaala ang mga pananagutan at sumpaan sa buhay-may-asawa. At bilang tagapaghatid ng Salita ng Diyos. hahatulan niya si Herodes na hari na parang isang ordinaryong mamamayan.

*Haring Herodes.* Ito si Herodes Antipas na anak ng isa pang Herodes na naghahari noong ipanganak si Jesus.

*May nagsasabing nabuhay si Juan Bautista mula sa mga patay.* Para sa mga tao'y isang martir si Juan at naniniwala silang mabubuhay siya mula sa mga patay para parusahan si Herodes. Iniuugnay naman ng iba si Jesus kay Juan: nagawa ni Jesus ang mga himalang hindi nagawa ni Juan. Akala naman ng ibang walang gaanong alam ay aparisyon ni Juan si Jesus.

Juan, at ipinakadena ito sa kulungan dahil kay Herodias na asawa ng kanyang kapatid na si Felipe. Pinakasalan ni Herodes si Herodias [18] at sinabi ni Juan kay Herodes: "Hindi mo puwedeng kasamahin ang asawa ng iyong kapatid." [19] Talaga ngang matindi ang galit ni Herodias kay Juan at gusto niya itong patayin pero hindi niya magawa. [20] Iginagalang nga ni Herodes si Juan dahil itinuturing niya itong mabuti at banal na tao, kaya pinanatili niya itong buhay. Nalilito siya matapos makinig kay Juan, gayunma'y gusto pa rin niyang marinig ito.

[21] At nagkaroon ng pagkakataon sa kaarawan ni Herodes nang maghanda siya para sa kanyang mga opisyal, mga pinuno ng hukbo at mahalagang tao ng Galilea. [22] Pagpasok ng anak ni Herodias, nagsayaw ito at nasiyahan naman sa kanya si Herodes at lahat ng nasa handaan. Sinabi ng hari sa dalagita: "Ibibigay ko sa iyo ang anumang hingin mo." [23] At sinumpaan pa niya ang pangakong ito: "Ibibigay ko sa iyo ang anumang hingin mo, kahit na ang kalahati ng aking kaharian." [24] Lumabas ang anak at tinanong ang kanyang ina: "Ano ang hihingin ko?" At sumagot naman ito: "Ang ulo ni Juan Bautista." [25] Agad niyang pinuntahan ang hari at sinabi: "Gusto kong ibigay mo agad sa akin ang ulo ni Juan Bautista sa isang bandeha."

[26] Labis ang pagdadalamhati ng hari dahil sa mga pangakong sinumpaan niya at sa mga bisita kaya ayaw niya siyang tanggihan. [27] Kaya iniutos ng hari sa isa niyang guwardiya na dalhin ang ulo ni Juan. Pinugutan nito si Juan sa kulungan, [28] inilagay sa isang bandeha ang kanyang ulo, ibinigay sa dalaga, at ibinigay naman ito ng dalaga sa kanyang ina. [29] Nang mabalitaan ito ng mga alagad ni Juan, dumating sila para kunin ang kanyang katawan at inilibing.

**Jesus, pastol at propeta**

• [30] Pagbalik ng mga apostol kay Jesus, isinalaysay nila sa kanya ang lahat nilang ginawa at itinuro. [31] Sinabi naman niya sa kanila: "Tayo na sa isang ilang na lugar para mapag-isa tayo at makapagpahinga kayo nang kaunti." Sapagkat doo'y marami ang paroo't parito at hindi man lamang sila makakain. [32] Kaya lumayo sila at namangka na sila-sila lang patungo sa ilang na lugar.

[33] Ngunit nakita silang umalis ng ilan at nabalitaan ito ng marami. Kaya nagtakbuhan sila mula sa kani-kanilang

---

• 30. Pagod na pagod ang mga apostol. Pagkatapos ng misyong ito, kailangan nilang magpahinga at lingunin ang kanilang mga karanasan. Tinuturuan sila ni Jesus hindi lamang sa pakikipag-usap sa kanila kundi pati sa pagtulong sa kanila na pagnilayan ang kanilang nakita at ginawa.

*Marami ang paroo't parito.* Maaaring matapos makapaglibot ng mga apostol sa mga nayon ng Galilea, maraming tao ang gustong malaman kung sino ang nagsugo sa kanila kayat pinuntahan nila si Jesus.

*Naawa siya sa kanila.* Ipinakita ng Matandang Tipan ang pagkahabag ng Diyos bilang Ama, ngunit ipinahahayag naman ngayon ni Jesus ang pagkahabag na ito sa ibang paraan. Walang lubos na nakauunawa sa awa ng Diyos hanggang sa pagdating ng Anak para ibahagi sa atin ang lahat, sa pagpapakadukha niya sa piling ng mga dukha, sa pakikiramay at pakikiisa sa kanila sa halip na ibigay sa kanila ang kanyang mga salita at gawa ng kanyang awa mula sa itaas.

Tinutulungan tayo ng pagkahabag na ito ni Jesus para maunawaan na hindi kumpleto ang komitment ng Kristiyano sa mga dukha hangga't hindi malalim na nakaugat ang Iglesya sa mas mababang hanay sa lipunan.

*Nagsimula siyang magturo sa kanila nang matagal.* Ano ang sinabi niya sa kanila? Ang lahat na bumubuo sa Ebanghelyo. Sa mga propetikong kaloob na tinanggap niya, tagos ang tingin ni Jesus sa mga konsiyensya at ipinakikita niya sa bawat isa kung nasaan talaga ang problema niya. Nagsasalita siya gaya ng mga propeta, na hindi kailanman ibinibilanggo ang sinuman sa personal niyang problema: kasabay ng personal na paglago ng tao ang pagbabago sa kanyang kapaligiran.

Nakita ni Jesus na labis silang nabibigatan sa mga paghihirap pero sinisikap ni Jesus na mabuhayan sila ng loob sa pagpapakita sa kanila ng "mga tanda ng pag-asa". Sa anumang sitwasyon, may magagawa tayo para mabuhayan ng loob. At bago pa man natin ito simulan, binibigyan na tayo ng Diyos ng mga tanda na hindi niya tayo pinababayaan at kailangan tayong lubos na magtiwala sa kanya.

bayan at nauna pang dumating na lakad
kaysa kanila.
34 Pagdating ni Jesus sa pampang,
nakita niya ang maraming taong nag-
kakatipon doon at naawa siya sa kanila
sapagkat *para silang mga tupang walang
pastol.* At nagsimula siyang magturo sa
kanila nang matagal.

**Ang unang pagpaparami sa mga tinapay**
*(Mt 14:13; Lc 9:10; Jn 6:1)*

• 35 Nang humahapon na, lumapit sa
kanya ang mga alagad at sinabi: "Nasa
ilang na lugar tayo at lampas na ang
oras." 36 Paalisin mo sila nang makapunta
sila sa mga nayon at bukid sa paligid at
makabili ng kani-kanilang makakain."
37 Ngunit sumagot si Jesus sa kanila:
"Kayo ang magbigay sa kanila ng maka-
kain." Sinabi naman nila: "At kami pa
pala ang bibili ng tinapay – dalawandaang
denaryo, di ba? At bibigyan namin sila."
38 Ngunit sinabi niya: "Ilang tinapay meron
kayo? Sige, tingnan ninyo." At pagka-
tingin nila ay kanilang sinabi: "Lima at
may dalawa pang isda."
39 Kaya iniutos niya sa kanila na
paupuin nang grupu-grupo ang ma-
kapal na tao sa berdeng damuhan. 40 At
naupo silang grupu-grupo, tigsasan-
daan at tiglilimampu. 41 Kinuha niya ang
limang tinapay at dalawang isda, tumi-
ngala sa langit, nagpuri, hinati ang mga
tinapay at ibinigay sa kanyang mga
alagad para ibigay din nila sa mga tao.
Gayundin naman, hinati niya ang dala-
wang isda.
42 At kumain silang lahat at nabusog,
43 at inipon nila ang mga natirang pira-
piraso – labindalawang punong basket
ang mga piraso ng tinapay pati na ang
mga piraso ng isda. 44 Mga limanlibong
lalaki ang napakain.

**Lumakad sa tubig si Jesus**
*(Mt 14:22; Jn 6:16)*

• 45 Agad na pinilit ni Jesus na sumakay
sa bangka ang mga alagad at pinauna sa

---

• 35. Sinasabi ng Biblia na mula sa bibig ng Diyos nagmumula ang tinapay, at sa kanyang bibig din namumutawi ang Salitang kailangan natin (Dt 8:3). Sa pagbibigay ng tinapay, ipinakikita ni Jesus na mga salita ng Diyos ang kanyang mga salita. *Binibigyan ng Diyos ng tinapay* ang kanyang bayan: Ex 16; Slm 72:16; Slm 81:17; Slm 132:15; Slm 147:14.

*Ang namumutawi sa bibig ng Diyos:* Dt 8:3; Kar 16:26; Mt 4:4.

Sa liwanag ng Matandang Tipan, inilalahad ng salaysay na ito na si Jesus ang Pastol na ipinahayag ng mga propeta.

*Ang tupang walang pastol:* Blg 27:17; Is 40:11; Ez 34; Zac 11:4-17; 12:8.

*Paupuin sa berdeng damuhan* (Slm 23) at *nabusog* silang lahat (Slm 78:29). Ang makapal na tao na nakaupo para kumain ang larawan ng sangkatauhang titipunin ni Jesus sa bangkete ng magkakapatid sa Kaharian (Lc 14:15).

*Tumingala sa langit.* Sa kilos na ito ipinahahayag ni Jesus ang kanyang personal na relasyon sa Ama kaysa anumang panalanging maaaring sabihin ng mga santo o mga propeta sa ganitong pagkaka-taon.

Si Jesus ang tinapay na kailangan ng sangkatauhan (Juan 6). Inilagay ng Diyos sa daigdig ang lahat ng kailangan ng sangkatauhan para sa kanilang pagkain at pagsulong. Ngunit kung hindi tayo marunong maki-nig sa kanyang Salita, hindi natin malalaman kung paano malulutas ang pinakamabigat na problema ng kasalukuyang daigdig: ang ipamahagi ang mga kaya-manan. Ang pananalig sa mga pangako ng Diyos ang tanging lakas para mapagtagumpayan ang pagka-makasarili at hindi pantay na mga pribilehiyo, at upang magkaroon ng pagkain, kapayapaan at kalayaan para sa lahat.

Kaya *naawa* si Jesus sa *maraming tao*, na hindi gaanong inaasikaso ng kanilang mga pinuno. Matagal na nakaupo ang makapal na taong iyon nang hindi man lang pinoproblema ang kanilang kakanin, nakiki-nig sila sa kanya habang ipinahahayag niya sa kanila ang salita ng Diyos na nagpapalaya sa tao mula sa kabulagan at kawalang-saysay ng buhay. At dahil siya ang Pastol at tunay na Tinapay ng Buhay, binigyan niya sila ng pagkain at ipinamahagi ito.

• 45. *Pinilit sila ni Jesus na sumakay sa bangka.* Bakit? Ipinaliliwanag sa atin ng Ebanghelyo ni Juan ang dahilan (Jn 6:15). Bilib na bilib ang mga tao sa himala kaya gusto nilang gawing hari at taga-pagpalayang sugo ng Diyos si Jesus. At sumang-ayon dito ang mga apostol.

*Sarado ang kanilang isip.* Sa totoo'y naintindihan ng mga taong ito ang kahulugan ng himala ng pagpa-parami ng tinapay: si Jesus ang Pastol na matagal nang ipinangako ng Diyos. Ngunit may kinalaman sa puli-tika ang pagpapakahulugan nila sa lahat ng ito: dapat na maging kalayaan ng bansa ang ipinangakong pag-papalaya ng Diyos.

Betsaida sa kabilang ibayo habang pinaaalis niya ang mga tao. 46 At pagkapaalis niya sa kanila, mag-isa siyang lumayo papunta sa kaburulan para manalangin.

47 Nasa laot na ang bangka nang gumabi at nag-iisa naman siyang nasa lupa. 48 Nakita niya silang nahihirapan sa pagsagwan sapagkat pasalungat ang hangin. Kaya nang madaling-araw na, pinuntahan sila ni Jesus na naglalakad sa dagat at waring lalampas sa kanila. 49 Nang makita nila siyang naglalakad sa dagat, akala nila'y multo siya. Kaya sumigaw sila. 50 Nakita nga siya nilang lahat at nasindak sila. Ngunit agad niya silang kinausap: "Lakasan ang loob! Ako ito, huwag kayong matakot."

51 Nang nakasakay na siya sa bangka kasama nila, tumigil ang hangin kaya lalo pa silang namangha. 52 Hindi nga nila naunawaan ang tungkol sa mga tinapay, kundi sarado ang kanilang isip.

53 Pagkatawid nila, dumating sila sa pampang ng Genesaret at doon nila isinadsad ang bangka. 54 Paglunsad nila ng bangka, nakilala si Jesus ng mga taga-roon 55 at patakbo nilang ipinamalita ito sa lupaing iyon. Kaya dinala nila ang mga maysakit na nasa higaan kung saan nila mabalitaang naroon siya. 56 At saanman siya lumakad, sa mga nayon man o sa bayan o sa bukid, inilalagay nila sa mga liwasan ang mga maysakit at nakikiusap sa kanya na mahipo man lamang sana nila ang laylayan ng kanyang damit, at gumaling ang lahat ng humipo rito.

**Tunay na kalinisan**
*(Mt 15:10; Lc 6:39)*

**7** • 1 Nagkatipon sa paligid ni Jesus ang mga Pariseo at ilan sa mga guro ng Batas na galing sa Jerusalem.

2 Napansin nila na kumakain ang ilan sa mga alagad niya nang may maruming kamay, na hindi naghuhugas ayon sa seremonya. 3 Sinusunod nga ng mga Pariseo pati na ng mga Judio ang tradisyon ng kanilang mga ninuno at hindi sila kumakain nang hindi muna naghuhugas ng mga kamay. 4 At hindi rin sila kumakain ng anumang galing sa palengke nang di muna ito nililinis, at marami pa'ng dapat nilang tuparin, ha-

---

Masama ang dating ng ginawang pagtanggi ni Jesus sa gusto ng mga apostol nang hapong iyon. Pero mas naligalig naman sila kinaumagahan: Sino ba ang lider na ito na dumarating na naglalakad sa ibabaw ng dagat habang dumaraing naman ang bayan sa ilalim ng kaapihan?

*ANG TRADISYON AT MGA TRADISYON*

• **7.**1 Walang grupo, ni ang Iglesya man, na makapananatili kung wala itong mga tradisyon at mga kaugalian. Ngunit gaano man kabuti ang mga tradisyong iyon, gawa pa rin ng tao ang mga iyon. Halimbawa'y ang paraan ng pagmimisa, pagpipiyesta, pagnonobena at iba pa. Lahat na ginawa ng isang papa, o obispo, o pamayanang Kristiyano ng nagdaang panahon ay puwede namang baguhin ngayon ng ibang papa, o ibang obispo, o ng pamayanang Kristiyano. At dahil puwedeng baguhin ang mga bagay na ito, nauunawaan natin na hindi ang mga ito ang pinakaimportante sa relihiyon.

May pinakamahalaga na hindi nagbabago: ito ang Aral ng Diyos. Saan naman natin ito matatagpuan? Sa Biblia, sa mga aral ni Jesus. Ngunit may paraan ng pag-unawa kay Jesus tulad ng ginawa ng mga apostol. Ito ang tinatawag nating *Tradisyon ng Mga Apostol* at ang Iglesya na itinatag ng mga apostol ang nangangalaga sa Tradisyong ito o ang diwang ito na sadyang kanila. Huwag nating ipagkamali ang mga tradisyon ng mga Katoliko sa Tradisyon ng Iglesya.

Subalit kadalasa'y wala tayong gaanong ginagawa para makapasok sa diwa at Tradisyon ng Iglesya. At sa halip ay pikit-mata pa tayong kumakapit at ayaw bumitiw sa mga sinauna at masasamang tradisyon. Bakit napakaraming Kristiyano ang naeeskandalo ngayon kapag pinalalaya ng Iglesya ang sarili sa mga sinaunang seremonya? Bakit galit na galit sa mga pari at mga Kristiyanong may bukas na pag-iisip na nagsasaisantabi sa mga tradisyunal na hulma? Ibinibigay sa atin ni Jesus ang dahilan: sa kanilang mga seremonya sila kumakapit sapagkat hindi nila kayang sumampalataya. Ang kanilang panlabas na relihiyon ay pampalit sa tunay na pananampalatayang wala sila. Hindi sila bumibitiw sa kanilang mga idea at sa tradisyunal nilang palagay at pananaw sa pulitika at kultura sapagkat ang mga ito lamang ang meron sila. At kung mawawala ito sa kanila, kahit na ang Diyos ay mawawalan din ng kabuluhan sa kanila.

limbawa'y ang paglilinis ng mga inuman,
mga kopa at pinggang tanso.
5 Kaya tinanong siya ng mga Pariseo at
mga guro ng Batas: "Bakit hindi isi-
nasabuhay ng iyong mga alagad ang tra-
disyon ng mga ninuno? Hindi nga sila
naghuhugas ng kamay bago kumain."
6 At sinabi sa kanila ni Jesus: "Tama
ang propesiya ni Isaias tungkol sa inyong
mga mapagkunwari. Nasusulat na *"Pi-*
*nararangalan ako ng mga ito sa kanilang*
*labi, at malayo naman sa akin ang ka-*
*nilang mga puso.* 7 *Walang silbi ang kani-*
*lang pagsamba sa akin at kautusan*
*lamang ng tao ang kanilang itinuturo."*
8 Pinabayaan nga ninyo ang utos ng
Diyos para itatag ang tradisyon ng mga
tao."
9 At sinabi ni Jesus: "Mahusay na pina-
walang-bisa ninyo ang salita ng Diyos
para tuparin ang inyong tradisyon. 10 Si-
nabi nga ni Moises: *'Igalang mo ang iyong*
*ama at ina'*, at *'patayin ang sinumang*
*sumumpa sa kanyang ama o ina.'* 11 Ngu-
nit sinasabi ninyo na kung may magsa-
sabi sa ama o ina, "Korban – inialay na sa
Diyos – ang puwede kong itulong sa inyo,
12 hindi n'yo na siya pinagagawa ng anu-
man para sa ama o ina. 13 Kaya pina-
walang-bisa ninyo ang salita ng Diyos
dahil sa ipinapasa ninyong tradisyon. At
marami pa ang mga ginagawa ninyong
ganito."

• 14 Kaya tinawag ni Jesus ang mga tao
at sinabi sa kanila: "Pakinggan ako at
unawain sana ninyong lahat. 15 Hindi ang
pumapasok sa tao mula sa labas ang
nakapagpaparumi sa kanya kundi ang
lumalabas sa tao ang nakapagpaparumi
sa kanya. 16 Makinig ang may tainga."
17 Pagkalayo ni Jesus sa mga tao, nang
nasa bahay na siya, tinanong siya ng
kanyang mga alagad tungkol sa talin-
hagang ito. 18 At sinabi niya: "Wala rin ba
kayong pang-unawa? Hindi ba ninyo na-

---

*MALINIS AT DI-MALINIS*

• 14. Isang napakaimportanteng bagay sa relihiyon ng mga Judio ang panatiliing malinis ang sarili. Hindi puwedeng makilahok sa pagsamba ang sinumang di-malinis. Iba sa pagkakaintindi natin ngayon ang ibig nilang sabihin sa salitang "malinis". Ang hindi nabahiran, kahit na di sinasadya, ng mga bagay na ipinagbabawal ng Batas. Halimbawa, itinuturing na di-malinis ang karne ng baboy o mga isdang walang kaliskis: hindi dapat kainin ang mga ito. Itinuturing na di-malinis sa loob ng kung ilang araw ang isang babaeng may regla o sinumang dinudugo: hindi sila dapat hawakan ni salingin ninuman. Itinuturing na di-malinis ang ketongin hanggang hindi ito gumagaling. Kung may kulisap na mahulog sa langis, di na malinis ang langis at kailangan itong itapon.

Kung nabahiran ang sinuman, kahit na hindi niya kasalanan, kailangan niyang linisin ang kanyang sarili, karaniwa'y sa paggamit ng tubig, at kung minsa'y sa pagbabayad para sa mga handog.

Nakatulong ang mga batas na ito para masanay ang bayang Judio na mamuhay nang malinis sa katawan at kapaligiran. Nakatulong din ang mga ito para pangalagaan ang pananampalataya ng mga Judiong nabubuhay sa gitna ng mga pagano (mga taong di nakakakilala sa Diyos). Paano nila mapangangalagaan ang kanilang pananampalataya sa iisang Diyos kung naninirahan sila sa piling ng ibang mga sambayanan, makikipagkaibigan sa kanila at gagayahin pati na ang kanilang mga gawi? Ngunit sa napakaraming kaugalian sa relihiyon na kailangang sundin ng mga Judio, kailangan lamang layuan nila ang mga hindi nila kaisa sa kanilang pananampalataya. Nagkaroon sila ng naiibang klase ng pamumuhay at nanatiling sila-sila lamang.

Bale-wala kay Jesus ang lahat ng seremonyang ito: walang anumang di-malinis sa nilikha ng Diyos. Hindi paglabag sa Diyos kung humipo man tayo sa maysakit o sa isang bangkay o anumang bagay na may bahid ng dugo. Hindi naliligalig ang Diyos ke anuman ang kainin natin. *Sa puso* nga laging *nagmumula* ang kasalanan at hindi kung anong bagay na ginagawa natin nang di sinasadya.

Totoo ngang itinuturo ng Biblia ang ganitong mga palagay tungkol sa malinis at di-malinis. Ngunit maraming dantaon na ang nakalilipas nang sulatin ang mga libro ng Biblia at hindi lahat ng sinasabi ng Biblia ay tama para sa lahat ng panahon. Tinuruan ng Diyos ang kanyang bayan sa mga salita ng Biblia pero ang mga batas na ibinigay niya sa kanila sa simula, noong hindi pa sila sibilisado at wala pang alam ay hindi na siyang kailangan para sa isang pamayanang may tunay na kaalaman.

Maraming bagay sa Biblia na para bang taliwas sa isa't isa dahil sa iba't ibang panahon at magkakaibang kalagayan nabuo ang mga ito. Kaya naman kung wala ang tulong ng Iglesya, hindi natin maiintindihan ang Biblia sa wastong paraan.

uunawaan na sa bituka pumupunta ang
anumang pumapasok sa tao mula sa
labas? 19 Sapagkat hindi sa puso ito
pumapasok kundi sa tiyan at pagkatapos
ay itinatapon sa labas."

(Sa gayo'y sinabi niya na malinis ang
tanang mga pagkain.)

20 At idinagdag niya: "Ang lumalabas
sa tao ang nagpaparumi sa tao. 21 Sa puso
nga ng tao nagmumula ang masasamang
hangarin – kahalayan, pagnanakaw, pag-
patay sa kapwa, 22 pakikiapid, kasa-
kiman, kasamaan, pandaraya, kalas-
waan, pagkainggit, paninira, kapalaluan,
kabuktutan. 23 Ang masasamang bagay
na ito ang nagpaparumi sa tao.

**Ang pananampalataya ng taga-Sirofenicia**
*(Mt 15:21)*

• 24 Pagkaalis sa lugar na iyon, lumayo
si Jesus patungo sa hangganan ng Tiro.
Pumasok siya roon sa isang bahay at
kahit na ayaw niya itong malaman
ninuman, hindi ito nalihim. 25 May isang
babaeng nakabalita tungkol sa kanya.
Inaalihan ng maruming espiritu ang kan-
yang dalagita kaya pumunta siya at nag-
patirapa sa kanyang paanan. 26 Isa siyang
paganong taga-Sirofenicia. At ipinaki-
usap niya kay Jesus na palayasin ang
demonyo sa kanyang anak.

27 Sinabi naman niya sa kanya: "Baya-
an mo munang mabusog ang mga anak.
Hindi tama na kunin ang tinapay sa mga
bata at itapon ito sa mga tuta." 28 Sumagot
ang babae: "Totoo nga, Ginoo, pero ki-
nakain ng mga tuta sa ilalim ng mesa ang
mga nalalaglag mula sa mga bata." 29 At
sinabi sa kanya ni Jesus: "Dahil sa sinabi
mong ito, lumabas na sa iyong anak na
babae ang demonyo." 30 Kaya umuwi ang
babae at nakita niya ang bata na nakahiga
sa kama; lumabas na nga ang demonyo.

**Pagpapagaling sa isang pipi at bingi**

• 31 Umalis si Jesus sa lupain ng Tiro at
dumaan sa Sidon papunta sa lawa ng
Galilea. Pagdating niya sa lupain ng Deca-

---

*ANG MGA PAGANO*

• 24. Ito ay noong kalabanin si Jesus ng mga nasa kapangyarihan. Kailangang lumayo siya at maglakbay sa may hangganan ng Galilea kung saan hindi siya gaanong minamanmanan at madali siyang makalalayo. Naganap ang pangyayaring ito sa may Tiro na lalawigang pinamamayanan ng mga paganong taga-*Siria* at taga-*Fenicia*.

Nasanay na tayong tawaging *mga pagano* ang mga bayang iyon na hindi pa natatanggap ang mensahe ng Diyos. Sa sarili nilang paraa'y naniniwala sila sa Diyos pero hindi dahil ang Diyos mismo ang nagturo nito sa kanila. Noong kapanahunan ni Jesus, ang mga Judio lamang ang nakaaalam sa salita ng Diyos, at mga pagano na ang iba.

Kahit na dumating nga si Jesus para iligtas ang lahat, niloob ng kanyang Ama na huwag siyang lumabas sa hangganan ng kanyang bansa. Subalit nakatagpo niya ang mga pagano sa ilang pagkakataon, at hindi lamang minsan niyang hinangaan ang kanilang kasimplihan at pananalig.

Gusto ng Diyos na iligtas ang lahat pero hindi niya inaakay ang lahat sa iisang landas. Naniniwala at nakakakilala sa Diyos ang ilan, may iba namang walang biyaya ng tunay na pananampalataya, na hindi naman nila kasalanan. Ngunit sama-sama silang nabubuhay sa mundong ito at magkakasama ring nagtatrabaho para lutasin ang kanilang mga problema at magkakasamang nagsisikap sa pagtatayo ng isang lipunang mas karapat-dapat sa tao, at sa dakong huli'y sama-sama silang maliligtas.

Sa mga dantaon bago dumating si Kristo, sa mga Judio lamang nakipag-usap ang Diyos at pinabayaan niyang hanapin siya ng iba pang mga bayan na para bang nangangapa. Bahagi ito ng magaling at maawaing plano ng Diyos. Pero dahil sa espesyal na trato niyang ito sa mga Judio, naisip tuloy ng mga Judio na bale-wala ang mga pagano sa mga mata ng Diyos: ang mga Judio ang *mga anak* at *mga tuta* lamang ang mga pagano.

Sinagot ni Jesus ang babaeng nagdadalamhati sa pag-uulit sa tanyag na mapanlibak na kasabihang ito ng mga Judio. Sinabi niya ito para subukin ang pananalig ng babae: magpupumilit pa rin kaya siya kung makita niyang tinatanggihan siya kahit na ng Diyos mismo?

• 31. *Hiniling nila kay Jesus na ipatong dito ang kamay.* Isang paraan ito ng paghingi ng kapangyarihan sa Diyos pero hindi na kailangang humingi si Jesus. Ipinakikita niya sa kanyang kilos na nasa kanya mismo, sa kanyang pagkatao, ang lahat ng kalusugan at kagalingang kailangan natin at ibinibigay niya ito sa maysakit.

*Nagbuntung-hininga si Jesus* (tingnan sa 8:12). Bakit? Sapagkat ang taong nasa harap niya ay isang

polis, 32 may mga nagdala sa kanya roon ng isang bingi na halos di makapagsalita. At hiniling nila kay Jesus na ipatong dito ang kamay.

33 Matapos siyang ihiwalay ni Jesus sa mga tao, inilagay niya ang kanyang daliri sa tainga ng tao at dumura at saka hinipo ang kanyang dila. 34 At tumingala siya sa langit, nagbuntung-hininga at sinabi: "Ephphata," na ang ibig sabihi'y "Buksan". 35 Nabuksan ang mga tainga ng tao at biglang nakalag ang dila niyang nakabuhol kaya nakapagsalita siya nang tuwid.

36 Tinagubilinan sila ni Jesus na huwag sabihin ito kaninuman ngunit habang pinagbabawalan sila, lalo naman silang nagpapahayag. 37 Labis na namangha ang mga tao at sinabi nila: "Pinaiigi niya ang lahat: nakaririnig ang bingi at nakapagsasalita ang pipi."

**Ang ikalawang pagpaparami sa mga tinapay**
*(Mt 15:32)*

**8** • 1 Nang mga araw na iyon, marami rin ang sumama sa kanya at wala silang makain. Kaya tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila: 2 "Labis akong naaawa sa mga taong ito, pangatlong araw ko na silang kasama at wala nang makain 3 at kung paalisin ko silang gutom, baka mahilo sila sa daan. Galing pa sa malayo ang ilan sa kanila."

4 Sumagot ang kanyang mga alagad: "At paano naman makakakuha ng tinapay para pakainin sila sa ilang na ito?" 5 Tinanong sila ni Jesus: "Ilan bang tinapay meron kayo?" Sumagot sila: "Pito."

6 Pinaupo ni Jesus sa lupa ang mga tao, kinuha ang pitong tinapay at nagpasalamat sa Diyos. Pinagpira-piraso niya ang mga ito at ibinigay sa kanyang mga

---

kahanga-hangang sagisag ng mga may mga mata at mga tainga pero hindi naman nakakakita o nakakarinig. Dinadala sa kanya ng mga tao ang mga pipi at bingi, at hinihinging pagalingin niya ang pagkabingi ng mga ito, pero sila mismo ang nananatiling bingi.

*Tinagubilinan sila ni Jesus na huwag sabihin ito kaninuman* (b. 36). Ibang-iba si Jesus sa mga maypakulo sa "Miracle Crusade"! Maaaring makatulong sa atin ang isang di-inaasahang himala na madiskubre ang mapagmahal na presensya ng Diyos. Ngunit sa sandaling simulan nating hintayin ang mga ito, lumalayo na tayo sa Ebanghelyo. Alam ito ng Demonyo kaya tinukso niya si Jesus sa disyerto (Mt 4:6): "Kung gusto mong maniwala ang mga tao, gumawa ka ng mga himala. Matutulungan kita, at saka may alam akong ilang grupong pampulitika na gustung-gustong palaganapin ang ganitong relihiyon na magaling magbayad para sa mga komersiyal at mga mangangaral!"

• **8.**1 Para sa ilan, waring inuulit lamang ng ikalawang pagpaparami ng mga tinapay ang unang salaysay. Sa totoo'y iba ito at may ibang kahulugan. Sa unang pangyayari, sa pagitan ng Tiberias at Capernaum (na mismong pinakasentro ng gawain ni Jesus sa Galilea) mas marami at mas mapilit ang mga taong lumapit kay Jesus: gusto nila siyang gawing tagapagpalaya nila (Jn 6).

Hindi pumayag si Jesus ngunit nang humahapon na, pinarami niya ang mga tinapay – isang malinaw na tanda na siya nga ang Mesiyas na ipinahayag ng mga propeta. Nang sumunod na araw, hinihingi naman ni Jesus na tanggapin nila siya kung ano talaga siya, at ito ang nagbubunga ng paghihiwalay at pagkalas (Jn 6:60).

Hindi nagtagal at naglibot si Jesus sa mga hangganan ng Galilea kung saan pagano ang karamihan. Gusto rin nilang marinig si Jesus. Kaya sa kabilang ibayo ng lawa, sa may silangan, binibigyan sila ni Jesus ng tinapay bilang despedida, pagkatapos ng dalawang araw nilang pagsunod sa kanya sa ilang na kaburulan.

Hindi lamang sa bilang ng mga tinapay at ng mga kumain nagkakaiba ang dalawang salaysay ng pagpaparami ng mga tinapay. Maraming detalye ang nagsasaad na sa mga Judio naganap ang unang himala at ang pangalawa nama'y sa "mga Griyego" na mga taong may kulturang Griyego at malayo sa pananampalataya ng mga Judio. Bilang halimbawa, ang *mga basket* na binabanggit sa Marcos 6:43 ay ang matigas na basket ng mga Judio, at ang *mga bayong* (8:8) naman ay ang natitiklop na bag ng mga Griyego.

Dalawang beses na pinarami ni Jesus ang mga tinapay: isa ito sa mga kahanga-hanga niyang himala. Hindi lahat ng ekstraordinaryong pangyayari ay himala (gaya ng nakasanayan nang sabihin ng mga tao) kundi 'yon lamang mga nangangailangan ng pagkilos ng Diyos. Binigyan ng tinapay ang mga tagapakinig ni Jesus noong wala silang anumang pagkain.

Pansinin na sa kasaysayan ng Iglesya at hanggang sa kasalukuyang panahon, maraming pangyayari ng pagpaparami ng tinapay para sa mga grupo na ipinamigay ang lahat-lahat sa pananalig sa salita ni Kristo.

alagad para ihain; at inihain nila ang mga
ito sa mga tao. 7 Meron din silang ilang
isda. Binasbasan ito ni Jesus at iniutos na
ihain din ang mga ito.
8 Kumain sila at nabusog at inipon ang
mga natirang pira-piraso – pitong bayong.
9 Apat na libo ang naroon, at saka sila
pinauwi ni Jesus. 10 Agad siyang sumakay
sa bangka kasama ang kanyang mga
alagad at pumunta sa lupain ng Dalma-
nuta.

**Bakit humihingi ng tanda ang lahing ito?**
*(Mt 16:1; Lc 12:54)*

• 11 Dumating ang mga Pariseo at nag-
simulang makipagtalo sa kanya. Gusto
nilang subukan si Jesus at humingi ng
isang makalangit na tanda. 12 Nagbun-
tung-hininga siya at sinabi: "Bakit hu-
mihingi ng palatandaan ang lahing ito?
Talagang sinasabi ko sa inyo: walang
tandang ibibigay sa lahing ito." 13 Kaya
iniwan sila ni Jesus at sumakay sa bangka
patawid sa kabilang ibayo.

14 Nakalimutan nilang magdala ng tina-
pay at isa lang ang dala nila sa bangka.
15 At pinagsabihan sila ni Jesus: "Mag-
ingat at huwag magtiwala sa lebadura ng
mga Pariseo at sa lebadura ni Herodes."
16 At sinabi ng mga alagad sa isa't isa: "Oo
nga, ano? Wala tayong dalang tinapay."

17 Alam ni Jesus ang mga ito kaya si-
nabi niya sa kanila: "Bakit ninyo pinag-
uusapan ang tinapay na wala sa inyo?
Hindi pa ba ninyo maisip at maunawaan?

---

• 11. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 16:1. Inilalahad ng tekstong ito ang mahinang pang-unawa ng mga apostol. Sinasabi ni Jesus sa kanyang mga apostol na mag-ingat sa espiritu ng mga Pariseo (sa pagiging gaya ng mga Pariseo) pero hindi sila nakikinig, mas pinoproblema nila ang pagkaing wala sila sa gabing iyon.

*ANG MGA PARISEO*

May mga tao na walang nakikita liban sa kanilang mga libro at sariling mga idea. Ganito ang mga Pariseo na Batas ng Diyos lamang ang pinahahalagahan.

Hindi nila nakikita ang mga bunga ng pangangaral ni Jesus. Hindi nila nakikita na pinagiginhawa ang mga tao at nagsisimulang mabuhay nang mas maayos. Hindi nila nakikita ang mga nakakadiskubre sa pag-asa at pananampalataya. Hindi nila nakikita kung paano inililigtas ng Diyos ang mga dukha.

*Walang tandang ibibigay sa lahing ito.* Iginagalang ni Jesus ang ating kalayaan at ayaw niya tayong puwersahin kung ayaw man nating kilalanin ang katotohanan.

Sa buong Ebanghelyo, hinaharap ni Jesus ang *mga Pariseo*. Iginagalang at makapangyarihan ang kanilang samahan, at ang kanilang grupo ang pinakakitang-kita sa lipunang Judio. Subalit matindi ang pagsalungat nila kay Jesus. Kung ngayon kaya dumating si Jesus sa ating daigdig, hindi kaya marami rin siyang masasaktan sa mga makapangyarihang samahang panrelihiyon?

Sinasabi ni Jesus: *Huwag magtiwala sa lebadura ng mga Pariseo*, at nililinaw ito sa Ebanghelyo ni Mateo sa pagsasabing ang *mga aral* ng mga Pariseo ang tinutukoy ng lebadura (Mt 16:12). Nangangamba si Jesus na sa pagiging mga simpleng tao ng kanyang mga apostol, baka padala sila sa kaalaman at katanyagan ng mga Pariseo, kaya pinaaalalahanan niya sila na sa maling pundasyon itinayo ng mga taong iyon ang relihiyon.

May paraan ng pagkarelihiyoso ang mga Pariseo na dati na at patuloy pa ring umiiral. Ipagpalagay nating nalaman ng isang seryosong tao na ang paglilingkod pala sa Diyos ang pinakamahalaga sa lahat. Nasa magandang kalagayan ang taong ito sa lipunan, o may mataas na pinag-aralan. At nagpapasya siya ngayong magtrabaho para sa Diyos, lalo na sa paggabay sa iba, na walang gaanong kakayahan, mga mangmang at mga makasalanan.

Handang maglingkod sa Diyos ang Pariseo ngunit dapat namang kilalanin ng Diyos ang kanyang mga paglilingkod at gantimpalaan siya. Ayaw ng Pariseo na magkaroon siya ng anumang utang sa Diyos at talagang iniingatan niya na huwag mahulog sa kasalanan sapagkat hindi niya gustong mangailangan ng pagpapatawad ng Diyos.

Dito nga mismo nagsisimulang maging mali ang mga bagay. Sapagkat walang sinuman ang makakatagpo sa Diyos, maging ang mayaman man at may pinag-aralan, hanggang hindi nila nadidiskubre ang sarili nilang kahinaan at paghihikahos. Saka pa lamang natin mararanasan ang awa ng Diyos at mula sa kapatawarang ito, magsisimula tayong mahalin siya nang buong puso, nang may kapakumbabaan, at nararamdaman nating kapatid tayo ng mga pinakapobre at mga makasalanan.

Alam ng mga Pariseo ang lahat tungkol sa Diyos, liban na lamang sa tunay na mukha ng Diyos at sa kaligayahang bunga ng kapatawaran. Ngunit ang pinakagrabe'y hindi nila alam na ito ang kulang sa kanila. Lagi silang may mga dahilan sa hindi pagkilala sa gawa ng Diyos sa piling ng mga dukha o kung kilalanin man nila ito e lagi naman nila itong minamata.

Iniiwasan ng Pariseo na maging malapit sa iba sa pangambang baka malaman nila ang tunay na mga

Mapurol ba ang inyong pag-iisip? [18] May mata kayong di nakakakita at may taingang di nakakarinig? Hindi na ba ninyo naaalala [19] nang pinira-piraso ko ang limang tinapay para sa limang libo, ilang basket na puno ng mga pira-piraso ang inyong naipon?" At sumagot sila: "Labindalawa." [20] "At nang may pitong tinapay para sa apat na libo, ilang bayong na puno ng mga pira-piraso ang inyong naipon?" At sumagot sila: "Pito." [21] At sinabi ni Jesus: "Hindi pa ba ninyo nauunawaan?"

**Ang bulag ng Betsaida**

• [22] Pagpasok nila sa Betsaida, isang bulag ang dinala sa kanya at hiniling sa kanyang hipuin ito. [23] Inakay ito ni Jesus sa labas ng bayan, pinahiran ng laway ang mga mata nito at ipinatong ang kanyang mga kamay. At saka niya ito tinanong: "May nakikita ka ba?" [24] Tumingin ang tao, at sinabi nito: "Parang mga punongkahoy ang nakikita ko pero lumalakad, tiyak na mga tao ito." [25] Kaya agad na ipinatong ni Jesus ang kanyang mga kamay sa mga mata nito, at nakakilala siya at gumaling, at nakita nga niya nang malinaw ang lahat.

[26] Pinauwi ito ni Jesus sa pagsasabing: "Huwag kang pumasok kahit na sa nayon."

**Ipinahayag ni Pedro ang kanyang pananampalataya**

*(Mt 16:13; Lc 9:18; Jn 6:69)*

• [27] At pumunta si Jesus kasama ang kanyang mga alagad sa mga nayon ng Cesarea ni Filipo. At habang nasa daa'y tinanong niya ang kanyang mga alagad: "Sino raw ako ayon sa mga tao?" [28] Sumagot sila: "May nagsasabing si Juan Bautista ka; may iba pang nagsasabing si Elias ka o isa sa mga propeta kaya."

[29] At tinanong niya sila: "Ngunit ano naman ang sinasabi ninyo kung sino ako?" At sumagot si Pedro: "Ikaw ang Mesiyas." [30] At inutusan niya sila na huwag sabihin kaninuman ang tungkol sa kanya.

[31] At sinimulan niyang ituro sa kanila na kailangang magtiis ng marami ang Anak

---

saloobin niya. Alam niya na meron siyang parehong mga kahinaan gaya ng iba, sa kabila ng mga pagtupad niya, pero hindi niya kayang makalaya sa mga ito dahil hindi niya alam kung paano magpakumbaba para humingi ng tulong sa Diyos. Kaya wala nang nalalabing paraan kundi itago ang kanyang mga pagkakamali sa likod ng walang kapintasang panlabas na ugali kaya nagiging mapagkunwari siya.

*Mag-ingat sa lebadura ng mga Pariseo*, ang sabi ni Jesus.

• 22. Sa pagkakita ng isang bulag mula nang ipanganak, kailangan niya ng panahon para maituon ang kanyang paningin sa mga bagay at matutuhang unawain ang mga nakikita ng kanyang mga mata. Kaya muling ipinapatong ni Jesus ang kanyang mga kamay sa mga mata ng bulag.

Ganito rin para sa mga bagay na espirituwal. Hindi minsanang ibinibigay sa atin ni Jesus ang lahat, kundi unti-unting nagaganap ang pagbabago at pagbabalikloob.

*Huwag kang pumasok kahit na sa nayon*. Sapagkat kung nagkatao'y magdadatingan ang lahat ng tao para makita at mahipo si Jesus at hihingi ng himala. Ngunit para sa tunay na pakikipagtagpo sa mga taong responsable kaya dumating si Jesus.

*SI KRISTO – ANG ANAK NG TAO*

• 27. Wala pa tayo sa kalagitnaan ng Ebanghelyo, ngunit ipinagpapauna na rito ang kalunus-lunos na wakas. Sa unang pagkakataon, inaamin ng mga apostol kung sino ang kanilang Guro.

*Ikaw ang Mesiyas*. Salitang Hebreo ang Mesiyas, na Kristo ang ibig sabihin sa wikang Griyego. Parehong nangangahulugan ang mga ito ng *pinahiran ng Diyos*. Tinutukoy nito ang Tagapagligtas na matagal nang hinihintay. Nadiskubre ng mga apostol na si Jesus ang Kristo, ang Tagapagpalaya. Ngunit itinuturo niya sa kanila na *kailangang magtiis ng marami ang Anak ng Tao*.

Bakit tinatawag ni Jesus ang kanyang sarili na *Anak ng Tao*? May dalawang dahilan. Una, sapagkat isang pahina ng Biblia ang nagpapahayag tungkol sa Anak ng Tao na maluwalhating darating mula sa Diyos matapos matanggap sa kanya ang kapangyarihan para hukuman at pagharian ang lahat ng bansa (Dn 7:13). At ikalawa, sapagkat si Jesus ang ganap na Tao na siyang may dala sa hantungan ng sangkatauhan.

*Kailangang magtiis* si Jesus, dahil ito ang hantungan ng mga tao pagkatapos ng kasalanan. Kailangan siyang magtiis at itakwil ng mga may kapangyarihan dahil ito ang hantungan ng mga nagpapahayag ng katotohanan sa atin. Dapat niyang harapin nang

ng Tao. Itatakwil nga siya ng mga Mata-
tanda ng bayan, ng mga punong-pari at ng
mga guro ng Batas. Papatayin siya at
muling babangon pagkatapos ng tatlong
araw. [32] At buong-tapang siyang nagsalita.
Dinala naman siya ni Pedro sa isang tabi at
sinimulan siyang pagsabihan. [33] Ngunit
pagtalikod ni Jesus, nakita niya na naroon
din ang kanyang mga alagad. Kaya
pinagsabihan niya si Pedro: "Sa likod ko,
Satanas! Hindi sa Diyos galing ang iniisip
mo kundi mula sa tao."

**Kunin mo ang iyong krus**
*(Mt 16:24; Lc 9:23)*

• [34] At tinawag ni Jesus ang kanyang
mga alagad pati ang mga tao, at sinabi:
"Kung may gustong sumunod sa akin,
itakwil ang kanyang sarili at kunin ang
kanyang krus para sumunod sa akin.
[35] Sapagkat ang naghahangad na maglig-
tas ng kanyang sarili ay mawawalan nito,
at ang mawawalan ng sarili alang-alang
sa akin at sa ebanghelyo ang magliligtas
nito.
[36] Ano ang pakinabang ng tao tubuin
man niya ang buong daigdig kung sarili
naman niya ang mawala? [37] At ano ang
maibibigay ng tao para mabawi ang kan-
yang sarili? [38] Ang ikinahihiya ako at ang
aking mga salita sa harap ng di-tapat at
makasalanang lahing ito ay ikahihiya rin
ng Anak ng Tao pagdating niyang taglay
ang luwalhati ng kanyang Ama, kasama
ng mga banal na anghel."

**Pagbabagong-anyo ni Jesus**
*(Mt 17:1; Lc 9:28)*

**9** • [1] At idinagdag ni Jesus: "Toto-
ong sinasabi ko sa inyo na di daranas
ng kamatayan ang ilan sa mga naririto
hanggang hindi nila nakikita ang kaharian
ng Diyos na dumarating na may kapang-
yarihan."

---

kusang-loob ang kanyang kamatayan sapagkat ang pagsasakripisyo ng sarili na malayang tinatanggap ang tanging paraan para iligtas ang daigdig.

*MATUTONG "IWALA" ANG SARILI*

• 34. Kailangang "iwala" ang sarili:

– Ang iwala ang sarili tulad ni Abraham na sa kanyang katandaa'y pumunta sa ibang lupain.

– Ang iwala ang sarili tulad ni Moises na pumayag maging pinuno ng isang iresponsableng bayan.

– Ang iwala ang sarili tulad ni Maria na pumasok sa naiibang landas kaya walang sinumang makauunawa o makatutulong sa kanya.

– Ang palayain ang sarili sa pansamantalang buhay na ito para maisilang na muli ng Diyos, tulad ng sinabi ni Ignaciong martir. Hinatulan siyang lamunin ng mga leon, ngunit sinabi niya: "Trigo ako ng Diyos; maaari akong ligisin ng mga ngipin ng mababangis na hayop para gawin akong dalisay na tinapay ni Kristo. Ipinako na sa akin ang mga hilig ng laman, wala na ang apoy ng laman na makasusunog sa akin kundi isang bukal ang sumibol sa akin na bumubulong at sinasabi sa akin mula sa loob: Tayo na sa Ama."

*Kunin ang kanyang krus*. Sinasabi sa atin ni Jesus na ang pagsunod sa kanya ay pagsunod sa iisang landas na naghatid sa kanya sa krus. Para marating ang ating paglago at pamumunga, kailangang *itakwil ang sarili* o makipagsapalaran at itaya ang ating sarili para sa dakila at mabuting bagay sa halip na maging segurista para sa ating kinabukasan. Hanapin natin ang klase ng pamumuhay na maghahatid sa atin na mapagtagumpayan ang sarili sa daan ng pag-ibig, at tanggapin na maaari ngang isang kabiguan ang ating buhay ayon sa pag-iisip ng mga tao (Lc 17:33; Jn 12:23-25).

Pagkuha sa ating krus, na malaya at masunuring pagpasan sa mga sakripisyong ipinapanukala sa atin ng Ama sa araw-araw. At mula rito, may natatagpuan tayong mas kahanga-hanga pa kaysa ating isinakripisyo: higit na kalayaan ng kalooban at mas malalim na kaligayahan (Mc 10:30).

Isipin ang sinasabi ni Jesus: *sa akin, alang-alang sa akin,* at hindi: *sa Diyos, alang-alang sa Diyos*. Sapagkat dumating ang Diyos sa katauhan ni Jesus para kumatok sa ating mga pintuan at magpanukala sa atin ng mga kongkretong komitment.

*Ang ikinahihiya ako at ang aking mga salita*. Ang sumasampalataya na nagsasabuhay sa mga salita ni Kristo nang hindi natatakot sa maaaring hingin sa kanya ng mga salitang ito ay walang-awa namang inaatake ng mga mismong pumupuri pa sa relihiyong Kristiyano at nagsasabing mga Kristiyano sila. Sapagkat nabubuhay tayo sa gitna ng *di-tapat na lahi* na ibig sabihi'y mga taong hindi nga itinatakwil ang Diyos sa salita pero may iba namang diyos na pinagsisilbihan (Mt 6:24; Jn 8:42).

• **9.1** Nasa kalagitnaan ng Ebanghelyo ni Marcos *ang pagbabagong-anyo* ni Jesus.

Hindi walang dahilan kaya sila *isinama ni Jesus* at *umakyat sa bundok na sila lamang ang kasama,* gaya ni Moises na umakyat din sa Bundok Sinai para makatagpo ang Luwalhati ng Diyos. May ilang kundisyon ng pag-iisa ang naghahanda sa tao para matanggap ang mga pagpapahayag ng Diyos (Mt 4:8; 28:16).

2 Pagkaraan ng anim na araw, isinama
ni Jesus sina Pedro, Jaime at Juan, at
umakyat na sila lamang ang kasama sa
isang mataas na bundok. At nagbago ang
anyo ni Jesus sa harap nila 3 at kuminang
na puting-puti ang kanyang damit, na
walang makapaglalabang simputi niyon
sa lupa. 4 At napakita sa kanila sina Elias
at Moises na nakikipag-usap kay Jesus.

5 Kaya nagsalita si Pedro at kanyang
sinabi: "Panginoon, mabuti at narito tayo.
Gagawa kami ng tatlong kubol: isa para
sa iyo, isa para kay Moises, at isa para kay
Elias." 6 Nasindak sila kaya hindi niya ma-
laman kung ano ang sasabihin.

7 At may ulap na lumilim sa kanila. At
narinig mula sa ulap ang salitang ito: "Ito
ang aking Anak, ang Minamahal, pakingg-
gan ninyo siya." 8 At biglang-bigla, pagti-
ngala nila, wala silang nakita liban kay
Jesus na kasama nila.

9 At pagbaba nila mula sa bundok, inu-
tusan niya sila na huwag sabihin kaninu-
man ang nakita nila hanggang makaba-
ngon ang Anak ng Tao mula sa mga patay.
10 Iningatan nila ang bagay na ito sa ka-
nilang sarili pero nagtanungan sila kung
ano ang pagbangon mula sa mga patay.

**Ang pagdating ni Elias**

• 11 Tinanong naman nila siya: "Bakit
sinasabi ng mga guro ng Batas na dapat
munang pumarito si Elias?" 12 At sinabi
niya: "Mauuna ngang dumating si Elias
para ayusin ang lahat ng bagay. Ngunit
bakit naman nasusulat tungkol sa Anak
ng Tao na dapat siyang magtiis nang
marami at lapastanganin? 13 Sinasabi ko

---

Sino ba si Jesus? Nasagot na ni Pedro ang tanong na ito pero ngayon, ang Ama mismo ang nagbibigay ng sagot. Si Jesus ang *Anak, ang Minamahal:* tanging sa Anak lamang na kabahagi at kaisa ng Ama sa kanyang pagkadiyos masisiyahan ang Walang-hanggang Pag-ibig ng Ama. Si Jesus ang *Hinirang* o Tagapagligtas na ipinahayag ng mga propeta (Is 42:1 at Lc 3:21).

*Sina Elias at Moises*: pinuntahan si Jesus ng dalawang pinakamahalagang tauhan sa Biblia. Maraming beses nang nagsalita ang Diyos at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta (Heb 1:1) ngunit ibinibigay niya ngayon ang lahat ng puwede niyang ibigay sa atin sa pagpapadala sa kanyang Anak: *Pakinggan ninyo siya* (tingnan ang Dt 18:19) bilang Propetang tumitipon sa kanyang sarili sa lahat ng propeta.

*May ulap na lumilim sa kanila*. Ito rin ang ulap na binabanggit sa maraming kabanata sa Biblia na kapwa naglalahad at nagkukubli ng mahiwagang presensya ng Diyos (Ex 19 at 1 H 8:10).

*Nasindak* ang mga alagad nang makita nilang nasa misteryo sila mismo ng Diyos.

Nang gumawa si Jesus ng mga himala sa mga maysakit, at kahit na sa mga puwersa ng kalikasan, ipinakita niya na hindi permanente ang kasalukuyang kalagayan ng daigdig. Nakabukas na ngayon nang kaunti ang tabing: maunawaan sana ng mga apostol na palapit na sa kanyang Pagkabuhay na muli ang Anak ng Tao, na tawag ni Jesus sa kanyang sarili. Kaunting panahon na lamang at bibitayin siya ng kanyang mga kababayan sa krus. At kaunti ring panahon na lamang at ibibigay sa kanya ng Ama ang "Luwalhating" nakalaan sa kanya. Ang maningning na ulap, ang kumikinang na puting damit ay mga panlabas na palatandaang may inilalahad sa atin tungkol sa hiwaga ni Jesus: sa araw na mabuhay siya mula sa mga patay, mababago ang buo niyang pagkatao, pinalawak at puspos ng lakas ng Diyos para mapunuan naman niya ang lahat-lahat sa bawat isa.

Ito ang sagot ng Ama sa mga apostol na naghihintay sa isang kaharian ng Diyos, isang ginintuang panahon, isang daigdig ng katarungan na bumaba sa lupa mula sa langit. Hindi paraiso sa lupa ang inihanda niya para sa atin kundi inaalok niya tayong magdusang kasama ng kanyang Anak para mabago niya tayo kahit na sa buhay na ito sa paraang mahiwaga para sa atin.

Sa pagbabagong-anyo, isang sulyap sa buhay at luwalhati ni Jesus ang ibinigay sa mga apostol. Waring naging isang bagong karanasan sa Diyos ang pagkakita nila sa luwalhati ni Kristo. Napakatindi nito kayat gusto nilang manatili roon na si Jesus lamang ang kasama at kalimutan na ang lahat. Nadiskubre nila na kayang punuin ng Panginoon ang kanilang buhay.

• 11. Sa pagbaba ng mga apostol sa bundok, medyo hindi sila mapalagay: "Bakit ang nalalapit niyang kamatayan ang pinag-uusapan nila nina Moises at Elias?" (tingnan sa Lc 9:31). Nakakapit sila sa kanilang mga ilusyon, at may nakikita silang dahilan sa Biblia para ipalagay na di daranas si Jesus ng matinding oposisyon. Sapagkat maraming teksto ang nagsasabing matapos dalhin sa langit si Propeta Elias (2 H 2), hinihintay niya roon ang pagdating ng Taga-pagligtas at darating siya nang may kapangyarihan para ihanda ang pagdating at tagumpay nito (Mal 3:1; 4:22).

Ngunit inuulit ni Jesus ang nasabi na niya: ipino-propesiya rin ng Biblia na itatakwil siya at magdurusa. At saka niya sila inaanyayahan na huwag intindihin nang literal ang Biblia. Hindi si Elias mismo ang

sa inyo na dumating na si Elias at pinaki-
tunguhan nila siya ayon sa kanilang
kagustuhan, tulad ng nasusulat."

**Pinagaling ni Jesus ang batang may epilepsi**
*(Mt 17:14; Lc 9:37; 17:6)*

14 Pagbalik nila sa mga alagad, nakita
nila ang napakaraming tao na nakapa-
libot sa kanila at nakikipagtalo sa kanila
ang mga guro ng Batas. 15 Namangha ang
lahat pagkakita sa kanila, at tumakbo sila
para batiin siya.
16 Itinanong naman niya sa kanila:
"Bakit kayo nakikipagtalo sa mga ito?"
17 At sinagot siya ng isang lalaki mula sa
mga tao: "Guro, dinala ko sa iyo ang
aking anak na lalaki na inaalihan ng isang
piping espiritu. 18 At kung hinahagip siya
nito, inilulugmok siya sa lupa; nagbubula
ang kanyang bibig, nagngangalit ang mga
ngipin at naninigas. Hiningi ko sa iyong
mga alagad na palayasin ito pero hindi
nila kaya."
19 Sumagot si Jesus: "Salinlahing wa-
lang pananampalataya! Gaano pa katagal
akong mananatili sa piling ninyo? Hang-
gang kailan ako magtitiis sa inyo? Dalhin
siya rito sa akin."
• 20 At pinalapit nila siya kay Jesus.
Pagkakita sa kanya ng espiritu, pinanga-
tog nito ang bata at inilugmok sa lupa
kaya nagpagulung-gulong siya at bumu-
bula ang bibig. 21 Tinanong naman ni Je-
sus ang ama: "Gaano na katagal na nang-
yayari ito sa kanya?" 22 At sumagot ang
ama: "Mula pa sa pagkabata at madalas
nga siyang inihahagis sa apoy o sa batis
para patayin. Ngunit kung kaya mo,
maawa ka sa amin at pakitulungan kami."
23 Sinagot siya ni Jesus: "Ano itong
'kung kaya mo'? Lahat ay posible sa
sumasampalataya." 24 At agad na sumi-
gaw ang ama ng bata sa pagsasabing
"Sumasampalataya ako pero tulungan
mo ang kakulangan ko ng pananam-
palataya."
25 Nakita ni Jesus na nagsisitakbo at
lumalapit na ang mga tao kaya iniutos
niya sa masamang espiritu: "Pipi at
binging espiritu, inuutusan kitang luma-
bas sa kanya at huwag nang bumalik."

---

dumating na o darating pa kundi si Juan Bautista ang dumating na bilang bagong Elias (Lc 1:16-17).

• 20. *Lahat ay posible sa sumasampalataya.* Lahat ay posible para sa Diyos ngunit walang nagaganap na himala na hindi sagot ng Ama para sa mga naghihintay nito: tingnan sa Mc 5:21.

*Bakit hindi namin napalayas ang espiritu?* Nagtataka ang mga apostol: Di ba't binigyan sila ni Jesus ng kapangyarihan sa mga demonyo? Pero hindi nila namamalayan na kulang ang kanilang pananampalataya. Madali nilang nalilimutan ang napakalaki nilang agwat sa kanilang Guro. Para sa kanila ang mabibigat na salita ni Jesus: "*Lahing walang pananampalataya!*" Napakarami nga ang nag-aakalang magagaling na mananampalataya sila ngunit sa totoo'y ni wala pang anumang napapagagalaw ang kanilang pananampalataya.

*Sa panalangin lamang mapalalayas ang ganitong klaseng espiritu.* Malamang na ilan sa mga binabanggit sa mga Ebanghelyo na sinasapian ng demonyo ay may sakit lamang sa utak at mapagagaling sa pamamagitan ng lakas-magnetiko, sa pagpapatong ng mga kamay (Marcos 6:5). Pero hindi ang batang ito. May mga pagkakataong natatagpuan na lamang natin ang ating sarili gaya ni Jesus na malapit sa kapangyarihan ng Masama, at panalangin ang kailangan para mapagtagumpayan ito.

Sa Ebanghelyo ni Marcos, apat na beses lang na tinatalakay ang panalangin at sa napakakaunti pang mga salita. Sapagkat hindi bago para sa mga Judio ang panalangin. Sapat na sa kanila na buksan ang Biblia para matunghayan ang mga Salmo na mga kahanga-hangang panalangin.

Ngunit ano ba ang panalangin? Ito ang pagtutuon ng ating espiritu sa Diyos. May libu-libong paraan ng pagdarasal o pagtutuon ng ating espiritu sa Diyos, sa pagsisikap na maabot siya at sa pakikinig sa kanya: ang pagdarasal ng mga Salmo at iba pang mga panalangin ng Iglesya, pagninilay sa rosaryo, pag-awit, pagbabasa ng Biblia, meditasyon... pero walang ibang layunin ang lahat ng panalanging ito kundi ang maibigay sa atin ng Panginoon ang diwa ng panalangin upang magawa nating makipag-ugnayan sa Diyos sa kaibuturan ng ating espiritu kahit na sa ating paggawa at pagtutuon ng ating isipan sa ating gawain.

Ipinakikita sa atin ni Jesus sa mga pahinang ito ang paraan ng pagpapalayas sa demonyo. Sapagkat pinararami ng masamang espiritu ang mga hadlang para masiraan tayo ng loob sa oras na makita niyang desidido tayong sumunod kay Kristo (Mt 12:43; 13:19).

[26] Nagsisigaw ang espiritu at inilugmok
ang bata sa lupa bago lumabas. At ani-
mo'y patay ang bata kaya marami ang
nagsabing "Namatay." [27] Ngunit pagkaha-
wak ni Jesus sa kamay nito, pinabangon
niya ito at pinatindig.
[28] Pagkapasok ni Jesus sa bahay,
tinanong siya ng mga alagad nang sari-
linan: "Bakit hindi namin napalayas ang
espiritu?" [29] Sinabi ni Jesus sa kanila: "Sa
panalangin lamang mapalalayas ang
ganitong klaseng espiritu."

**Muling ipinahayag ni Jesus ang kanyang paghihirap**

*(Mt 17:22; Lk 9:43)*

• [30] Umalis sila roon at nagsimulang du-
maan sa Galilea. Gusto niya na walang
sinumang makaalam [31] sapagkat tinu-
turuan niya ang kanyang mga alagad. At
sinabi niya sa kanila: "Ibibigay ang Anak
ng Tao sa kamay ng mga tao. Papatayin
nila siya ngunit pagkapatay nila sa kanya,
babangon siya sa ikatlong araw." Kaya
lubha silang nalungkot. [32] Hindi nila ito
naintindihan at hindi rin sila nangahas
magtanong sa kanya.

**Kung may gustong mauna**

*(Mt 18:1; Lc 9:46; 18:17; 22:24)*

• [33] Pagdating nila sa Capernaum, nang
nasa bahay na siya, tinanong niya sila:
"Ano ang pinag-uusapan ninyo sa daan?"
[34] At hindi sila umimik; pinagtatalunan
nga nila sa daan kung sino ang mas una.

• [35] Kaya naupo siya at pagkatawag sa
Labindalawa ay sinabi sa kanila: "Kung
may gustong mauna, maging huli siya sa
lahat at lingkod ng lahat."
[36] At pagkakuha niya sa isang maliit
na bata, pinatayo ito sa gitna nila at
inakbayan at saka sinabi sa kanila:
[37] "Ako ang tinatanggap ng sinumang

---

• 30. Kaunting panahon na lamang ang nalalabi kay Jesus. Inilalaan niya ngayon ang kanyang sarili higit sa lahat sa paghahanda sa grupo ng mga apostol. Maaatang sa mga ito ang mabigat na responsabilidad ng pagpapatuloy sa kanyang gawain. *Hindi nila naintindihan* ang tungkol sa kanyang kamatayan at pagkabuhay: hindi maiintindihan ang mga bagay na ito hanggang hindi nagaganap. Mas gusto nilang huwag magtanong o makaalam kaya iniwan nilang nag-iisa at malayo si Jesus.

*ANG MGA LINGKOD*

• 33. Bumalik ang mga apostol sa Capernaum na sentro ng mga pagmimisyon, at malamang na *sa bahay* ni Simon Pedro sila tumuloy.

Ipinangaral nila ang Kaharian ng Diyos, gumawa ng mga mahimalang pagpapagaling at nagpalayas din ng mga demonyo. Ngunit wala pa rin sa kanila ang pinakamahalaga sa lahat: ang maging mapagpakumbaba.

Sumusunod din tayo kay Kristo, isinasakripisyo rin natin ang ating sarili para sa kanya, itinatalaga natin ang sarili sa paglilingkod sa pamayanan, mukha tayong mabubuting Kristiyano, at gumagawa ang Panginoon ng mga himala, malaki man o maliit, sa pamamagitan ng ating mga kamay... Maihahambing kaya natin ang ating mga sarili sa ating kapwa? May karapatan ba tayong igiit ang ating mga sarili sa ating kapwa kung ang mga paglilingkod ng iba ang mas gusto nila? Dapat ba nating ituring ang sarili na mga guro ng mga hindi makaabot sa ating kalagayan?

*ANG DANGAL NG TAO*

• 35. Kasinghalaga ng una ang huling pangungusap ni Jesus: *Sinumang tumatanggap sa isa sa mga batang ito nang dahil sa aking pangalan...* Dito nasasalig para sa atin ang dangal o dignidad ng tao, na binigyang-karangalan ni Kristo.

Hindi hinihintay ng Diyos na mabinyagan tayo bago niya makilala ang kanyang Anak sa atin. Nilikha niya tayo "kay Kristo". Nangangahulugan ito na nilikha ang bawat isa sa atin para taglayin natin ang pagkakahawig sa kanyang Anak: tingnan ang sinasabi ni Pablo sa mga taga-Efeso (kab. 1).

Pero mas dakila naman siyempre ang pagtawag sa atin ng Diyos na maniwala at ang pagpili niya sa atin na makibahagi sa misyon at buhay ng kanyang Iglesya.

Laging itinuturo ng Iglesya ang dakilang dangal ng tao, at sa wakas ay nakumbinsi ang mundo. Higit sa lahat, itinuro sa atin ng mga martir ang higit na halaga ng tao kaysa anumang klase ng interes o sama-samang pagkakabigkis-bigkis. Ngunit imposibleng ihiwalay ang dangal na ito ng tao sa kanyang relasyon sa Ama. At ito ang hindi masyadong gustong unawain ng tao sa kasalukuyan. Para sa hindi naniniwala sa batayang ito, mas mahirap ang pag-iintindi at pagtatanggol sa mga karapatan ng tao.

Hindi ang kakayahang mag-isip at magmahal ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa tao, kundi masasabi natin sa Diyos, "Ikaw ang aking Ama," at tinitingnan naman tayo ng Diyos sa pagsasabing "Anak kita."

tumatanggap sa isa sa mga batang ito sa
aking pangalan. At hindi ako kundi ang
nagsugo sa akin ang tinatanggap ng
sinumang tumatanggap sa akin."

• 38 Sinabi naman sa kanya ni Juan:
"Guro, nakita namin ang isang di natin
kasama na nagpapalayas ng mga demon-
yo sa bisa ng iyong pangalan. Ngunit
pinigil namin siya dahil hindi natin siya
kasama." 39 At sinabi ni Jesus: "Huwag
ninyo siyang pigilan. Wala ngang gu-
magawa ng himala sa bisa ng aking pa-
ngalan na agad na magsasalita laban sa
akin. 40 Kampi sa atin ang di laban sa atin.

41 At kung may magpainom sa inyo ng
malamig na tubig alang-alang sa aking
pangalan dahil kay Kristo kayo, talagang
sinasabi ko sa inyo na hindi siya mana-
natiling walang gantimpala.

**Kung ang mata mo ang nagtutulak sa iyo sa pagkakasala**
*(Mt 18:6; 5:13; Lc 17:1)*

• 42 Ngunit kung may tumisod at mag-
padapa sa isa sa maliliit na ito na
naniniwala, mas makabubuti pa para sa
kanya na itapon siya sa dagat na may
taling malaking bato sa kanyang leeg.
43 Kung ang kamay mo ang nagtutulak

---

*MGA IGLESYANG HIWALAY*

• 38. Habang inihahanda ni Jesus ang kanyang mga apostol na gusto niyang pamahalain sa kanyang Iglesya, may iba namang nangangaral ng Ebanghelyo at nagpapalayas ng mga demonyo. Ganito rin naman sa ngayon, sa labas ng Iglesya Katolika na Iglesya ng mga apostol, may iba't iba pang denominasyong Kristiyano na gumagawa ng mga gawain ng mga apostol.

Maraming positibong aspekto ang pag-eebanghelyong ito sa labas ng Iglesya na kung minsan pa nga'y laban sa Iglesya, na nagsisilbing hamon sa kanya. Kung may ibang nag-eebanghelyo, maaaring dahil ito sa maraming tao ang hindi naaabot ng pag-eebanghelyo ng Iglesya, at ang Diyos mismo ang tumutulong sa kanila para gawin ang trabahong hindi natin ginagawa. Kung nagtatatag sila ng mga Iglesyang hiwalay at pumupunta sa kanila ang mga tao, maaaring dahil ito sa maraming kailangang baguhin ang Iglesya Katolika sa sarili nito. Sapagkat hindi tinototoo ng maraming Katoliko ang Ebanghelyo, sapagkat nasanay na ang mga Katoliko sa parokya na huwag magkusa o magsimula kaya, at ipinauubaya na lamang ang lahat sa mga pari at mga madre, sapagkat pakiramdam ng mga tao'y nasa panig ng mayayaman ang Iglesya, sapagkat... Kung sa pamamagitan ng pagsisikap ng ibang mga Iglesya'y iniiwan ng mga dukha ang kanilang mga bisyo at nadidiskubre kung ano ang pamayanang Kristiyano, isang mabuting bagay ito na dapat nating ikatuwa.

Sa pagsasabi nito, huwag nating kalimutan na maraming yaman ng tradisyong Kristiyano ang kalimita'y nawawala sa mga umaalis sa Iglesya, lalo na ang katiyakang kailangang tubusin at iligtas ang lahat sa tao, at ang may kagalakan at kapakumbabaang paniniwala at pagsasabuhay sa kalooban ng Ama na isinasagisag ni Maria.

Maraming bagay sa mga Iglesyang ito ang para bang wala sa lugar: paggamit sa himala sa pagpapalaganap at propaganda, pagsasamantala sa mga maysakit. Gayundin ang pananakot sa mga parusa ng Diyos, ang matinding pagbatikos sa Iglesya Katolika... At pinakagrabe pa'y namimili ng mga teksto sa Biblia ang bawat isa na naaangkop sa pansariling layunin kayat nagtatayo ng kanya-kanyang relihiyon ang bawat isa. At sa dakong huli'y nagkukulong sila sa kanilang mga kulto, malayo sa "daigdig", at kinalimutan nang pagliligtas sa daigdig ang kalooban ng Ama, at pinahihirap nila na maging malaya ang mga tao at bukas sa lahat ng mabuti. Ginagawa nilang imposible ang ekumenismo na pag-uusap at sama-samang paghahanap kaisa ng iba pang mga Kristiyano.

Subalit dapat nating aminin na kung minsa'y tayo mismo ang nagpapakita ng parehong mga depektong pinupuna natin sa kanila. Kaya naman kailangan tayong maniwala na kahit paano'y gumagawa rin ang Diyos sa pamamagitan ng mga magkakalabang Iglesya. Nakalulungkot nga't nagtatayo ng Iglesyang gusto niya ang bawat isa. Kaya sinusuway niya ang kalooban ni Kristo na nagtatag ng kanyang Iglesya para maging isa at kaisa-isahan, at sinusuway rin ang kalooban ng Ama na sa paglalagay sa mga apostol ni Jesus bilang mga batong pundasyon ay niloob na siya ang maging at manatiling nag-iisang may-ari ng *kanyang* Iglesya.

Ngunit walang lugar para sa inggit o pagkamuhi sapagkat sa Diyos galing ang lahat ng gawang mabuti, at sino nga ba naman ang makapipinsala sa atin kung ginagawa natin ang gawa ng Diyos?

• 42. *Kung may tumisod at magpadapa:* tingnan ang paliwanag sa Mateo 18:6.

*Kaysa matapon sa impiyerno* (b. 45). *Gehenna* ang salitang ginagamit sa teksto, na isang paraan ng pagtukoy sa impiyerno.

*Pumasok sa buhay... pumasok sa kaharian:* iisang bagay lamang ang mga ito. Ang kaharian ng Diyos ay hindi isang lugar na paglalagyan sa atin ng Diyos kundi isang buhay na pumapasok sa atin. Ito ang pakikipagtagpo ng tao sa kanyang sarili, ang ganap na katuparan ng lahat ng ating kakayahan, ang lubos na pakikipag-

sa iyo sa kasalanan, putulin mo ito. Mas
mabuti pa sa iyo ang pumasok na ping-
kaw sa buhay kaysa matapon sa walang
hanggang apoy ng impiyerno na may
dalawang kamay. 45 At kung ang paa mo
ang nagtutulak sa iyo sa kasalanan,
putulin mo ito. Mas mabuti pa sa iyo ang
pumasok na pilay sa buhay kaysa mata-
pon sa impiyerno na may dalawang paa.
47 At kung ang mata mo ang nagtutulak sa
iyo sa kasalanan, itapon mo ito. Mabuti pa
sa iyo ang pumasok sa kaharian ng Diyos
na may isang mata kaysa matapon sa
impiyerno na may dalawang mata,
48 kung saan *walang tigil ang mga uod sa
kanila at walang kamatayan ang apoy.*
49 Buburuhin nga ng apoy ang lahat.

50 Mabuti ang asin ngunit kung tuma-
bang ang asin, paano ninyo ito mapaaalat
uli? Magkaroon kayo ng asin sa inyong
sarili at mabuhay sa kapayapaan sa isa't
isa."

**Diborsiyo**

*(Mt 19:1; 5:31; Lc 16:18)*

**10** • 1 Umalis doon si Jesus at nag-
punta sa probinsya ng Judea, sa
kabilang ibayo ng Ilog Jordan. At na-
pakaraming tao na naman ang nagdati-
ngan. At muli niya silang tinuruan gaya
nang dati. 2 At lumapit ang ilang Pariseo
na gusto siyang subukan at tinanong nila
siya: "Pinahihintulutan bang diborsiyuhin
ng lalaki ang kanyang asawa sa anumang
dahilan?" 3 Itinanong naman niya: "Ano
ang iniutos sa inyo ni Moises?" At sinabi
nila: 4 "Ipinahintulot ni Moises na *paalisin
ang babae pagkabigay sa kanya ng kasu-
latan ng diborsiyo.*"

5 Sinabi naman ni Jesus sa kanila:
"Alam ni Moises na matigas ang inyong
puso kaya sinulat niya ang kautusang ito.
6 Ngunit sa simula'y *ginawa sila ng
Maykapal na lalaki at babae,* 7 at dahil
dito, *iiwan ng lalaki ang kanyang ama at*

---

buklod natin sa Diyos kung saan binabago ang mga anak sa pagkakahawig sa Ama.

*Magkaroon kayo ng asin sa inyong sarili* (b. 50). Dito nagtatapos ang diskursong hatid ng pagtatalo ng mga apostol (9:34). Kailangan siyempre nating gawing lingkod ng iba ang ating sarili (9:35). Ngunit hindi ito nangangahulugan na dapat tayong paapi. Nangangahulugan ng pagiging mapanlikha at ng mga talentong nasa bawat isa *ang asin*. Maging mga tao tayong puno ng buhay, kahit na mangahulugan man ito ng pag-aaway kung minsan, ngunit laging may pagpapahalaga sa pagpapanatili ng pagtitiwalang-kapatid at pagrespeto sa isa't isa.

*ANG PAG-IISANDIBDIB*

(Tingnan ang paliwanag sa Mateo 19:6.)

• **10.**1 Maliwanag na inilalahad ng Biblia ang plano ng Diyos tungkol sa pagkakaiba ng mga sex sa sangkatauhan. *Ginawa niya silang lalaki at babae*, na ibig sabihi'y dalawang maybuhay na hindi kumpleto na kailangang makipagbuklod sa isa't isa para bumuo ng isang buong-tao. Ginawa silang pantay ng Diyos at gusto niyang pagbuklurin sila sa pag-iisandibdib sa mga bigkis na mas matibay pa kaysa namamagitan sa mga magulang at mga anak (Gen 1:26; 2:24).

Ngunit sa totoo'y hindi inirespeto ng mga tao ang plano ng Diyos, at may dalawang dahilan ito:

Una, sa napakaraming sambayanan, dahil mas malakas ang mga lalaki kaysa mga babae, itinuring nila na sila ang may-ari sa kanilang mga maybahay. Para sa mga babae, isang krimen ang pakikiapid ngunit ipinagmamalaki naman ng mga lalaki ang pagkakaroon ng maraming babae.

Ikalawa, sadyang hindi marunong magmahal ang mga tao ayon sa pamamaraan ng Diyos (dahil nagmamahal sila nang walang Diyos) dahil nagmamahal sila nang hindi talaga ibinibigay nang buung-buo ang sarili, at pansamantala lamang ang kanilang pagmamahal. Para naman sa Diyos, laging magkasama ang pag-ibig at katapatan. Matapat ang Diyos sa kanyang minamahal. Pinatunayan niya ito nang maligaw ang taong kanyang nilikha: gayon na lamang ang kanyang katapatan at niloob niyang maging Manunubos ng lahat.

Pag-ibig at katapatan ang batas ng pag-iisandibdib ng mag-asawa. Wala nang iba pang paraan. Deretsahan ang mga salita ni Jesus at ang mga suliraning iniharap sa kanya ng kanyang mga alagad para mapangatwiranan ang diborsyo ay hindi naghatid sa kanya para baguhin niya ang kanyang paninindigan. Paano kung ang isa sa mag-asawa ay magtaksil? Sa ganitong pangyayari, hindi maituturing ng sinuman sa kanila na malaya na siya sa lahat niyang pangako at pananagutan. Ganito ang pagkakaintindi ng Iglesya sa kabila ng pagpapamalas ng pang-unawa at malasakit sa biktima ng kataksilan (Mt 5:31).

*Hindi na sila dalawa*. Sinabi sa Genesis: magiging iisang laman ang dalawa (2:24). At maaaring intindihin ito bilang isang huwaran na sisikaping marating ng mag-asawa. Pero sinasabi ni Jesus: *hindi na sila dalawa kundi iisang katawan lamang* kaya ang bigkis

*ina at magiging iisang katawan ang dalawa.* [8]Kung gayo'y hindi na sila dalawa kundi iisang katawan lamang [9]kaya huwag paghiwalayin ng tao ang pinagbuklod ng Diyos."

[10]Nang nasa bahay na sila, tinanong siyang muli ng mga alagad. [11]At sinabi niya sa kanila: "Kung may lalaking magpaalis sa kanyang asawa at saka magpakasal sa iba, nakiapid na siya. [12]At kung ang babae naman ang magpaalis sa lalaki at magpakasal sa iba, nakikiapid din siya."

**Palapitin sa akin ang mga bata**
*(Mt 19:13; Lc 18)*

• [13]May nagdala naman kay Jesus ng mga bata para hipuin niya sila. Ngunit pinagalitan ng mga alagad ang mga taong may dala sa kanila.

[14]At pagkakita ni Jesus, nagalit siya at sinabi sa kanila: "Pabayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata. Huwag ninyo silang pigilan. Sa mga tulad nga nila ang kaharian ng Diyos. [15]Talagang sinasabi ko sa inyo: hindi papasok sa kaharian ng Diyos ang di tumatanggap dito gaya ng isang maliit na bata." [16]At pagkakalong sa kanila ni Jesus, ipinatong niya sa kanila ang kanyang mga kamay para basbasan sila.

**Si Jesus at ang mayamang lalaki**
*(Mt 19:16; Lc 18:18)*

• [17]At nang palakad na siya, isang tao ang patakbong sumalubong sa kanya at paluhod na nagtanong: "Mabuting guro, ano ang dapat kong gawin para magmana ng buhay na walang hanggan?"

[18]Sumagot sa kanya si Jesus: "Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti kundi ang Diyos lamang. [19]Alam mo ang mga utos: *Huwag papatay, huwag makiapid, huwag magnakaw, huwag manirang-puri sa kapwa, huwag mandaya, igalang ang iyong ama at ina."*
[20]Sinabi sa kanya ng tao: "Sinunod ko ang lahat ng ito mula pagkabata, ano pa ang kulang ko?"

[21]Kaya tinitigan siya ni Jesus at minahal siya, at sinabi: "Isa ang kulang sa iyo. Umuwi ka at ipagbili ang lahat ng iyo

---

na di masisira ang nagbubuklod sa kanila sa pagiisandibdib nila.

*Huwag paghiwalayin ng tao.* Hindi tuwirang kinokondena rito ni Jesus ang mga nakikipagdiborsiyo (dahil alam niyang napakaraming mga katwiran). Sa halip ay ipinagkakait niya ang kapangyarihan sa mga pumapayapa sa mga konsiyensya ng mga nakipagdiborsiyo, na para bang walang anumang hinihingi sa kanila ang Diyos.

• 13. Kahit na wala siyang sariling mga anak binubuksan pa rin ni Jesus para sa lahat ang yaman ng kanyang puso. Humahanga siya sa hiwaga ng buhay na nagsisimulang punung-puno ng pag-asa, at nadidiskubre niya ang pagkakahawig sa Ama ng mga batang iyon na di niya kilala. Tinatawag tayo ni Jesus na umasa, kayat paano niya malilimutan na ang mga bata ang siya ring pag-asa natin?

*Ang di tumanggap sa Kaharian ng Diyos gaya ng isang maliit na bata.* Dapat tayong maging gaya ng mga bata para makapasok sa kaharian ng Diyos. Dapat nating kalimutan ang ating karunungan at paging sapat sa sarili, pati ang kapaitan ng mga nakalipas na karanasan para matanggap ang mga kaloob at mga salita ng Diyos sa paghanga at kasimplihan.

• 17. Hindi bunga lamang ng pagiging bago ng kanyang mga aral ang impluwensya ni Jesus kundi sa mahiwagang pang-akit na nagmumula sa buo niyang pagkatao. Marami sa mga taong matuwid at relihiyoso ang bigla na lamang nadidiskubre ang ibig sabihin ng pagiging ganap, sa pagharap nila sa kanya.

Isang binata ang lumalapit kay Jesus ayon kay Mateo (19:17); tinatawag naman siya ni Lucas na importanteng tao (18:18).

Tinatanong siya ni Jesus nang may pag-uusisa: "*Bakit mo ako tinatawag na mabuti?* Hindi mo ba nakikitang uhaw ka sa Diyos at matatagpuan mo siya kung mabubuhay kang kasama ko?"

Itinatanong ng binatang ito kay Jesus ang daang naghahatid sa *buhay na walang hanggan* pero walang anumang bagong kautusang maituturo si Jesus. Nasabing lahat sa Matandang Tipan ang dapat gawin para makamit ang buhay sa pagtupad sa mga kautusan ng katarungan at awa. Kaya isang bagong daan ang iminumungkahi ngayon sa kanya ni Jesus, isang bagong karanasan ng kalayaan sa pamamagitan ng pagiging tagasunod at pagtulad sa kanya.

*Ipagbili ang lahat ng iyo.* Wala sa pag-iiwan ng lahat ang kaligayahan, kundi sa pagiging malaya mula sa lahat para maipaubaya ang sarili kay Kristo.

at ibigay sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa Langit. At saka ka bumalik para sumunod sa akin."

22 Pinanghinaan ng loob ang tao sa salitang ito at umalis na malungkot sapagkat napakayaman niya.

**Mas madali pa para sa kamelyo...**

• 23 Kaya tumingin si Jesus sa paligid at sinabi sa kanyang mga alagad: "Napakahirap ngang makapasok ang mga may kayamanan sa kaharian ng Diyos." 24 Takang-taka nga ang mga alagad dahil sa pananalitang ito. Kaya muling sinabi ni Jesus sa kanila: "Mga anak, napakahirap pumasok sa kaharian ng Diyos! 25 Oo, mas madali pa para sa kamelyo ang lumusot sa butas ng karayom kaysa pumasok ang isang mayaman sa kaharian ng Diyos."

26 Lalo pang namangha ang mga alagad at nag-usap-usap: "Kung gayon, sino ang maliligtas?" 27 Tinitigan sila ni Jesus at sinabi: "Imposible ito para sa tao pero hindi para sa Diyos; lahat ay posible para sa Diyos."

**Ang gantimpala sa mga sumusunod kay Jesus**

*(Mt 19:27; Lc 18:28)*

• 28 Nagsalita naman si Pedro at sinabi: "Iniwan namin ang lahat para sumunod sa iyo." 29 Sinabi ni Jesus: "Talagang sinasabi ko sa inyo: walang nag-iwan ng tahanan, mga kapatid, ina at ama at mga anak at mga bukid alang-alang sa akin at sa Ebanghelyo 30 na walang gantimpala. Tatanggap nga siya ngayon ng makasandaang beses ng mga tahanan, mga kapatid, mga ina at mga anak at mga bukid sa gitna ng mga pag-uusig, at sa panahong darating nama'y makakamit niya ang buhay na walang hanggan.

31 May mga una ngayon na mahuhuli at may mga huli naman na mauuna."

**Ikatlong pagpapahayag ni Jesus sa kanyang paghihirap**

*(Mt 20:17; Lc 18:31)*

32 Sa paglakad nila paahon sa Jerusalem, nanguna si Jesus at nagtaka sila. Natakot naman ang mga kasunod nila. Muli niyang isinama ang Labindalawa at

---

• 23. Hindi sinasabi ni Jesus na hindi maliligtas ang mayaman kundi hindi siya *makapapasok sa kaharian ng Diyos* na mula ngayo'y nasa pakikibahagi sa mga kabalisahan, kaligayahan at kalayaan ni Kristo.

Hindi kailanman kinondena sa Matandang Tipan ang kayamanan sa kundisyong ibabahagi ito sa iba. At isa pa'y itinuturing itong patunay na marunong mamahala ng kanyang buhay ang tao at pinagpala siya ng Diyos. Hangga't hindi pa nakalalaya ang tao mula sa mahigpit na mga pangangailangang pangmateryal, mahirap para sa kanya ang makaalis sa pagsasawalang-kibo na hindi makatao. Ngunit ipinapanukala ni Jesus ang pag-iiwan sa lahat at pagsunod sa kanya bilang kundisyon para makapasok sa Kaharian, na ibig sabihi'y maranasan ang presensya ng Diyos sa buhay na ito.

Sino naman ang *mayayamang* tinutukoy ni Jesus? Sila kaya ang mga mapera o ang mga ayaw makipagsapalaran sa pagbahagi ng meron sila? (Para sa sinuman, ang mayaman ay siyang mas meron kaysa kanya.) Ngunit hindi ang ilang gumagawa ng masama ang kinokondena rito ni Jesus, ni pinag-iiba ang mabubuti sa masasamang mayaman. Ang *mayaman* sa ordinaryong kahulugan ng salitang ito ang tinutukoy ni Jesus (*ang may kayamanan* ang sinasabi ni Jesus). Inilalahad niya na hadlang sa kanila ang kanilang kalagayan para maranasan mula sa kalooban ang kaharian ng Diyos. Sa pagsasabi nito, pinabubulaanan ni Jesus ang mga naghahangad na pagpalain ang mayayaman sa kundisyong "dukha sila sa espiritu".

Ang kayamanan at ang kaisipang hatid ng mga ito ang nagpapaging bulag sa espiritu sa mga tao. Ang mga ito ang naghahatid para ipagkamali ng tao ang tama sa maling mga pagpapahalaga, una sa lahat ay tungkol sa karunungan ng Diyos. Sa pag-iwan lamang natin sa lahat, maaari nating magampanan ang ating bokasyon bilang mga anak ng Diyos (tulad ng ginawa ni Jesus). Bukod dito, kalimita'y hindi nakikita ng mayayaman ang mga pangangailangan ng iba, at lalo na ang kanilang mga tungkulin sa lipunan.

*Lahat ay posible para sa Diyos*. Binigyang-pagkakataon si Jesus ng tanong ng mga apostol, *"Sino ang maliligtas?"* para muling ipahayag na walang sinumang maliligtas dahil sa sarili niyang galing at kabutihan. Inililigtas ng Diyos ang lahat pati ang mayayaman sa pag-aalis sa kanila sa lahat ng kapakinabangan at maling kasiguruhang dulot ng kanilang kayamanan. Mas mabuti nga rin siyempre kung sila mismo ang magkukusang magwaksi sa kanilang mga kayamanan. At ito ang hiningi niya sa lumapit sa kanya.

• 28. *Walang nag-iwan ng tahanan*... Hindi lamang gantimpala sa kabilang-buhay ang sinasabi ni

habang nasa daan ay sinimulan niyang
sabihin sa kanila ang mga sasapitin niya:
33 “Tingnan ninyo, papunta na tayo sa Je-
rusalem. Doon ibibigay ang Anak ng Tao
sa mga punong-pari at mga guro ng Batas
na maghahatol sa kanya ng kamatayan.
Kaya ibibigay nila siya sa mga pagano.
34 Pagtatawanan nila siya, luluraan, haha-
gupitin at papatayin. Ngunit babangon
siya pagkatapos ng tatlong araw.”

### Hiningi nina Jaime at Juan ang mga pangunahing puwesto

*(Mt 20:20; Lc 22:24)*

• 35 Lumapit noon kay Jesus sina Jaime
at Juan na mga anak ni Zebedeo, at sinabi
sa kanya: “Guro, gusto sana naming
gawin mo ang hihingin namin sa iyo.” 36 At
sinabi ni Jesus: “Ano ang gusto ninyong
gawin ko?” 37 Sumagot sila: “Ipagkaloob
mo sa amin sa iyong kaluwalhatian na
maupo ang isa sa amin sa kanan mo, at
ang isa naman sa kaliwa mo.”

38 Sinabi ni Jesus: “Talagang hindi
ninyo alam kung ano ang hinihingi ninyo.
Maiinom ba ninyo ang kopang iinumin ko
at mabibinyagan sa binyag na ibibinyag
sa akin?” 39 Sumagot sila: “Kaya namin.”
Sumagot si Jesus: “Totoong iinom din
kayo sa kopang iinumin ko at mabi-
binyagan sa binyag na ibibinyag sa akin.
40 Ngunit wala sa akin ang pagpapaupo sa
aking kanan o kaliwa. Inihanda ito para sa
iba.”

41 Nang marinig ito ng sampu, nagalit
sila kina Jaime at Juan. 42 Kaya tinawag
sila ni Jesus at sinabi sa kanila: “Nalala-
man ninyo na sinusupil ng mga naghahari
ang kanilang mga bansa at inaapi ng mga
nasa kapangyarihan. 43 Huwag namang
ganito sa inyo: ang may gustong maging
dakila, siya ang maging lingkod ninyo;
44 ang may gustong mauna sa inyo, siya
ang maging alipin ninyo.

45 Gayundin naman, dumating ang
Anak ng Tao hindi para paglingkuran
kundi para maglingkod at ibigay ang kan-
yang buhay bilang pantubos sa marami.”

### Ang bulag ng Jerico

*(Mt 20:29; Lc 18:35)*

• 46 Dumating sila sa Jerico. At pag-alis

---

Jesus. Sa daigdig mang ito, ang nagsasakripisyo para sa Kaharian ay makatatagpo ng pakikipagkaibigan, kaligayahan at katuparan ng pagkatao: maraming bagay na di niya inaasahan.

• 35. Ganap na kagitingan ang nadarama ni Jesus at nangunguna sa lahat sa paglakad pa-Jerusalem kung saan kaparusahan ang naghihintay sa kanya. Dahil sa pakiusap nina Jaime at Juan, sinisikap niyang kumbinsihin ang kanyang mga tagasunod na wala sa katanyagan at kapangyarihan ang tagumpay sa kanyang Kaharian kundi sa pagsunod sa landas ni Jesus na kanilang pinuno. Maaaring pinupulaan natin sina Jaime at Juan, pero hindi ba natin dapat hangaan ang kanilang katapatan?

*MGA LIDER – PARA MAGLINGKOD*

Ano ba ang pinuno? Paano ba maging pinuno? Paano ba kumikilos ang mga pinuno: ang pinuno ng isang koponan, ang pinuno ng isang pamilya? Ngumingiti sa mga tao ang mga pinuno ng estado at niyayakap ang isang batang nagpaparangal sa kanila, pero sino ang naglilingkod at sino ang pinaglilingkuran? Pumarito si Jesus para maglingkod at ang kusang-loob na pagkamatay niya ang magiging paglilingkod niya sa sangkatauhan. “*Nagpakababa siya at naging masunurin hanggang sa kamatayan sa krus*” (Fil 2:7).

*Maiinom ang kopa at mabibinyagan:* mga patalinhagang paraan ng paglalarawan sa paghihirap at pagkamatay ni Jesus.

Kaugnay ng paksang ito, narito ang isang maikling tula ni Lao-Tseu na isang pantas na Intsik noong unang panahon:

“Ano ang ginawa ng ilog at dagat para maghari sa sandaang lambak?
Sumailalim sila sa mga iyon kaya naghahari sila sa sandaang lambak.
Kung gusto ng banal na mapasaitaas ng bayan, matuto siyang magsalita nang mapagpakumbaba.
Kung gusto niyang pamunuan ang bayan, magpahuli siya.
Ganito nasa itaas ng bayan ang banal at hindi siya pabigat; pinamumunuan niya ang bayan at hindi niya pinapagtitiis.
Malugod nila siyang itinataas at di sila nagsasawa sa kanya.
Dahil hindi siya nakikipagpataasan kaninuman, walang sinumang makapagmamataas sa kanya.”

• 46. Ang Diyos ang siyang nagtutulak sa atin para humingi sa kanya. Naintindihan ng lalaking bulag na

niya roon kasama ng kanyang mga
alagad at ng marami pang tao, may isang
bulag na pulubi na nakaupo sa tabi ng
daan – si Bartimeo, ang anak ni Timeo.
47 Nang marinig niya na si Jesus na taga-
Nazaret ang dumaraan, nagsimula siyang
sumigaw: "Kaawaan mo ako, Jesus, Anak
ni David." 48 Pinagsabihan siyang tu-
mahimik ng mga tao pero lalo lamang
niyang nilakasan ang kanyang sigaw:
"Panginoon, Anak ni David, maawa ka sa
akin!"

49 Huminto naman si Jesus at sinabi:
"Tawagin ninyo siya." Kaya tinawag nila
ang bulag: "Lakasan mo ang iyong loob at
tumindig ka. Tinatawag ka nga niya."
50 Inihagis nito ang kanyang balabal at
paluksong lumapit kay Jesus.

51 Kinausap ito ni Jesus at sinabing:
"Ano ang gusto mong gawin ko?" At
sumagot sa kanya ang bulag: "Ginoo,
makakita sana ako." 52 At sinabi naman ni
Jesus: "Sige, ang iyong pananalig ang
nagligtas sa iyo."

Agad siyang nakakita at sumunod siya
kay Jesus sa daan.

### Matagumpay na pagpasok sa Jerusalem

*(Mt 21:1; Lc 19:28; Jn 12:12)*

**11** • 1 Malapit na sila sa Jerusalem,
at pagdating nila sa Betfage at Be-
tania sa may Bundok ng mga Olibo, inu-
tusan ni Jesus ang dalawa sa kanyang mga
alagad: 2 "Pumunta kayo sa kabilang ibayo
at may makikita kayo roong isang asnong
nakatali na di pa nasasakyan ninuman.
Kalagan ito at dalhin sa akin. 3 Kung may
magtanong sa inyo, 'Ano ang ginagawa
ninyo?' sabihin ninyo, 'Kailangan ito ng
Panginoon pero ibabalik din kaagad'."

4 Umalis sila at nakita ang asnong
nakatali sa labas ng pintuan at kinalagan
nila ito. 5 At sinabi sa kanila ng ilang
naroroon: "Bakit ninyo kinakalagan ang
asno?" 6 Isinagot nila ang sinabi ni Jesus,
at pinabayaan sila ng mga tao.

7 Kaya dinala nila ang asno kay Jesus
at isinapin dito ang kanilang mga balabal;
at naupo rito si Jesus. 8 Marami naman
ang naglatag ng kanilang mga balabal sa
daan at may iba pang naglatag ng mga
sangang pinutol nila sa bukid. 9 Sumi-
sigaw ang mga taong nangunguna at

---

kung palalampasin niya ang pagkakataong ito, hindi na magkakaroon ng iba pa. Kaya *lalo niyang nilakasan ang sigaw* nang *pinagsabihan siyang tumahimik ng mga tao*.

*Anak ni David!* Isa ito sa mga paraan ng pagtawag sa Mesiyas.

*ANG TAGAPAGLIGTAS*

• **11.**1 Tingnan ang paliwanag sa Mateo 21:1.

Mula sa Jerico hanggang Jerusalem, "umahon" si Jesus kasabay ng mga taong magdiriwang ng piyesta. Marami ang galing sa Galilea na probinsya ni Jesus, at nang makita ng mga tao na kasama nila siya, inisip nilang ipapahayag na niya ang kanyang sarili bilang Mesiyas.

Hanggang sa mga sandaling iyo'y ayaw ni Jesus na ipahayag nila siya, dahil ibang-iba sa pagpapalayang hatid sa kanila ni Jesus ang inaasahan ng mga tao sa kanilang Mesiyas. Ngunit sa pagkakataong ito sa pagtatapos ng kanyang misyon, dumating na ang oras para ipakilala ni Jesus ang kanyang sarili sa mga tao. Siya ang Pinahiran, ang Sugo ng Diyos at wala nang iba pa pagkatapos niya.

Si Jesus ang Sinugo ng Diyos sa lahat ng tao ngunit higit sa lahat ay Tagapagligtas siya ng bayang Judio. Kinakailangang maligtas ang bayang ito sa mismong panahon ng kanyang pagdating, dahil hindi maganda ang takbo ng mga bagay-bagay para sa kanila. Ipinahayag naman ng mga propeta ang isang mapayapang hari na dadalaw sa kanyang bayan, na sakay hindi sa kabayo gaya ng mga heneral noong panahong iyon kundi *sa isang asno* gaya ng mga taong walang dalang anumang armas. Kaya gusto ni Jesus na pumasok sa Jerusalem sa gayong paraan. Isang malaking siyudad ang Jerusalem. Nakaantig nga sa siyudad ang sigasig ng mga taga-Galilea pero hindi nito nadala ang buong siyudad.

Malayo sa akala ng mga Judio na magiging napakaamo ang kanilang tagapagligtas. Isinugo na ng Diyos ang maraming tao upang iligtas ang Israel mula sa paniniil, gutom at sa iresponsabilidad ng kanilang mga kilalang pinuno. Ngayon nama'y siya mismo ang dumating para ipakita sa kanila ang tunay na daan ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapatawad at kawalang-karahasan. Ngunit hindi nila siya nakilala. Nagsagawa ang mga taga-Galilea ng matagumpay na pagpasok sa pag-asang gagawa si Jesus ng pampulitikang pahayag ngunit sila rin ang pagkatapos ay nagtakwil sa kanya.

sumusunod sa kanya: *"Hosanna! Mapa-*
*lad ang dumarating sa Ngalan ng Pangi-*
*noon!* 10 Mapalad ang dumarating na
Kaharian ng ating ninunong si David! *Ho-*
*sanna,* luwalhati sa Kaitaasan!"

11 Dumating si Jesus sa Jerusalem at
pumasok sa Templo. Minasdan niya ang
lahat at dahil magdadapithapon na, bu-
malik siya sa Betania kasama ng Labin-
dalawa.

**Isinumpa ni Jesus ang puno ng igos**
*(Mt 21:18; Lc 13:6)*

• 12 Kinaumagahan, paglabas nila sa
Betania, nagutom siya. 13 Nang mapansin
niya sa malayo ang isang puno ng igos na
may mga dahon, nilapitan niya iyon kung
makakakita siya roon ng anuman. Ngunit
paglapit niya, wala siyang natagpuang
anuman kundi mga dahon lamang. Hindi
nga panahon ng igos. 14 Kaya sinabihan
niya ang puno: "Wala nang bungang
makakain mula sa iyo magpakailanman."
At narinig ito ng kanyang mga alagad.

**Pinalayas ni Jesus ang mga nagtitinda sa Templo**
*(Mt 21:10; Lc 19:45; Jn 2:14)*

• 15 Pagkarating ni Jesus sa Jerusalem,
pumasok siya sa Templo at sinimulan
niyang palayasin ang mga nagtitinda at
bumibili sa patyo ng Templo. Itinaob niya
ang mga mesa ng mga nagpapalit ng pera
at ang mga upuan ng mga nagtitinda ng
mga kalapati. 16 At hindi niya pinayagang
dumaan sa Templo ang may dalang
anumang bagay.

17 Tinuruan niya sila at sinabi: "Hindi ba
nasusulat na, *tatawaging bahay-da-*
*langinan para sa lahat ng bansa ang*
*aking bahay*? Ngunit ginawa ninyo itong
*kuta ng mga magnanakaw."*

18 Nabalitaan naman ito ng mga
punong-pari at mga guro ng Batas at ha-
ngad nila siyang iligpit. Takot nga sila sa
kanya sapagkat namamangha ang lahat
sa kanyang pagtuturo.

19 At nang hapon na, muli silang luma-
bas ng lunsod.

**Kapangyarihan ng pananampalataya**
*(Mt 21:20)*

• 20 Pagbalik nila kinaumagahan, nakita
nilang natuyo hanggang ugat ang
punong-igos. 21 Kaya naalaala ni Pedro
ang tungkol dito at sinabi niya: "Guro,
natuyo ang isinumpa mong punong-
igos."

---

• 12. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 21:18.

*ANG TEMPLO*

• 15. Ang Templo ng Jerusalem para sa mga Judio ang kaisa-isang Templo ng kaisa-isahang Diyos. Sa bawat bayan, may mga sinagoga sila para magtipon, para basahin ang Biblia at umawit ng mga salmo. Ngunit sa Templo lamang iniaalay ng pari ang mga hayop na handog at ipinagdiriwang ang tunay na pagsamba. Isang gusaling may katamtamang laki ang nasa gitna nito. Ang mga pari lamang na namamahala sa pag-aalay ang nakapapasok dito para mag-alay ng insenso, habang nagsisiksikan naman sa mga patyo ang makapal na tao. Sa mga patyong iyon nakapuwesto ang mga nagtitinda at nagpapalit ng pera na may mga hayop at mga ibon para sa mga paghahandog.

Ang Templo ang lugar na pinananahanan ng presensya ng Diyos, at mula rito niya ipinagsasanggalang at pinababanal ang Banal na Lunsod at ang buong bayang Judio. Ngunit hindi nila alam kung paano mabuhay sa presensya ng Diyos. Sa pagiging panatiko nila sa pagtatanggol sa kanilang relihiyon, hindi naman nila sinisikap na dumulog sa Diyos nang walang kaplastikan at linisin ang kanilang mga simbahan sa lahat ng nagiging sagabal sa tunay na panalangin. May mga nagtitinda sa Templo, at mga tao ring hindi gaanong isinasaloob ang kanilang mga seremonya at mga panalangin. Sanay na sa lahat ng ito ang mga pari, at malaki ang kinikita ng Punong-paring si Caifas sa pagpapahintulot niya sa mga nagtitinda na pumuwesto sa mismong mga patyo na laan sa panalangin.

Hindi pari si Jesus ni guwardiya ng Templo. Ngunit ang Templong ito ang bahay ng *kanyang* Ama. Kaya gumawa siya ng latigo mula sa mga lubid at pinalayas silang lahat.

*Tatawaging bahay-dalanginan para sa lahat ng bansa*. Binanggit ni Jesus ang salitang ito dahil ginawang puwesto ng mga nagtitinda ang mga patyong laan sa mga dayuhan. Ang "paglilinis sa Templo" ay nangangahulugan ng pagkakaroon hindi lamang ng simbahang walang pagtitinda kundi Iglesyang bukas kung saan buong pusong tinatanggap ang lahat.

Tingnan din ang paliwanag sa Juan 2:14.

22 At nagsalita si Jesus sa kanila: "Su-
mampalataya kayo sa Diyos. 23 Sa totoo
lang, sinasabi ko sa inyo: kung may mag-
sasabi sa bundok na ito: 'Tumayo ka't
itapon mo ang iyong sarili sa dagat!' at
wala siyang alinlangan kundi naniniwala
siyang mangyayari ang kanyang sinabi,
mangyayari ito sa kanya. 24 Kaya sinasabi
ko sa inyo: anuman ang hingin ninyo sa
panalangin, sumampalataya kayo na
natanggap na ninyo at tatanggapin ninyo.

25 At pagtindig ninyo sa pananalangin,
magpatawad kayo kung mayroon ka-
yong sama ng loob kaninuman; 26 sa
gayo'y patatawarin din kayo ng inyong
Amang nasa langit sa inyong mga kasa-
lanan."

**Anong karapatan meron ka para gawin ito?**
*(Mt 21:23; Lc 20:1)*

• 27 Muli silang dumating sa Jerusalem
at paglakad niya sa Templo, nilapitan siya
ng mga punong-pari kasama ang mga
guro ng Batas at ang Matatanda ng bayan,
28 at tinanong: "Ano ang karapatan mong
gawin ang mga ito? Sino ang nagtalaga sa
iyo para gawin ito?"

29 Sinabi naman ni Jesus: "Tatanungin
ko rin kayo ng isang tanong. Sagutin nin-
yo ako at sasagutin ko rin kayo kung sino
ang nagtalaga sa akin para sa mga ito.
30 Galing ba sa Diyos ang pagbibinyag ni
Juan, o sa tao? Sabihin ninyo sa akin."
31 At nag-isip-isip sila: "Kung isasagot

---

*KAPANGYARIHAN NG PANANAMPALATAYA*

• 20. *At wala siyang alinlangan kundi naniniwala siyang mangyayari...* Tingnan ang katulad nito sa Jaime 1:6. Tinutukoy ni Jesus sa mas malinaw na paraan "ang pananampalatayang nagsasagawa ng mga himala" (tingnan sa 1 Cor 13:2). Hindi sinasabi ni Jesus na ibibigay sa lahat at sa bawat pagkakataon ang pananampalatayang ito. Ito ay isang *karisma* o regalo ng Diyos na ibinibigay niya sa sinu-mang maibigan niya (1 Cor 12:9). Isa itong katiyakan ng kalooban na gusto ng Diyos na gumawa ng himala kaya nagkalakas ng loob ang isa para kumilos at magutos sa kanyang pangalan.

Ngunit mahalaga rin ang pangakong ito ni Jesus sa lahat ng ating panalangin. Hindi natin siyempre dapat isipin na laging gagawin ng Diyos ang anumang himalang hingin natin sa kanya. Kung kinukumbinsi ng isang maysakit ang kanyang sarili na gagaling siya, maaari ngang mas madali siyang gagaling. Ngunit hindi naman talagang pananampalataya ang pag-asang ito. At kung makumbinsi ko ang aking sarili na papapanaluhin ako ng Diyos sa "sweepstakes", hindi siya obligadong isipin na mas magiging mabuti ako sa pagiging mas mayaman ko.

Sa katunaya'y naiintindihan ng nagmamahal sa Diyos nang may kapakumbabaan na sa gitna ng kanyang mga kagipita'y gusto siyang itaas ng Diyos. Kaya humihingi siya nang may pananampalataya dahil alam niyang gusto siyang pakinggan ng Diyos. Hinihingi sa Panginoon ng taong tunay na may malasakit sa kaharian ng Diyos na alisin ng makapangyarihan niyang kamay ang lahat ng balakid sa paglaganap ng Kahariang iyon. Napakahirap para sa atin ang humingi ng malalaking bagay dahil paano tayo patuloy na makapagtitiwala sa Diyos sa oras na tumanggi siyang ibigay sa atin ang mga ito? O dapat kaya nating isipin na masyado tayong mapaghanap at hindi naman gaanong mapagbigay ang Diyos? Ngunit may lakas ng loob humingi sa Diyos ang mga nagtataya ng lahat-lahat para sa Ebanghelyo, tulad ng mga santo, kahit na ng mga bagay na imposible bilang pagsunod nila sa mga pahiwatig ng Espiritu ng Diyos.

*Anuman ang hingin ninyo sa panalangin.* Inaanyayahan tayo ni Jesus na humingi nang may pananampalataya at pagtitiyaga hanggang makamit natin sa Diyos ang katiyakang nadinig nga ang ating panalangin o kaya'y tulungan niya tayong maunawaan na hindi makabubuti sa atin ang ating hinihingi.

*MGA PARING OPORTUNISTA*

• 27. Hindi humingi ng anumang awtorisasyon si Jesus para magturo sa Templo o para palayasin ang mga nagtitinda. Kumilos siyang taglay ang kalayaan ng isang propeta. Dahil ang mga pari ang may pananagutang panatiliin ang tunay na pananampalataya, natural lamang na tanungin nila si Jesus para malaman kung tunay na propeta nga siya o hindi. Ngunit ang katotohanan nga kaya ang talagang pinahahalagahan nila? Handa ba silang kilalanin na sa Diyos galing si Jesus? Para bang wala silang ibang iniisip kundi ang ipagtanggol ang kasiya-siya sa kanila at bago pa man sila makinig kay Jesus, subersibo na kaagad ang tingin nila sa kanya.

Kaya naman tinatanong sila ni Jesus tungkol kay Juan Bautista. Dahil ang pangangaral ni Juan Bautista ang pinakamahalagang pangyayari sa nakalipas na dalawang taon, kailangan din namang sabihin ng mga pari ang kanilang palagay tungkol sa kanya. Ngunit hindi nila ito ginawa o hindi pa sila handa para dito. Paano ngayon nila mapagsusulit si Jesus kung lumalabas na nagsasalita lamang sila kapag pabor sa kanila?

Madaling makita na inoobliga ng saloobin ni Jesus ang mga lider sa relihiyon sa lahat ng panahon na suriin ang sarili at tingnan kung karapat-dapat ngang igalang ng ibang tao ang kanilang awtoridad, mga pahayag at mga pagtuligsa.

nating galing sa Diyos, sasabihin niya:
'Bakit di kayo naniwala sa kanya?' 32 At
paano naman natin masasabing galing
lamang sa tao ang pagbibinyag ni Juan?"
Takot nga sila sa bayan dahil tunay na
propeta ang palagay ng lahat kay Juan.
33 Kaya isinagot nila kay Jesus: "Hindi
namin alam." At sinabi sa kanila ni Jesus:
"Hindi ko rin sasabihin sa inyo kung sino
ang nagtalaga sa akin na gumawa ng mga
ito."

**Ang talinhaga ng mga magsasakang kasamá**
*(Mt 21:33; Lc 20:9)*

**12** • 1 At nagsimula siyang magsa-
lita sa talinhaga.
*"May nagtanim ng ubasan; binakuran
ang paligid nito, humukay para sa pisaan
ng ubas, at nagtayo ng toreng bantayan.*
Pinaupahan niya ang ubasan sa mga
magsasaka at naglakbay sa malayo.
2 Nang panahon na ng anihan, pina-
punta niya ang isang katulong sa mga
magsasaka para kubrahin ang bahagi
niya sa ani. 3 Ngunit sinunggaban nila ito
at pinaalis na walang dala. 4 Nagpadala uli
sa kanila ang may-ari ng isa pang ka-
tulong pero hinampas ito sa ulo at hina-
mak. 5 Nagpadala rin siya ng iba ngunit
pinatay naman ito. At marami pa rin
siyang ipinadala; hinampas ang ilan sa
kanila at pinatay ang iba.
6 Mayroon pa siyang isa, ang minama-
hal na anak. At ipinadala niya siyang
pinakahuli sa pag-aakalang 'Igagalang
nila ang aking anak.' 7 Ngunit nang makita
siya ng mga magsasaka, inisip nila: 'Ito
ang tagapagmana. Patayin natin siya at
mapapasaatin ang mana.' 8 Kaya hinuli
nila siya at pinatay, at itinapon sa labas ng
ubasan.
9 Ano ngayon ang gagawin ng may-ari ng
ubasan? Darating siya at lilipulin ang mga
magsasaka at ibibigay ang ubasan sa iba.
10 Hindi ba ninyo nabasa ang Kasulatang
ito? *Naging panulukang bato ang tinang-
gihan ng mga tagapagtayo.* 11 *Gawa ito ng
Panginoon, at kahanga-hanga ang ating
nakita."*
12 Huhulihin na sana nila siya pero na-
takot sila sa mga tao. Naunawaan nga nila
na sila mismo ang tinutukoy niya sa talin-
hagang ito. Iniwan nila siya at lumayo.

**Buwis para sa Cesar**
*(Mt 22:15; Lc 20:20)*

• 13 Gusto nilang hulihin si Jesus sa
sarili niyang mga salita. Kaya pinapunta
kay Jesus ang ilan sa mga Pariseo ka-
sama ng mga kampi kay Herodes. 14 Nila-

---

*MGA PINILI NG DIYOS*

• **12.**1 Sa ganitong paghahambing, inilalarawan ng *ubasan* ang kaharian ng Diyos. Ang mga Judio ang bayan ng Diyos at inakala naman nilang mga interes mismo ng Diyos ang pansarili nilang mga interes. Dahil sila ang *mga pinili ng Diyos*, tutulungan niya sila laban sa ibang mga bayan. Nananalig silang maliligtas at wala silang pakialam sa kapalaran ng iba na hindi nakakakilala sa Diyos.

Ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos ang kanyang kaharian, ibig sabihi'y sinubaybayan niya sila sa kabuuan ng mahaba nilang kasaysayan upang ang bayang ito ang maging halimbawa para sa lahat. Dapat nilang ipaalam sa iba ang kanilang karanasan upang maunawaan ng lahat kung paano minamahal at iniliiligtas ng Diyos ang mga tao. At sa higit na pagkakilala sa Diyos, kailangan nilang palaguin sa kanila ang katarungan, ang diwa ng pagiging responsable, ang pagkakapatiran; ito ang *mga bungang* gustong anihin ng Diyos.

Nagpapadala ang Diyos ng mga propeta para ipaalaala sa bayan ang pagkakautang nito: bahagya lamang silang pinakinggan. At sa wakas, ang bugtong na Anak ng Diyos na naging tao ang dumating at ganoon din ang nangyari: papatayin siya *sa labas ng ubasan* na ibig sabihi'y itatakwil siya ng sarili niyang bayan. Kaya *ibibigay sa iba* ang gawa ng kaharian ng Diyos, sa mga natitipon sa Iglesya ni Jesus.

Dito nagtatapos ang talinhaga. Ngunit may kabuluhan din ito sa ating panahon: kung nagiging relihiyon ng isang uri lamang ng tao sa lipunan ang Iglesya o walang ikinaiba sa ibang mga relihiyon, kung hindi ito ang lugar na katatagpuan natin ng higit na pagsunod sa Diyos, higit na komitment sa mga pagpapahalagang magliligtas sa daigdig. Ano kaya ang maaaring mangyari sa mga grupong Kristiyano at sa kanilang mga lider kung simulan nilang madama na sila ang may-ari ng Kaharian at ng mga pangako nito?

• 13. *PULITIKA AT RELIHIYON – CESAR*

Nasa mga sumusunod ang bitag. Nagtatanong sila tungkol sa buwis na dapat bayaran ng mga Judio *sa*

pitan nila siya at sinabi: "Guro, nalalaman
naming tapat ka at hindi napadadala sa
iba. Hindi ka nagsasalita ayon sa kala-
gayan ng tao kundi tunay na itinuturo ang
daan ng Diyos. Kaya ayon ba sa Batas na
magbayad ng buwis sa Cesar?"
15 Nang makita ni Jesus ang kanilang
pagkukunwari, sinabi niya sa kanila:
"Bakit ninyo ako sinusubok? Akin na ang
isang denaryo." 16 Iniabot nila sa kanya
ang isang denaryo at sinabi sa kanila ni
Jesus: "Sino ang nakalarawan dito, na
narito rin ang kanyang pangalan?" Suma-
got sila: "Ang Cesar." 17 At sinabi niya sa
kanila: "Ibigay nga sa Cesar ang para sa
Cesar, at sa Diyos ang para sa Diyos."
Lubha silang namangha sa kanya.

**Mabubuhay ang mga patay**
*(Mt 22:23; Lc 20:27)*

• 18 Lumapit naman kay Jesus ang mga
Sadduseo. Sinasabi ng mga ito na walang
pagkabuhay na muli, kaya nagtanong
sila: 19 "Guro, isinulat ni Moises para sa
amin: 'Kung may mga magkakapatid na
lalaki at mamatay na walang anak ang isa
sa kanila, kailangang kunin ng kanyang
kapatid ang kanyang asawa upang mag-
pasibol ng supling sa kanyang kapatid.'
20 Ngayon, may pitong magkakapatid.
Nag-asawa ang panganay at namatay na
walang anak. 21 Kaya kinuha ng ikalawa
ang kanyang asawa, at namatay ring wa-
lang anak. Ganito rin ang nangyari sa
pangatlo. 22 Silang pito nga ay namatay

---

*Cesar* na Emperador ng Roma dahil sakop ng mga Romano ang mga Judio at nasa ilalim ang mga ito ng kanilang kapangyarihan.

Nagsanib ang mga Pariseo at mga kakampi ni Herodes na mga magkaaway sa pulitika. Laban sa dominasyong Romano ang mga Pariseo samantalang sinasang-ayunan naman ito ng mga kakampi ni Herodes. Kung sasabihin ni Jesus na dapat silang magbayad, pabubulaanan siya ng mga Pariseo sa harap ng mga tao. Kung sasabihin naman niyang hindi, ipadarakip naman siya ng mga kakampi ni Herodes sa mga Romano.

Ngunit hindi kinokondena ni Jesus ang imperyalismong Romano o binibigyang-katwiran kaya. Dahil ba sa hindi "espirituwal na mga bagay" ang katarungan at kapayapaan at walang kinalaman sa kanya?

Sa totoo'y hindi tinitingnan ni Jesus ang mga problemang pampulitika gaya ng pagtingin natin sa mga ito. Importante siyempre ang mga problemang ito pero hindi lamang sa larangang ito nakataya ang paglaya ng tao. Itinuturo sa atin ng buong Banal na Kasaysayan na hangad ng Diyos ang kalayaan para sa bawat isa, at ang posibilidad para sa bawat bansa na mapalago ang kultura at pambansang kalagayan nito. Sapat na katwiran ito sa pakikisangkot at komitment ng mga Kristiyano sa pulitika.

Ngunit nabuhay si Jesus sa panahong buhos na buhos ang kanyang mga kababayan sa pulitika at nahahati sa mga pangkat na hinding-hindi magkakasundo. Walang anumang mapapala si Jesus kung ituro niya ang tiyak na paninindigan sa pulitika. Ngunit mahalaga namang ilagay ang pulitika sa tamang lugar at huwag ipagkamali ang pananampalataya sa pagkapanatiko sa relihiyon.

Para sa mga Pariseo, ang pagbabayad ng buwis sa Cesar na dayuhan at paganong pinuno ay parang pagtatakwil na sa Diyos na siyang tunay na pinuno ng Israel. Naniniwala sila na iisa lamang ang Pambansang Partido ng mga Judio at ang simulain ng Diyos. Naghatid ito ng masasamang epekto dahil inisip nila na para mapaglingkuran ang Diyos, kailangan nilang durugin sa anumang paraan ang mga nasa kalabang partido. Ganap na pagsunod ang hinihingi sa atin ng pananampalataya. Kaya ang mga ipinagkakamali ang pananampalataya sa aktibong pakikibaka sa pulitika ay unti-unting nagbibigay-katwiran sa lahat ng ginagawa ng kanilang partido, pati na ang pagsisinungaling at mga krimen.

Hindi Diyos ang Cesar ng Roma kahit na nagpapanggap man siya. Naipataw niya sa kanila ang kanyang kapangyarihan at ang paggamit ng mga baryang Romano ngunit hindi niya maitatadhana ang pagsunod ng konsiyensya na ukol lamang sa Diyos. Ni hindi rin siya "ang kaaway ng Diyos" gaya ng iniisip ng mga Pariseo, at sa isusulong ng kaharian ng Diyos, hindi kailangang tumanggi sa pagbubuwis sa kanya at sa pagsunod bilang mga mamamayan.

Sa kanyang sagot na *"Ibigay sa Cesar ang para sa Cesar, at sa Diyos..."* pinaghihiwalay ni Jesus ang relihiyon at pulitika na lagi nang ipinagkakamali sa mga kulturang Judio at Romano. Mula ngayon, hindi na dapat gamitin para sa mga layuning pulitikal ang relihiyon o ipagkamali kaya ng relihiyon ang mga kalabang pulitikal nito sa mga kaaway ng Kaharian.

*ANG PAGKABUHAY*

• 18. Ano ba ang "pagkabuhay"? Nang tawagin ni Jesus ang anak na babae ni Jairo (Mc 5:21) o si Lazaro (Jn 11:1) na mga patay na, ibinalik lamang niya sa kanila ang buhay na dating nasa kanila. Tiyak na nag-asawa pagkatapos ang babae at bumalik sa kanyang tungkulin si Lazaro. At pagkatapos nito'y kailangang mamatay na naman sila. Hindi ito ang tunay na pagkabuhay.

Maraming tao ang naniniwala na may "kung ano pa pagkamatay" at nananatiling buhay ang kung anong nasa atin na tinatawag nating kaluluwa. May totoo sa

nang hindi nagkaanak. At sa huli'y na-
matay din ang babae. 23 Ngayon, sa mu-
ling pagkabuhay, kung mabubuhay silang
muli, kanino sa pito siya magiging asawa?
Ang pito nga ang umangkin sa kanya."

24 Sumagot si Jesus: "Di kaya bunga ng
di ninyo pagkaunawa sa Kasulatan at sa
kapangyarihan ng Diyos ang inyong pag-
kakamali? 25 Sa muling pagkabuhay nga
nila, hindi na mag-aasawa ang lalaki o
babae kundi para na silang mga anghel sa
Langit.

26 At tungkol naman sa mga patay at sa
muling pagkabuhay, hindi ba ninyo inu-
nawa ang sinabi sa inyo ng Diyos sa aklat
ni Moises, sa kabanata ng palumpong:
*Ako ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni*
*Isaac at ang Diyos ni Jacob*? 27 Hindi siya
Diyos ng mga patay kundi ng mga buhay.
Maling-mali kayo."

**Pinakaimportanteng utos**
*(Mt 23:34; Lc 20:39; 10:25)*

• 28 May isang guro ng Batas na naka-
rinig sa pagtatalo nila. Nang mapansin
niyang tama ang sagot ni Jesus sa mga
Sadduseo, lumapit siya at nagtanong kay
Jesus: "Ano ang una sa lahat ng utos?"

29 Sumagot si Jesus na "Ito ang una:
*Makinig nawa, O Israel! Iisa lang ang*
*Panginoong ating Diyos.* 30 *At mamahalin*
*mo ang Panginoon mong Diyos nang buo*
*mong puso, nang buo mong kaluluwa,*
nang buo mong pag-iisip *at nang buo*
*mong lakas.* 31 At pangalawa naman ito:
*Mamahalin mo ang iyong kapwa gaya ng*
*iyong sarili.* Wala nang utos na mas ma-
halaga pa kaysa mga ito."

32 Kaya sinabi ng guro ng Batas:
"Mabuti, Guro, totoo ang sinabi mong isa
Siya at wala na maliban sa kanya. 33 At

---

paniwalang ito pero hindi ito ang pinakamahalaga. Hindi ang pananatiling buhay ng "kung anong nasa atin" ang ibig sabihin ng pagkabuhay kundi ang pagbabago at panibagong pagbubuo ng buo nating pagkatao. Magkakatotoo ito sa grasya at gawa ng Diyos: muli tayong isisilang ng Diyos mismo.

Marami ang nahihirapang maniwala sa pagkabuhay dahil sa mali nilang mga pala-palagay. Iniisip nila na sa pagkabuhay ay mababawi natin ang mismong katawan nating ito, at may dahilan nga para sabihin nilang kakatwa ito. Mas mabuting pagtuunan natin ng pansin ang pagbabagong nagaganap na sa atin bilang mga Kristiyanong tagasunod ni Kristo. May lumalago sa atin: isang bagong paraan ng pag-unawa sa mga bagay ng Diyos, isang bagong pananaw ng pag-iral at isang bagong kamalayan. Habang nagiging gastado ang "panlabas na sarili" natin, tulad ng sinasabi ni San Pablo, lumalago naman sa atin ang "panloob na sarili". Ito ang tunay kong sarili na araw-araw na itinatayo ng Espiritu ng Diyos at ang panloob na sariling ito ang bubuhayin o ibabangon ng Espiritu.

Kaya hindi na natin kailangang itanong pa kung muli tayong magkakaroon ng tiyan at bituka sa pagkabuhay sapagkat sa bagong buhay na iyon, wala nang lugar para sa anumang mga gawaing biyolohiko na natural sa mga nilalang na may kamatayan, gaya ng pagkain, pagtulog at sex: sa langit ay *matutulad tayo sa mga anghel*. Hindi sinabi ni Jesus na "magiging mga anghel sila" dahil mga miyembro nga tayo at patuloy na magiging miyembro ng iisang pamilya ng sangkatauhan at sa muling pagsilang, tayo ang bubuo ng sangkatauhang iniligtas na tinatawag na makalangit na Jerusalem, ang di-mabilang na mga kapatid ni Kristo. Tatamasahin nating lahat ang Diyos, makikilala natin ang isa't isa at mananatili tayong nagkakaisa sa mga buklod ng pag-ibig.

Nauunawaan natin dito ang dobleng paninisi ni Jesus sa mga Sadduseo:

*Bunga ng di ninyo pagkaunawa sa kapangyarihan ng Diyos*. Isang karikatura lamang ng pagkabuhay ang kanilang naiisip.

*Ng di ninyo pagkaunawa sa Kasulatan*. Kakaunting libro lamang sa Bibliang Hebreo ang naglalahad ng tungkol sa pagkabuhay. Ngunit isang Diyos na siyang Buhay at gumagawa sa mga tao bilang mga kaibigan niya ang inilalahad sa atin ng lahat ng ito.

*Ako ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac at ang Diyos ni Jacob*. Kung nakipagsumpaan ang Diyos sa kanila, maipagwawalang-bahala kaya niya ang kanilang kamatayan at ganap na papaglalahuin magpakailanman habang tuloy naman ang ligaya niya sa kanyang Luwalhati?

*MAHALIN ANG DIYOS*

• 28. *Mamahalin mo ang Panginoon mong Diyos*. Ang unang utos na ito ay wala sa Sampung Utos ni Moises na nagpapahayag lamang ng "paglilingkod sa Diyos". Ngunit nababasa natin ito sa Deuteronomio 6:4.

Ang *mahalin ang Diyos* ay di isang utos na gaya ng iba. Sapagkat mga tiyak na gawain na dapat nating isakatuparan o iwasan ang tinutukoy ng mga utos, halimbawa'y *magpahinga ka sa Araw ng Panginoon* o *huwag kang makiapid*. Pagdating naman sa pagmamahal sa Diyos, walang anumang limitasyon.

Ipinahahayag lamang ng mga utos ng Biblia, lalo na ang Sampung Utos ni Moises, sa malinaw na paraan

ang mahalin siya nang buong puso at nang buong kaluluwa at nang buong lakas, at mahalin din ang kapwa gaya ng sarili ay mas mahalaga kaysa mga sinunog na handog at mga alay."
34 Nakita ni Jesus na tama ang sinabi nito kaya sinabi niya: "Hindi ka malayo sa kaharian ng Diyos." At wala nang nangahas magtanong sa kanya.

**Kaninong anak ang Mesiyas?**

*(Mt 22:41; Lc 20:41; Mt 23:6)*

35 Sa pagtuturo ni Jesus sa Templo, sinabi niya: "Ano't sinasabi ng mga guro ng Batas na anak ni David ang Mesiyas?
36 Sinabi nga ni David nang magsalita siya sa Espiritu Santo: *'Ang sabi ng Panginoon sa aking Panginoon: Umupo sa aking kanan hanggang ilagay ko ang iyong mga kaaway sa ilalim ng iyong mga paa.'*
37 Kung tinatawag siya ni David mismo na Panginoon, puwede bang anak siya ni David?"

Nasisiyahan ang bayan sa pakikinig sa kanya.

• 38 Kaya sinabi niya sa kanyang pagtuturo: "Mag-ingat kayo sa mga guro ng Batas na gustong lumakad na nakabarong at batiin ng mga tao sa liwasan,
39 at mabigyan ng pangunahing lugar o upuan sa mga handaan at sa sinagoga.
40 Nanguubos sila ng mga bahay ng mga biyuda, at nagdarasal nang mahaba para may idahilan. Napakatindi ng magiging hatol sa mga ito."

**Ang abuloy ng biyuda**

*(Lc 21:1)*

• 41 Naupo si Jesus sa tapat ng kabangyaman at tiningnan ang paghuhulog ng

---

ang mga hinihingi ng ating konsiyensya. Hindi na kailangan pang iutos sa atin na huwag magnakaw o manirang-puri sa kapwa. Subalit kailangang ituro ito sa mga bata at sa mga taong medyo eskrupuloso. Sinasabi ni Pablo na ibinigay ang Batas hindi para sa mabubuti kundi para sa mga gumagawa ng masama (1 Tim 1:9).

May mga taong naniniwala na wala silang kapintasan dahil sinusunod nila ang Sampung Utos ni Moises. Mas mabuti sigurong sabihin na nasa pinakamababang antas lamang sila ng moralidad na ipinapatupad ni Moises sa isang bayang primitibo at di gaanong responsable, mahigit sa tatlumpung dantaon na ang nakalilipas. Sa halip na manatili sa listahang ito ng mga utos na nagpapabuti ng kanilang pakiramdam tungkol sa kanilang sarili, dapat nilang pagnilayan ang Unang Utos. Walang saysay ang iba pa kung hindi mauunawaan ang Unang Utos.

*Mamahalin mo ang Diyos nang buo mong puso.* Mahalin mo siya nang higit pa sa iyong mga mahal sa buhay. Panabikan mo siya, at kalimutan mo ang iyong sarili upang sa lahat ay hanapin mo ang pinakagusto niya sa iyo.

Mahalin mo siya *nang buo mong kaluluwa, nang buo mong pag-iisip*. Ilaan mo ang pinakamagaling sa iyong katalinuhan para makilala siya. Sa pagtingin mo sa iyong buhay, unawain mo kung gaano niya sinusubaybayan ang iyong mga hakbang. Sikapin mong intindihin kung paano dumarating ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng mga pandaigdig at pangaraw-araw na pangyayari. Sa pagtitiyaga at regular na panalangin at pagbasa ng Biblia, hilingin mo sa Diyos na ibigay sa iyo ang kanyang Espiritu para mas makilala mo siya.

*Mahalin mo siya nang buo mong lakas.* At dahil napakahina mo rito, hingin mo ang tulong ng Diyos at sikaping makiisa sa mga tunay na lingkod ng Diyos sa paggamit sa mga paraang ibinibigay sa iyo ng Iglesya.

Pumapangalawa ang utos na *mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili* dahil hindi ito mauunawaan o matutupad kung walang pag-ibig sa Diyos. Sapagkat higit pa sa pakikipagkaisa sa kapwa, higit pa sa malasakit at pakikiramay sa mga nagdurusa ang hinihingi sa atin ng Diyos. Dapat nating pagsikapang tingnan ang ating mga kapatid gaya ng pagtingin sa kanila ng Ama. Kailangang ibigay natin sa kanila ang gusto ng Ama para sa kanila. Sa napakaraming mabubuting bagay na magagawa natin sa ating kapwa, kailangang piliin natin ang ayon sa inspirasyon ng Espiritu ng Diyos. At nangangailangan ang lahat ng ito na mahalin muna natin at makilala ang Diyos.

*ANG PAGTINGIN NG DIYOS*

• 38. Kung ano tayo sa mata ng Diyos ang tunay na sarili ng bawat isa sa atin at hindi kung ano ang tingin sa atin ng mga tao. Subalit para sa marami, una nilang pinahahalagahan ang pakikibagay at pagtupad sa mga panuntunan sa kanilang kalagayan. Mapapansin ang pagkakaibang ito sa guro ng Batas (38) at sa pobreng biyuda (42).

Hindi naman masasamang tao ang *mga guro ng Batas*. Naging mga guro sila ng relihiyon dahil interesado sila sa relihiyon. Ngunit sa oras na tumigil ang guro sa pagsisikap na maging santo, mahina at kawawang tao lamang siya. Ang mismong respetong ipinakikita ng mga tao sa kanya ang siya ring naghahatid sa kanya para di mapuna sa kanyang sarili ang maraming pagkakamaling sa ibang tao'y malupit na huhusgahan.

• 41. Kaisa-isahan naman ang *pobreng biyuda* sa

mga tao ng pera para sa Templo. Mara-
ming mayaman ang naghuhulog ng mala-
laking halaga. 42 At may dumating na
isang pobreng biyuda na naghulog ng
dalawang barya.
43 Kaya tinawag ni Jesus ang kanyang
mga alagad at sinabi sa kanila: "Talagang
sinasabi ko sa inyo na pinakamahalaga sa
lahat ang inihulog ng biyudang ito sa
kabang-yaman. 44 Naghulog nga ang la-
hat mula sa sobra nila, ngunit siya nama'y
mula sa kanyang kasalatan. Inihulog nga
niya ang lahat ng nasa kanya – ang mis-
mong ikabubuhay niya."

**Tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem at katapusan ng mundo**

*(Mt 24:1; Lc 21:5; 19:41; 17:23)*

**13** • 1 Habang paalis si Jesus sa
Templo, sinabi sa kanya ng isa sa
mga alagad: "Tingnan mo, Guro, kay la-
king mga bato at kay gandang mga
gusali!" 2 Ngunit sinabi ni Jesus sa kanya:
"Nakikita mo ba ang malalaking gusaling
ito? Walang batong matitirang naka-
patong sa isa pang bato. Babagsak ang
lahat."
3 Nang nakaupo na si Jesus sa Bundok
ng mga Olibo, sa tapat ng Templo, at sila-
sila na lang, nagtanong sa kanya sina
Pedro, Jaime, Juan at Andres: 4 "Sabihin
mo sa amin kung kailan ito mangyayari.
Ano ang magiging palatandaan ng kaga-
napan ng lahat ng ito?"
5 Kaya sinimulang sabihin ni Jesus:
"Mag-ingat kayo at baka may makapag-
ligaw sa inyo. 6 Maraming aangkin sa
pangalan ko sa pagsasabing 'Ako ang
Mesiyas,' at maraming tao ang kanilang
malilinlang.
7 Sa pagkabalita ninyo ng digmaan at

---

napakaraming sumasamba na nakaganti ng utang na loob sa Diyos ayon sa nararapat dito. Siya ang buhay na halimbawa ng di mabilang na mga dukha na sa katunaya'y walang-wala pero kahit paano'y nakapagbibigay pa rin mula sa kaunting meron sila. Naisasakripisyo ng taong mapagpakumbaba ang bahagi ng kanyang bayarang oras ng trabaho para mag-aral o makisangkot sa sama-samang mga gawain sa pagtulong sa kanyang mga kasamahan. Higit na mahalaga ang maliit na sahod na nawawala sa kanya kaysa malaking kitang ayaw mawala ng mayayaman. Ang dukha ang unang tinatawag ng Diyos bago ang sinuman sapagkat tanging ang dukha lamang ang nakapagbibigay ng lahat, *ng mismong buhay niya*.

*ANG KATAPUSAN NG DAIGDIG*

• **13.**1 May kalabuan ang pagpapahayag ng mga propeta ng Biblia tungkol sa katapusan ng mundo na magbibigay-lugar sa panlahatang kaharian ng Diyos. Nakita nila na magsasanib ng lakas ang lahat ng bansa sa lupa para wasakin ang Banal na Lunsod ng Jerusalem. Ngunit sa mismong pagkakataon ng kawalang-pag-asa, makikialam ang Diyos sa matagumpay na paraan para itatag ang kanyang Kaharian (Is 66:18; Ez 38; Jl 4; Zac 14).

Kaya sa pagsasalita ni Jesus tungkol sa pagkawasak ng Templo, ang katapusan ng mundo ang naisip ng mga apostol. Maliwanag naman ang sagot ni Jesus: malapit na ang trahedyang magtatapos sa pagkawasak ng Jerusalem pero hindi iyon ang katapusan ng mundo.

Nasa diskursong ito ang mga babala tungkol sa pagkawasak ng bansa ng mga Judio na mangyayari makalipas ang tatlumpung taon. Ngunit nililinaw para sa atin ng sinabi niya ang kahulugan ng mga alitang kasalukuyang nagaganap sa buong daigdig.

*Sa pagkabalita ninyo sa digmaan*. Hindi ito nangangahulugang ipinauubaya ng Diyos ang daigdig sa mga puwersa ng kasamaan. Tulad ito ng *panganganak* (8) at hindi pagkabigo. Lumalago ang sangkatauhan at lalong nagiging kumplikado ang mga problemang kinakaharap ng mga bansa sa kanilang buhay at pag-unlad. Ang krisis na dinanas ng bansang Judio sa panahon ni Jesus ay tulad ng pinagdaanan ng iba pang mga sibilisasyon: may namamatay at mayroon namang isinisilang.

Sa pagkalito ng mga tao, madali silang nalololoko ng mga propaganda at mga ideolohiya. Binubulag sila ng takot at pinag-uusig nila ang mga hindi nakikibahagi sa pagiging panatiko nila. Kaya namumuhi sila sa mga tunay na sumasampalataya. Hinihingi naman ni Jesus sa kanyang mga tagasunod na *magpahayag tungkol sa kanya* (9) bilang kaisa-isang Tagapagligtas at ipahayag ang mga hinihingi ng Ebanghelyo sa bawat tao at sa lipunan.

Tatlumpung taon matapos mamatay si Jesus, nag-alsa ang mga Judio laban sa *manlulupig* (14) na Romano. Nagreorganisa naman ang mga hukbong Romano pagkatapos ng mga una nilang pagkatalo at palapit sa banal na siyudad ang kanilang mga banderang nagagayakan ng larawan ng kanilang mga *diyus-diyusan*.

At hindi na nawalan ng mga *huwad na mesiyas* (22) o ng mga nagsasabing sa kanila nakaatang ang pagliligtas sa bansang Judio na bayan ng Diyos at marami nga silang naakit na mga tagasunod.

Nagkulong sa siyudad ng Jerusalem ang mas panatikong mga Judio sa pag-asang kikilos ang Diyos.

mga banta ng digmaan, huwag mabaga-
bag. Mangyayari muna ang mga ito pero
hindi pa ito ang katapusan. 8 Magdidig-
maan ang mga bansa at maglalaban-
laban ang mga kaharian. Magkakaroon
din ng lindol sa maraming lugar, magka-
karoon ng taggutom; ngunit simula la-
mang ito ng kagipitan.

9 Mag-ingat kayo sapagkat ibibigay nga
nila kayo sa mga sanggunian at haham-
pasin kayo sa mga sinagoga. Haharap din
kayo sa mga gobernador at mga hari para
magpahayag sa kanila alang-alang sa
akin. 10 Dapat nga munang ipahayag ang
ebanghelyo sa buong mundo.

11 Kapag hinuli kayo at iniharap sa ka-
nila, huwag kayong maligalig sa inyong
sasabihin. Ibibigay nga sa inyo sa sanda-
ling iyon ang inyong sasabihin. Sapagkat
hindi kayo ang magsasalita kundi ang Es-
piritu Santo.

12 Ipapapatay ng kapatid ang sarili
niyang kapatid, ng ama ang kanyang
anak; at isasakdal ng mga anak ang
kanilang mga magulang at ipapapatay.
13 At kamumuhian kayo ng lahat dahil sa
aking pangalan. Ngunit maliligtas naman
ang makatatagal hanggang katapusan.

14 Kapag nakita ninyo *ang diyus-
diyusan ng manlulupig* na naroon sa
kung saan hindi ito dapat (maunawaan
sana ng bumabasa!), magsitakas na sa
mga bundok ang mga nasa Judea.
15 Kung nasa bubungan ka, huwag ka
nang bumaba at pumasok sa bahay para
magdala ng anuman. 16 Kung nasa bukid
ka, huwag ka nang bumalik pa para kunin
ang iyong balabal. 17 Sawimpalad ang
mga nagdadalantao at mga inang nagpa-
pasuso! 18 Manalangin na hindi taglamig
sa inyong pagtakas.

19 Sapagkat magiging araw ng pag-
subok ang mga araw na iyon; *wala pang
nangyaring ganoon mula sa simula ng
paglikha* ng Diyos at di na mangyayari
pa. 20 At kung hindi iikli ang panahong
iyon, walang maliligtas. Ngunit paiikliin
ito ng Diyos alang-alang sa kanyang mga
pinili.

21 Kaya huwag kayong maniwala kung
may magsabi sa inyo: 'Narito na ang Me-
siyas! Naroon siya!' 22 Sapagkat mara-
ming huwad na mesiyas at mga propeta
ang lilitaw at gagawa ng mga tanda at
mga kababalaghan, at darayain nila kahit
na ang mga pinili ng Diyos kung maaari.
23 Kaya mag-ingat kayo, ipinagpapauna
ko na ito sa inyo.

**Ang pagdating ng Anak ng Tao**

*(Mt 24:29; Lc 21:25)*

• 24 Ngunit sa panahong iyon, pagka-
tapos ng kagipitang ito, *magdidilim ang
araw, hindi na magbibigay ng liwanag
ang buwan,* 25 *malalaglag ang mga bituin*
mula sa langit at magigimbal ang buong
sanlibutan. 26 At makikita nilang *duma-
rating sa mga ulap ang Anak ng Tao* na
may Kapangyarihan at ganap na Kalu-
walhatian. 27 Ipadadala niya ang mga

---

Ngunit labis ang pagkakawatak-watak nila kayat sila mismo ang nag-away-away. Dinakip naman ng mga Romano ang mga tumakas mula sa lunsod dahil sa gutom at ipinako sila sa mga krus sa harap ng mga pader. Sa bandang huli, nang pumasok ang mga Romano habang sinusunog ang Templo at mga palasyo, dinala naman sa Roma bilang alipin ang lahat na hindi napatay – mga lalaki, mga babae at mga bata.

• 24. *Sa panahong iyon...* Pagkatapos maipahayag ang wakas ng daigdig ng mga Judio, sinasabi naman ngayon ni Jesus ang ilang salita tungkol sa mas mahalaga pang pangyayari: ang wakas ng daigdig, o mas mabuting sabihi'y ang pagbabago rito.

*Magdidilim ang araw, hindi na magbibigay ng liwanag ang buwan* (b. 24). Mga larawang kinuha sa Isaias 13:10 at 34:4 ang mga ito na nagpapahayag ng pagkalito, pagkagulat at pagkalansag ng mga tao at ng sanlibutan sa harap ng kadakilaan ng Kataas-taasang Hukom.

*Ipadadala niya ang mga anghel.* Isa pa rin itong pangkaraniwang larawan sa mga libro ng mga Judio na nagsasaad ng Paghuhukom ng Diyos. Gayundin naman, ang *trumpetang* tinutukoy sa Mateo 24:31 at 1 Tesalonika 4:16. Huwag nating unawain nang literal ang mga ito.

anghel *para tipunin ang mga pinili mula*
*sa apat na sulok ng daigdig,* mula sa si-
long ng langit.

• 28 Matuto sa aral ng puno ng igos:
kapag malambot na ang mga sanga nito
at lumilitaw na ang mga dahon, alam
ninyo na malapit na ang tag-init. 29 Ga-
yundin naman, kapag napansin ninyo ang
lahat ng ito, alamin ninyong malapit na,
nasa may pintuan na. 30 Talagang sinasabi
ko sa inyo na hindi lilipas ang lahing ito at
magaganap ang lahat ng ito. 31 Lilipas ang
langit at lupa ngunit hindi lilipas ang aking
mga salita.

• 32 Ngunit walang nakaaalam sa oras
at araw na Iyon kahit na ang mga anghel
sa langit o ang Anak; ang Ama lamang
ang nakaaalam.

*(Mt 24:42; 25:13; Lc 12:32; 21:34)*

• 33 Mag-ingat kayo at magpuyat: hindi
nga ninyo alam kung kailan ang oras.
34 Ipagpalagay natin na nangingibang-
bayan ang isang tao. Iniiwan niya ang
kanyang bahay at ipinagkakatiwala ang
lahat sa kanyang mga utusan. May
kanya-kanya silang tungkulin at inutusan
niyang magbantay ang bantay-pinto.
35 Kaya magbantay kayo sapagkat hindi
ninyo alam ang oras ng pagdating ng
may-ari, kung hapon o hating-gabi o ma-
daling-araw. 36 At baka bigla siyang du-
mating, at madatnan kayong natutulog.

---

• 28. *Matuto sa aral*. Binabalikan ni Jesus ang tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem.

• 32. Sa talatang ito, bumabalik tayo sa wakas ng mundo. Ang *Araw* na nabanggit ang Araw ng Paghuhukom na tinatawag na “Araw ni Yawe” sa Mga Propeta (Amos 5:18; Sof 1:15).

*Walang nakaaalam sa araw at oras*. Malinaw na sinasabi ito ni Jesus. Gayon pa ma'y lagi pa ring may mga taong naniniwalang alam nila ang di alam ng mga anghel. At maraming beses na inihuhula sa bawat dantaon ang wakas ng daigdig (2 Tes 2).

*Kahit na ang Anak, ang Ama lamang*. Nalilito rito ang ilan. Hindi ba ito nangangahulugang hindi Diyos na tulad ng Ama si Jesus? Ngunit dapat nilang alalahanin na sa pagsasalita ni Jesus tungkol sa Ama at sa Anak, nagsasalita siya sa kanyang sarili, sa kanyang pagkatao at makataong kamalayan sa harap ng Diyos Ama. Hindi masasaklaw ng pag-iisip ni Jesus bilang tao ang walang hanggang karunungan ng Diyos (tingnan ang paliwanag sa Lc 3:21 at Mc 6:1).

Maibibigay ng Espiritu kay Jesus ang ilang propetikong kaalaman pero hindi niya masasabi halimbawa na “sa Hulyo 12 sa taong 2977 magaganap ang wakas ng mundo” sapagkat hindi tiyak ang petsa. Sa atin nakasalalay kung paano natin palalaguin at pagbubungahin ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap at mga panalangin (2 P 3:14).

Ipinapakita ng makabagong siyensya na hindi pareho ang takbo ng oras sa dalawang tao kung kumikilos ang isa at ang isa nama'y hindi. Lalo nang hindi pareho ang takbo ng panahon para sa Diyos at para sa atin. Alam ng Diyos ang panahon sa kawalang-hanggan pero hindi ito nangangahulugan na may katapat itong tiyak na petsa sa ating kalendaryo.

• 33. Para itong buod ng talinhaga ng mga talento (Mt 25:14-30) at ng sampung dalaga (Mt 25:1-13). Babala ito sa atin na dapat tayong maghintay para sa Panginoong nagtatrabaho ngayon. Isinasagisag ng *bantay-pinto* ang mga may responsabilidad sa Iglesya, na hindi naman may-ari sa Iglesya kundi may hawak lamang sa mga susi ng Iglesya.

*PAANO DUMARATING SI KRISTO; KOMITMENT NG KRISTIYANO*

Sa maraming bahagi ng Ebanghelyo, inaanyayahan tayo ni Jesus na magpuyat sa paghihintay sa kanyang pagdating. Paano ba siya darating? Paano siya darating sa atin kung kapalaran naman nating mamatay bago sumapit ang araw ng maluwalhati niyang pagdating?

Totoong makakaharap natin ang Panginoon pagkamatay natin. Subalit dumarating din si Jesus sa atin sa maraming paraan habang hinihintay natin siya, sa paggawa natin sa ating *tungkulin* sa pang-araw-araw na buhay natin.

Ang ating *tungkulin* (34). Isang aspekto ng ating komitment kay Kristo ang komitment natin sa pamayanang Kristiyano, sa ating Iglesya. Ito ang partisipasyon natin sa mga sama-samang panalangin, sa eukaristiya, sa katekesis at sa iba pang katulad na mga bagay. At sa pakikibahagi natin sa mga gawaing ito, hindi lamang iisa kundi marami ang mga “pagdating” ni Kristo. Nakikita natin ang kanyang pagdating sa nagiging bukas sa pananampalataya sa ating mga kapatid; dumarating siya at binibigyan tayo ng lakas at karunungan; dumarating siya sa atin sa panalangin sa pagbibigay sa atin ng katiyakan ng kalooban na sumasaatin siya…

Ngunit dumarating din si Kristo sa ating pang-arawaraw na pamumuhay. Kinikilala ng mga propeta ang pagdating ng Panginoon sa mga pangyayaring naghahatid ng pagbabago. May mga pagkakataong dumarating siya sa kanyang pagkabuhay, sa masasayang pangyayari na naghahatid ng buhay at ligaya, at higit pang katarungan at pag-asa sa mga dukha. Sa ibang

37 Kaya sinasabi ko rin sa lahat ang
sinasabi kong ito sa inyo: Magbantay."

**Pakana laban kay Jesus**

*(Mt 26:2; Lc 22:1; Jn 11:47)*

**14** • 1 Dalawang araw bago mag-
Paskuwa at mag-Piyesta ng Tina-
pay na Walang Lebadura, nagsikap ang
mga punong-pari at mga guro ng Batas
na gumawa ng pakana para mahuli at
mapatay si Jesus. 2 Ngunit sinabi nila:
"Hindi ngayon sa piyestang ito, at baka
magkagulo ang mga tao."

**Pinahiran ng pabango si Jesus**

*(Mt 26:6; Jn 12:1)*

• 3 Nang nasa Betania si Jesus at nasa
hapag sa bahay ni Simong ketongin,
isang babae ang lumapit sa kanya, dala-
dala ang isang sisidlang may purong pa-
bangong-mira. Binasag niya ang sisidlan
at ibinuhos ito sa ulo ni Jesus. 4 Kaya may

---

pagkakataon nama'y dumarating siya sa kanyang pagpapakasakit at pagkamatay.

Dahil dumarating nga si Jesus sa ating pang-araw-araw na kasaysayan kaya may pananagutan tayo sa kanya na pagsilbihan ang ating daigdig sa kasalukuyan. Bilang mga layko, mas malaking bahagi ng ating komitment kay Kristo ang naipahahayag hindi sa mga gawang pansimbahan kundi sa mga tungkulin natin sa daigdig – sa ating mga trabaho, mga pamilya, mga gawang panlipunan at pampulitika. At dito, kung saan nabubuhay at nagtatrabaho ang bawat isa, dito siya dapat maging gising at *magbantay*.

*Magbantay* para huwag masiraan ng loob, para mapaglabanan ang tiwaling kapaligiran at mga panghihikayat ng masamang espiritu. *Magbantay* rin sa patuloy na paghihintay kay Kristo. Sapagkat marami ang nagsimula nang may kagandahang-loob, sa paggawa para sa kapakanan ng kapwa ngunit hindi naman laging nakatuon sa Panginoon ang kanilang mga mata kaya nawala sa kanilang paningin ang mithiin at naging mga tagapamahala at mga aktibista lamang.

May komitment sila sa mga gawain at mga kilusan pero hindi sa Panginoon mismo. Kaya naman puno ng mga kontradiksyon ang kanilang buhay. May panahong gumagawa sila ng mga kababalaghan at bigla naman silang nabibigo. Gumagawa sila ng kapaki-pakinabang na mga bagay pero hindi nila namamalayan kung kailan nila dapat tigilan ang mga ito at ibang landas ang tahakin. Sarili nilang gawa ang kanilang ginagawa pero hindi nila pinapaghahari ang Panginoon sa kanilang isipan, puso't kalooban, sa buong buhay nila.

Hindi ito nangyayari sa mga *nagbabantay:* sa pamamagitan nila dumarating si Kristo sa mga tao.

*PASKO NG PAGKABUHAY, PASKUWA*

• **14.1** Ipagdiriwang ng mga Judio ang ika-1480 anibersaryo ng kanilang pag-alis sa Ehipto. Ang *Paskuwa* o ang Paglampas ng Panginoon ang piyesta ng pambansang kasarinlan at siyang pinakaimportanteng piyesta sa kalendaryong panrelihiyon.

Ngunit 40 taon nang wala silang kasarinlan. Kaya muling ginigising ng Paskuwa ang kanilang pananabik sa kalayaan at nagiging sanhi ng mga kaguluhan. Mula sa lahat ng dako ng Palestina, naglalakbay ang mga Judio pa-Jerusalem dahil sa Templo ihahandog ang kordero na kakainin sa salu-salong pampaskuwa sa Jerusalem.

Kakain ang bawat pamilya ng litsong kordero na may letsugas at tinapay na walang lebadura sa pagsasalitan ng pag-awit ng mga salmo at ng pagbabasbas ng iba-ibang kopa ayon sa matanda at detalyadong seremonya. Aalalahanin ng ama ng pamilya ang paglabas mula sa Ehipto, at sa paggunita sa nakaraan, hihilingin ng bawat isa sa Panginoon na palayain ang kanyang bayang hinamak.

Ngunit mas marami sa mga pangkaraniwang tao at sa mga may katungkulan ang walang kakayahang magbago ng pananaw sa darating. Wala sa paglagot muna sa kanilang mga kadena sa pulitika ang kaligtasan ng Israel na bayan ng Diyos kundi sa pagdiskubre sa lihim ng kapatiran ng lahat na hindi limitado sa lahi at partido.

Ang Ebanghelyo ang "pampabago" na puwedeng magpalaya sa sangkatauhan, sa paglupig ng mabuti sa masama. Nakay Jesus ang kaligtasan pero hindi nila ito nakita. At hindi rin sila nagtiwala sa kanya dahil parang masyadong angat sa lupa ang kanyang aral. Isa si Judas sa mga nagsisisi sa pagkakasunod sa isang lider na walang silbi.

Napakakaunti lamang ang nagawa ni Jesus sa loob ng dalawang taon pagkatapos siyang mabinyagan ni Juan. Ngunit sapat na ito para matakot sa kanya ang mga nasa kapangyarihan. Hindi matatagalan ng anumang lipunan ang presensya ng isang taong malaya at walang kasalanan. Kung hindi namatay na bata si Jesus, babagsak ang lipunan ng kanyang panahon.

• 3. Tingnan ang Juan 12:1 at ang paliwanag sa Lucas 7:36.

Mga ilang araw bago magpaskuwa, habang *naghahapunan* si Jesus *sa Betania* (Jn 12:1), ipinakita ni Maria sa harap ng mga tao ang magiliw at maalab na pag-ibig niya kay Jesus. Mahal din si Jesus ng ilang naroon pero hindi nila alam kung paano ito ipahahayag. Subalit may ilan namang naudyukan ng sinabi ni Judas at naeskandalo sa higit na malasakit ni Maria kay Jesus kaysa mga dukha.

*Mabuting gawain ang ginawa niya sa akin.* Ibinibilang ng mga Judio sa "mabubuting gawa" ang paglilibing sa mga patay. Isang tanda ang nakikita ni Jesus sa ginawa ni Maria, isang pagpapahayag ng nalalapit niyang kamatayan. Bilang na ang oras ni Jesus at

ilang nagalit at kanilang sinabi: "Bakit
sinasayang ang pabangong ito! 5 Ma-
ipagbibili sana ang mirang ito nang higit
pa sa tatlundaang denaryo at maibibigay
sa mga dukha." At nagbulung-bulungan
sila laban sa babae.
6 Sinabi naman ni Jesus: "Bakit ninyo
siya ginugulo? Huwag ninyo siyang paki-
alaman. Mabuting gawain ang ginawa
niya sa akin. 7 Ang mga dukha'y laging
nasa inyo at matutulungan ninyo sila ka-
ilanman ninyo naisin pero ako'y hindi la-
ging nasa inyo. 8 Ginawa niya ang para sa
kanya: inihanda na niya ngayon pa man
ang aking katawan para sa paglilibing.
9 Talagang sinasabi ko sa inyo: saan man
ipahayag ang Ebanghelyo – sa buong
daigdig – mababanggit din ang ginawa
niya sa akin bilang pag-alaala sa kanya."
10 At pumunta sa mga punong-pari si
Judas Iskariote na isa sa Labindalawa
para ibigay si Jesus sa kanila. 11 Natuwa
sila sa pagkarinig sa kanya at nangakong
bibigyan siya ng pera. Kaya naghanap
siya ng pagkakataong maipagkanulo
siya.

**Huling hapunan ni Jesus**

*(Mt 26:17; Lc 22:7; 1 Cor 11:23; Jn 13)*

• 12 Sa unang araw ng Piyesta ng Tina-
pay na Walang Lebadura, nang kinakatay
ang mga tupang pampaskuwa, sinabi
kay Jesus ng kanyang mga alagad:
"Saan mo kami gustong pumunta para
maghanda ng Hapunang Pampaskuwa
para sa iyo?"

13 Kaya ipinadala niya ang dalawa sa
kanyang mga alagad sa pagsasabing:
"Pagpunta ninyo sa lunsod, sasalubungin
kayo ng isang lalaking may pasang
isang bangang tubig. Sumunod kayo sa
kanya 14 at sabihin ninyo sa may-ari ng
bahay na pupuntahan niya, 'Ito ang sabi
ng Guro: Nasaan ang kuwarto para sa
akin para pagsaluhan namin ng aking
mga alagad ang Hapunang Pampas-
kuwa?' 15 Ituturo niya sa inyo ang isang
malawak na silid sa itaas na ayos na at
may mga kagamitan. Doon kayo mag-
handa para sa atin."

16 Umalis nga ang mga alagad at pu-
munta sa lunsod at nakita ang sinabi ni

---

walang dapat masayang sa mga ito habang nasa piling natin siya. Mas importante ang pagtutuon ng pansin at pagsabay sa kanya sa mga huling sandaling ito kaysa magkawanggawa sa mga dukha (medyo katulad nito ang nasa Marcos 2:19-20 tungkol sa mga bilanggo ng sarili nilang mga pag-aayuno at mga panalangin).

*Ang mga dukha'y laging nasa inyo*. Maling interpretasyon kung isasalin ito na "Laging may mga dukha" at pagkatapos ay sasabihing para kay Jesus ay sinasayang lamang natin ang panahon sa paghahangad ng isang lipunang mas makatarungan. Sinasabi lamang niya na hindi sa lahat ng panaho'y pagtulong sa mga pobre ang pinakakailangan sa lahat.

*At... si Judas Iskariote*. Binibigyang-diin ng Ebanghelyo ang pagkakaiba sa mga kilos ni Maria at ni Judas. Ang wagas na pag-ibig ni Maria ay nagtutulak sa kanya na kumilos, na para sa mga apostol ay isang katangahan. Pinupulaan naman ni Judas ang mabuting gawa ni Maria sa pagtatanggol sa pagtitipid at pagiging mabisa.

*ANG BAGONG TIPAN*

• 12. Sa Hapunang Pampaskuwa, gusto ni Jesus na linawin ang kahulugan ng nalalapit niyang Pagpapakasakit at Pagkamatay. Malaya niyang hinaharap ang kamatayang magliligtas sa daigdig. Ano kaya ang magiging pagliligtas "niya"? Ihahatid nito ang kasaysayan ng tao sa kagapanapan nito: kailangang lumago at mamunga ang mga tao at mga bayan, magharap-harap at pagkatapos ay mabuklod sa iisang katawan. Sangkaterbang krisis at kamatayan ang pagdaraanan ng daigdig para makarating sa Pagkabuhay.

Sa sangkatauhan gagabay ang mensaheng inilahad ni Jesus. Ngunit kailangan din na may isang bayan ng Diyos na magiging lebadura sa masa, isang maliit na grupo ng mga tao na magtatalaga ng sarili sa gawa ng Diyos at sila namang pagtatalagahan din ng Diyos.

Labindalawang dantaon bago dumating si Jesus, nakipagtipan na ang Diyos sa bayan ng Israel sa Bundok Sinai: sila at ang kanilang mga anak ang magiging bayan ng Diyos mula sa lahat ng iba pang mga bayan. Ngunit sa paglipas ng panahon at sa karanasan ng mga kataksilan ng bayan ng Diyos, naunawaan ng mga propeta na isa pang hakbang ang kailangan: isa pang Tipan ang kailangan, na *kapatawaran ng mga kasalanan* ang magiging unang bunga (Jer 31:31 at Ez 36:22). Hindi na magiging iisang lahi lamang ang bayan ng Diyos kundi isang pamilya ng mga mananampalatayang pinatawad sa kanilang mga kasalanan: ito ang Iglesya.

Sa gabi bago siya mamatay, inaalaala ni Jesus ang unang Tipan sa Sinai nang *ibuhos ang dugo* ng mga hayop na inihandog (Ex 24:8). Hindi magtatagal at *ibubuhos* naman niya *ang kanyang dugo* para sa

Jesus sa kanila, at inihanda nila ang
Paskuwa.
17 Pagkalubog ng araw, dumating si Je-
sus kasama ang Labindalawa. 18 Habang
nasa hapag sila at kumakain, sinabi ni
Jesus: "Talagang sinasabi ko sa inyo:
ipagkakanulo ako ng isa sa inyo na kasalo
ko." 19 Nalungkot sila at isa-isang nagta-
nong sa kanya: "Ako ba?" 20 Sumagot
siya: "Isa sa Labindalawang kasabay
kong magsasawsaw ng tinapay sa plato.
21 Patuloy sa kanyang daan ang Anak ng
Tao ayon sa isinulat tungkol sa kanya
ngunit kawawa ang magkakanulo sa
Anak ng Tao; mabuti pa para sa taong ito
kung hindi na siya ipinanganak."
22 Habang sila'y kumakain, kinuha niya
ang tinapay, at matapos magpuri sa
Diyos, pinaghati-hati niya iyon at ibinigay
sa mga alagad habang sinasabi: "Kunin
ninyo; ito ang aking katawan." 23 Pag-
katapos ay kinuha niya ang kalis, nagpa-
salamat siya at ibinigay sa kanila, at
uminom ang lahat. 24 At sinabi niya sa
kanila: "Ito ang aking dugo, ang dugo ng
Tipan, na ibinubuhos para sa marami.
25 Sinasabi ko rin sa inyo: hindi na ako
iinom pa ng galing sa ubas hanggang sa
araw na inumin ko ang bagong alak sa
kaharian ng Diyos."

**Sinabi ni Jesus ang pagtatatwa ni Pedro**
*(Mt 26:30; Lc 22:23; Jn 13:37)*

26 At pagkaawit ng mga salmo pumunta
sila sa Bundok ng mga Olibo. 27 At sinabi
ni Jesus sa kanila: "Matitisod kayong
lahat. Sinasabi nga ng Kasulatan: *'Ha-
hampasin ko ang pastol at mangangalat
naman ang mga tupa.'* 28 Ngunit pagka-
buhay kong muli, mauuna ako sa inyo sa
Galilea."
29 Sinabi ni Pedro: "Kahit na matisod
man ang lahat dahil sa iyo, ako'y hindi."
30 Sumagot si Jesus: "Talagang sinasabi
ko sa iyo, sa gabi ring ito bago maka-
lawang tumilaok ang tandang, tatlong
beses mo akong itatatwa." 31 Ngunit lalo
pang sinabi ni Pedro: "Kahit mamatay pa
akong kasama mo, hinding-hindi kita
itatatwa." Gayundin ang sinabi ng iba.

**Getsemane**
*(Lc 22:40; Jn 18:1)*

• 32 At nagpunta sila sa isang lugar na
tinatawag na Getsemane at sinabi niya sa
mga alagad: "Maupo kayo rito habang
nagdarasal ako."
33 Isinama niya sina Pedro, Jaime at
Juan, at nagsimula siyang labis na kilabu-
tan at mamighati. 34 At sinabi niya sa
kanila: "Labis na kalungkutan na parang

---

*marami* (Is 53:11). Sa natatanging paraan, ang Iglesya ang tinutukoy ng *maraming* ito. Kaya nililinis ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ang mga magiging bayan niya sa daigdig.

Sa tuwing ipagdiriwang natin ang eukaristiya o misa, muli nating pinagtitibay ang Tipang ito. Nasa piling natin si Jesus sa pag-aalaala natin sa kanyang sakripisyo. Nagiging espirituwal na pagkain natin siya at itinatalaga niya tayo sa kanyang Ama upang lalo pa tayong makibahagi sa kanyang gawang pagliligtas.

Ang huling hapunan ni Jesus ang unang liturhiyang Kristiyano. Sa halip na mga solemneng seremonya sa Templo, ang pinakamahalagang sandali sa buhay ng Iglesya ay magiging salu-salo ng magkakapatid kung saan inihahandog ni Jesus ang kanyang sarili bilang tinapay ng buhay.

*Hindi na ako iinom pa ng galing sa ubas hanggang sa inumin ko ang bagong alak*. Hindi lamang paggunita sa kamatayan ni Jesus ang eukaristiya kundi ipinahahayag din nito ang araw na ipagdiriwang ni Kristo ang Bangkete ng Kaharian kasalo ang buong sangkatauhang nagkakabuklod sa kanya.

Para maunawaan ang kahulugan ng Hapunan ng Panginoon, kailangang basahin ang mga salita ng pamamaalam ni Jesus sa kanyang mga apostol, na inilagay ni Juan sa gabing ito ng Huwebes Santo (Jn 14-17). Dumating si Jesus hindi lamang para mangaral kundi para ikalat ang kanyang Espiritu sa mga sumasampalataya. Mula noo'y sasakanila siya sa natatanging paraan at pinasisigla niya sila tuwing magtitipon sila para ipagdiwang ang Huling Hapunan. Ipinaliliwanag ito ni Juan sa Juan 6 at ni Pablo sa 1 Corinto 11:17.

Tingnan din ang paliwanag sa Mateo 26:26.

*ANG KATAHIMIKAN NG DIYOS*

• 32. Nag-iisa si Jesus sa pagharap niya sa kamatayan.at paglupig dito. Pasan niya ang hantungan ng lahat ng tao. Nakikita niya ang lahat ng kasamaan ng tao na magpapahirap sa kanya o ha-

kamatayan ang aking nadarama. Manatili
kayo rito at magpuyat."
35 At pumunta siya sa malayu-layo pa
at napatirapa at dinasal na kung maaari'y
lumayo sa kanya ang oras na ito. At
sinabi: 36 "Abba (na ibig sabihi'y Tatay),
lahat ay posible para sa iyo. Alisin mo sa
akin ang kalis na ito. Ngunit hindi ang
loob ko kundi ang sa iyo."
37 At pagbalik niya nakita niya silang
natutulog at sinabi niya kay Pedro: "Si-
mon, natutulog ka ba? Hindi ka ba maka-
pagpuyat nang kahit isang oras lamang?
38 Magpuyat at manalangin upang hindi
kayo madaig ng tukso. Talagang masi-
gasig ang espiritu ngunit mahina ang
laman."
39 Umalis siya uli para manalangin at
gayon din ang kanyang sinabi. 40 At pag-
balik niya, muli niya silang nakitang natu-
tulog; mabigat nga ang kanilang mga
mata at hindi nila alam kung ano ang
sasabihin sa kanya.
41 Sa pangatlong balik niya, sinabi niya
sa kanila: "Sige, matulog kayo at magpa-
hinga! Tama na. Dumating na ang oras at
ibinibigay na ang Anak ng Tao sa mga
taong makasalanan. 42 Gumising na kayo
at tumindig. Narito na ang nagkakanulo
sa akin."

**Dinakip si Jesus**

*(Mt 26:47; Lc 22:47; Jn 18:2)*

• 43 Nagsasalita pa si Jesus nang
dumating si Judas na isa sa Labindalawa,
at marami siyang kasama na ipinadala ng
mga punong-pari at mga guro ng Batas at
Matatanda ng bayan. May dala silang mga
tabak at pamalo 44 at nagtakda sa kanila
ang taksil ng isang senyas: "Ang siya
kong hahalikan, siya ang tao, hulihin
ninyo siya at dalhin at bantayang mabuti."
45 Kaya lumapit siya kay Jesus at sinabi:
"Guro!" At hinalikan niya ito. 46 At sinung-
gaban nila siya at dinakip. 47 Hinugot na-
man ng isa sa mga naroon ang isang tabak
at tinaga ang isang katulong ng Punong-
pari, at naputol ang tainga nito.
48 Nagsalita naman si Jesus: "Isa ba
akong tulisan at pumarito kayong may

---

hayaan siyang pahirapan. At nakikita niya ang Kapangyarihan ng Kadiliman sa likod ng lahat ng ito.

Sa sandaling ito, si Jesus ang *tao ng kalungkutan*, alam niya ang lahat ng hirap at dalamhati, naging kaisa mismo ng kasalanan. Nabibigatan siya sa lahat ng kasamaan ng mga tao, na kailangang bayaran niya ng kanyang kamatayan. Harap-harapan sa panalangin sa kanyang pinakamamahal at makatarungang Ama, nararanasan ni Jesus ang lungkot ng kamatayan.

Iisang pangungusap ang inuulit-ulit ni Jesus na nagpapahayag ng ganap na panalangin: *Tatay, hindi ang akin kundi ang iyong kagustuhan*. May mga pagkakataon at mga lugar na nasa matinding paghihirap ang Iglesyang pinag-uusig at walang ibang magagawa liban sa naising matupad ang kagustuhan ng Ama. Sa mga pagkakataong iyon pinakamabisa ang kanyang panalangin (Heb 2:10).

Mahiwagang *paghihirap* ng Anak ng Diyos (pakikibaka ang ibig sabihin ng "agoniya"). Siya ang nagbibigay ng lakas ng loob sa di mabilang na martir upang walang-takot na harapin ang mga pagpapahirap ngunit ngayo'y hinahayaan niyang maranasan ng kanyang sarili ang ganap na kahinaan ng tao. Para sa atin ito. Kahit na nakadarama tayo ng takot o kahinaan, hindi tayo dapat magduda: siya ang magpapatatag sa atin (Mt 10:28).

Tumingin tayo kay Jesus na ating Tagapagligtas. Wala siyang anumang kasalanang dapat pagbayaran ni kailangang linisin. Ngunit kailangang dumanas siya ng mga kahihiyan at pagdurusa, at kahit na ng katahimikan ng Diyos para maabot ang paglago at pamumungang kulang pa sa kanya upang maging "Taong" ulo ng sangkatauhan.

*SI JUDAS*

• 43. Isa sa Labindalawa si Judas. Paano kaya napili ni Jesus pagkatapos ng magdamag na panalangin, ang lalaking ito na magkakanulo sa kanya? Nang sumunod si Judas kay Jesus, isang tagapagpalaya sa karaniwang kahulugan nito ang kanyang pinapangarap gaya ng iba pang mga apostol. At samantalang mas nakikilala ng iba si Jesus, unti-unti rin naman nilang binabago ang kanilang mga hangarin, pero hindi si Judas. Ipinagkanulo ni Judas si Jesus para makapaghiganti sa Gurong bumigo sa kanya. Kahit na kabilang si Judas sa mga pinakamalapit kay Jesus, hindi niya nasuklian ang pagmamahal ng kanyang Guro sa kanya: ginantihan niya ng pagkamuhi ang pag-ibig, at sa huli'y nahulog siya sa bangin ng kasamaan.

Maaaring may pananagutan din ang mga apostol sa nangyari kay Judas. Si Judas, katulad ni Levi-Mateo, ay sumapi sa isang grupo ng mga mangingisdang taga-Galilea na siyang nakararami sa Labindalawa. Pinagsikapan kaya nilang mabuti na maisama siya sa kanilang grupo?

mga tabak at pamalo para hulihin ako?
49 Nasa Templo ako araw-araw sa piling
ninyo at nagtuturo, at hindi ninyo ako
hinuli. Ngunit kailangang matupad ang
mga Kasulatan."

50 At iniwan siya ng lahat at sila'y nagsitakas.

51 Sinundan siya ng isang binata na
nadaramtan lamang ng telang linen at si-
nunggaban naman nila iyon. 52 Kaya
nalaglag ang tela, at hubo't hubad iyong
tumakas.

• 53 Dinala si Jesus sa bahay ni Caifas
na Punong-pari, at doon nagtipon ang
mga punong-pari, mga Matatanda ng
bayan at mga guro ng Batas. 54 Sinundan
siya ni Pedro sa malayo hanggang pumasok siya roon sa patyo ng Punong-pari,
nakiupo sa mga utusan at nagpainit sa
apoy.

55 Naghahanap ang mga punong-pari
at ang Sanggunian ng patotoo laban kay
Jesus para maipapatay siya pero wala
silang nakita. 56 Marami ngang bulaang
saksi ang nagprisinta laban sa kanya pero
hindi magkaisa ang kanilang mga patotoo. 57 May dalawang bulaang saksing
tumayo at nagpahayag: 58 "Sinabi nito:
Magigiba ko ang Templong ito na gawa ng
tao at itatayo sa loob ng tatlong araw ang
ibang di gawa ng tao." 59 Gayunman, hindi
nagkaisa ang kanilang patotoo.

• 60 At pagtayo ng Punong-pari sa gitna,
tinanong niya si Jesus: "Wala ka bang
maisasagot sa lahat ng ito? Ano ang patotoo nilang ito laban sa iyo?" 61 Ngunit
nanatiling tahimik si Jesus at hindi sumagot ni isa man.

Kaya muli siyang tinanong ng Punong-pari: "Ikaw ba ang Kristo, ang Anak ng
Pinagpala?" 62 At sumagot si Jesus: "Ako
nga. At *makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanang kamay ng Makapangyarihang Diyos* at *dumarating sa mga ulap ng langit.*"

63 Pinunit ng Punong-pari ang kanyang
mga tunika habang sinasabi: "Kailangan
pa ba ang mga saksi? 64 Kayo na mismo
ang nakarinig sa paglapastangang ito!
Ano ang inyong pasya?" At nagpasya
ang lahat na kamatayan ang dapat sa
kanya.

65 At may mga nagsimulang dumura sa
kanya; piniringan nila siya at sinuntok habang sinasabi: "Manghula ka!" At sinampal siya ng mga bantay.

---

*ANG PAGLILITIS KAY JESUS*

• 53. Humarap si Jesus sa dalawang hukuman. Una, sa Sanhedrin o Kataas-taasang Sanggunian ng mga Judio kung saan nila siya pinaratangan ng paglapastangan sa Diyos o pangangahas na magsalita nang laban sa Diyos. Pagkatapos ay humarap naman siya sa Romanong gobernador na si Pilato at pinalabas naman nila siyang pulitikong nanggugulo.

Narito ang dahilan sa dobleng paglilitis na ito. Nasa ilalim ng kapangyarihang Romano ang mga Judio at wala na silang kapangyarihang magpataw ng mabibigat na parusa. Kaya pagkatapos hatulan si Jesus ayon sa kanilang Batas, na mga batas ng Biblia, hiningi nila kay Pilato na ipatupad ang parusang kamatayan. At para mahikayat at makumbinsi si Pilato, nagharap sila ng mga bagong paratang.

Napakahirap sabihin kung legal nga o ilegal ang ginawang paglilitis kay Jesus. Tulad ito sa maraming paglilitis na alam natin, na nababaluktot ng mga nasa kapangyarihan ang batas para masentensyahan ang kanilang mga kalaban nang hindi na gumagawa pa ng hayagang pandaraya.

*ANG PAGHAHATOL KAY JESUS*

• 60. Hindi mahahatulan ng kamatayan si Jesus ng mga pari dahil sa kung anong paglabag lamang sa Batas. Kaya kailangang humanap sila ng bagay na mas importante at siyang nasa pinakasentro ng Ebanghelyo: *Ikaw ba ang Anak ng Diyos?*

Sumagot si Jesus sa pagsasama niya ng dalawang teksto ng Biblia na nagpapahiwatig sa pagkadiyos ng Tagapagligtas. *Anak ng Tao* na sa Diyos mismo galing (Dn 7:13) *na nakaupo sa kanang kamay ng Diyos* bilang kapantay niya (Slm 110:1). Sa pahayag na ito, nililiwanag ni Jesus na hindi lamang siya isang anak ng Diyos gaya ng isang santo o sugo ng Diyos kundi ang Bugtong na Anak na kaisa sa pagkadiyos ng Ama.

Hindi nagkamali ang mga pari tungkol sa pahayag ni Jesus na siya ang *Anak ng Diyos.* Hinatulan nila siya hindi lamang dahil sa kanyang sinabi; sa kabuuan ng mga ginagawa ni Jesus ay inilalagay niya ang kanyang sarili sa lugar na para lamang sa Diyos. Sa gayo'y mapapagaan nila ang kanilang konsiyensya sapagkat ipinagtatanggol nila ang karangalang sa Kaisa-isahang Diyos lamang nararapat.

**Itinatwa ni Pedro si Jesus**
*(Mt 26:69; Jn 18:15)*

• 66 Habang nakaupo naman si Pedro sa patyo sa ibaba, lumapit sa kanya ang isa sa mga batang utusang babae ng Punong-pari. 67 Pagkakita nito na nagpapainit siya, tiningnan siya nito at sinabing: "Kasama ka ni Jesus na taga-Nazaret." 68 Ngunit ikinaila niya ito sa pagsasabing "Hindi ko alam ni naiintindihan ang ibig mong sabihin." Lumayo si Pedro at pagpunta niya sa may pintuan, 69 nakita siya uli ng babae at sinabi sa mga naroon: "Isa sa kanila ang taong ito." 70 Ngunit muli niya itong ikinaila. Makaraan ang ilang sandali, sinabi naman kay Pedro ng mga nakatayo roon: "Isa ka nga sa kanila. Taga-Galilea ka nga." 71 Ngunit nagsimulang magmura at manumpa si Pedro: "Hinding-hindi ko nakikilala ang tao."

72 At noon ang ikalawang pagtilaok ng tandang. At naalaala ni Pedro ang mga sinabi ni Jesus: "Bago tumilaok nang dalawang beses ang tandang, tatlong beses mo akong itatatwa." At humagulhol siya.

**Si Jesus sa harap ni Pilato**
*(Mt 27:11; Lc 23:2; Jn 18:28)*

15 1 Maagang-maaga pa'y naghanda ang mga punong-pari ng isang pulong kasama ang mga Matatanda at mga guro ng Batas – ang buong Sanhedrin. Iginapos nila siya at ipinadala kay Pilato.

2 Tinanong siya ni Pilato: "Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?" Sumagot si Jesus: "Ikaw ang nagsasabi." 3 Pinaratangan naman siya ng mga punong-pari at Matatanda 4 kaya muli siyang tinawag ni Pilato: "Wala kang sagot? Naririnig mo ba? Kay dami ng mga sakdal laban sa iyo!" 5 Ngunit hindi siya umimik ni isa mang salita kaya nagtaka ang gobernador.

• 6 Tuwing magpipiyesta, pinalalaya ng gobernador ang sinumang bilanggong gustuhin ng mga tao. 7 At may isang bi-

---

Ayaw nilang aminin na sa totoo'y namumuhi sila sa kanya dahil inilantad niya ang kanilang pagkukunwari, ang kawalan nila ng paniwala at ang pagiging mukhampera nila. Malaya ang pakiramdam ni Jesus tungkol sa mga panrelihiyong panuntunang ipinagtanggol nila at napabagsak niya sila sa kanilang mga pedestal. Kay Jesus, ang Diyos mismo ang dumating para *kubrahin ang kanyang bahagi sa ani* ng ubasan (Mc 12:2), para hingan sila ng kuwenta at kinalaban naman nila siya.

Hinatulan si Jesus sa ngalan ng Batas ng Diyos. Hindi siya naghimagsik laban sa di-makatarungang hatol na ipinataw ng mga pinuno ng relihiyon ng kanyang bayan, na kahit na di karapat-dapat ay siyang legal na kinatawan ng Diyos. Ito ang kanyang ganap na pagsunod sa Ama.

• 66. Hindi nagkulang sa pagkalalaki ang mga apostol, dahil hindi sana sila pinili ni Jesus. Tapat si Pedro nang sabihin niyang *"Matisod man ang lahat, ako'y hindi"* (14:29). Handa silang mamatay dahil kay Jesus tulad ng mga taong masigasig lumaban pero iba ang nangyari. Nang dakpin si Jesus, nalito ang mga apostol dahil hindi niya ginamit ang makadiyos niyang kapangyarihan at hindi siya nagpamalas ng anumang paglaban sa kanyang mga kaaway. Kaya mali kung sasabihing naging duwag ang mga apostol hanggang sa araw na matanggap nila ang Espiritu Santo.

Madaling maunawaan ang reaksyon nilang tumakas mula sa halamanan. Ngunit niyanig ng pagtakas na ito ang mga pinakapundasyon ng lahat nilang pananampalataya matapos ang araw-araw na pamumuhay kasama ni Jesus sa loob ng dalawang taong lumipas. Itinatatwa ni Pedro si Jesus hindi lamang dahil sa takot kundi sa katunaya'y hindi pa niya nakikilala kung sino talaga si Jesus.

Tunay at malubhang pagkadapa ang pagtatatwa ni Pedro. Ngunit agad na pinatatawad ng Diyos ang kasalanan sa sandaling magtama ang tingin nina Pedro at Jesus at magsisi si Pedro (Lc 22:61). Pero ang pagkakamaling ito ang oobliga sa kanya hanggang sa wakas ng kanyang buhay na huwag magtiwala sa kanyang sarili. Si Pedrong *Bato* at responsable sa Iglesyang panlahat ay mananatiling mulat sa sarili niyang kahinaan at hindi matatahimik hanggang hindi siya nakakasunod kay Jesus sa pag-aalay ng kanyang buhay para sa kanya (Jn 21:9).

*ANG BAYAN*

• **15.6** Hiningi ng bayang Judio ang kamatayan ni Jesus – ito rin ang bayang nagdala sa kanya ng kanilang mga maysakit at tatlong araw na sumunod sa kanya sa mga liblib na lugar at kinalimutan na ang kanilang gutom. Hindi man parehong mga tao ngunit pareho namang bayan.

Ibinigay ng mga pinuno si Jesus para mamatay dahil sa inggit at sapagkat subersibo ang Ebanghelyo sa

langgo roon na nagngangalang Barabbas, na nadakip kasama ng ibang rebelde na may pinatay sa paghihimagsik.

8 Pag-ahon ng bayan, sinimulan nilang hingin kay Pilato na gawin ang dati niyang ginagawa 9 at nagtanong si Pilato: "Gusto ba ninyong pakawalan ko ang Hari ng mga Judio?" 10 Alam nga niya na ipinadala ng mga punong-pari si Jesus dahil sa inggit. 11 Sinulsulan naman ng mga punong-pari ang mga tao para hingin na si Barabbas ang pakawalan. 12 Kaya tinanong uli sila ni Pilato: "At ano ang gagawin ko kay Jesus na tinatawag ninyong Hari ng mga Judio?" 13 At sumagot ang lahat: "Ipako siya sa krus!" 14 Iginiit naman ni Pilato: "Ano ang kanyang kasalanan?" Ngunit lalo nilang nilakasan ang sigaw: "Ipako iyan sa krus!"

15 Sa hangad ni Pilatong bigyang-kasiyahan ang bayan, pinakawalan niya si Barabbas at ipinahagupit naman si Jesus at ibinigay para ipako sa krus.

**Kinoronahan ng tinik si Jesus**
*(Mt 27:27; Jn 19:1)*

16 At ipinasok ng mga sundalo si Jesus sa *Pretorio* o bulwagan at tinawag ang buong hukbo. 17 Dinamitan nila siya ng kulay-pulang balabal at pumilipit sila ng isang koronang tinik at ipinutong ito sa kanyang ulo. 18 At sinimulan nila siyang batiin: "Mabuhay ang Hari ng mga Judio!" 19 Pinaghahampas nila ng patpat ang kanyang ulo at dinuraan nila siya at saka paluhod na sinamba-samba.

20 Matapos nila siyang libakin, inalis nila ang pulang balabal, isinuot sa kanya

---

lahat ng sistemang sarili ang ipinagtatanggol sa halip na paglingkuran ang mga tao. Pinabayaan naman ng mga tao si Jesus at si Barabbas ang pinili. Bakit? Sapagkat isang landas ng paglaya ang ipinanukala ni Jesus na nangangailangan ng panahon, pananagutan at pagsasakripisyo. Si Barabbas naman ang halimbawa ng iresponsableng karahasan na umaakit sa mga mapurol ang diwa dahil binibigyang-kasiyahan nito ang natatago nilang karahasan at ang espiritu ng paghihiganti.

Hiningi ng bayang Judio ang kamatayan ni Jesus. Oo nga't hindi kasama rito ang lahat pero may pananagutan sila bilang isang bayan. Sa anumang grupo, may kinalaman ang lahat sa kasamaang ginagawa ng ilan sapagkat hindi sila naging ganap na matapang o matalino o matiyaga para hadlangan ito.

Pinapananagot ng mga ebanghelista ang bayang Judio at tama lamang sapagkat mga Judio rin sila. Una munang inaakusa ng tunay na sumasampalataya ang sarili at ang kanyang mga kagrupo. Nangyaring ang mga Judio ang pumatay sa Diyos sapagkat ipinasya niyang mabuhay sa piling nila. Malamang na alinmang bayan na puntahan ng Panginoon ay gayon din ang gawin ng mga tao sa ngalan ng Diyos at ng mga sagrado nilang batas.

Sa nakalipas na mga dantaon, inusig naman ng marami sa tinatawag na mga Kristiyano ang mga Judio, sa pagsasabing sila ang pumatay kay Kristo. Kayat nagiging mga mapagkunwari rin sila at bulag sa katotohanan: pinapatay nila mismo si Kristo sa katauhan ng di mabilang na mga biktimang wala namang kasalanan na pinatay o sinunog nila dahil sa hindi pagpapasailalim ng mga ito sa hari o sa relihiyon.

Hindi nga kailanman hinangad ni Jesus ang kamatayan ngunit mula sa simula ng kanyang buhay ay tinanggap na niya ito sa kakila-kilabot na paraan. May dalawang dahilan ito: una, para ipakita sa Ama ang ganap na pagpapaubaya niya ng sarili bilang Anak o para ilagak sa mga kamay ng Ama ang lahat ng tinanggap niya sa kanya. At ikalawa, para madiskubreng kasama niya ang buong sangkatauhan sa daang naghahatid sa atin sa Diyos.

Ang mapait at kahiya-hiya niyang kamatayan ay hindi para papaglubagin ang loob ng isang Diyos na nilabag ng mga tao (hindi mapagmataas ang Diyos at hindi niya iginigiit ang kanyang mga karapatan). Ngunit sa sangkatauhan, ang sakripisyo niyang walang pasubali ang magiging binhi ng ganap na pag-ibig. Samantalang isinasakripisyo ng mga lipunan at pamahalaan ang iba, ang kusang-loob na pagsasakripisyo ni Jesus ay naghahatid sa kanya at sa atin sa Pagkabuhay.

Dumanas si Jesus ng mga pagpapahirap, pagalipusta at lahat ng sinasapit ng mga hinatulan sa lahat ng panig ng daigdig kapag hindi na sila itinuturing ng mga pulis at mga sundalo bilang mga taong malaya at mga kapatid nila. *Ipinahagupit* si Jesus bilang pagtupad sa batas ng mga Romano, at hindi dahil sa kalupitan. Sapagkat sa pagkawala ng dugo at pagod na bunga ng paghagupit, mas madaling mamamatay ang taong ipapako sa krus kayat mapapaikli ang kanyang paghihirap.

Kakapusin ng hininga ang taong hinatulan na nakabitin sa krus dahil sa pagkakapako ng kanyang mga kamay. Para makahinga, kailangan niyang ilipat ang bigat ng kanyang katawan sa kanyang mga kamay at paa kayat lalo namang titindi ang di-matiis na kirot na sanhi ng mga pakong nasa mga paa at mga pulso. At sa oras na maubusan na siya ng lakas para gawin ito, kakapusin na siya ng hininga at mamamatay.

Pangkaraniwang inumin ng mga sundalong Romano ang ipinainom sa kanya – ang *alak na hinaluan ng mira*. Medyo nakapagpapamanhid ang *mira* pero

ang sariling damit at inilabas para ipako sa krus.

### Ang pagpapako sa krus

21 Pinilit nila ang isang nagdaraan, si Simon na taga-Cirene, na pasanin ang krus ni Jesus. Galing ito sa bukid nang masalubong nila. Siya ang ama nina Alejandro at Rufo.

22 Dinala nila si Jesus sa lugar na tinatawag na Golgota, na *Bungo* ang ibig sabihin,
23 at pinainom nila siya ng alak na hinaluan ng mira. Tinikman ito ni Jesus ngunit hindi niya ito ininom.
24 At ipinako nila siya sa krus at *pinaghati-hatian sa sugal ang kanyang mga damit* para malaman kung alin ang para kanino.

25 Alas nuwebe ng umaga nang ipinako siya sa krus.
26 Ipinaskel naman nila sa ulunan niya ang nakasulat na sakdal laban sa kanya: "Ang Hari ng mga Judio."
27 Ipinako rin nilang kasama niya ang dalawang kriminal, isa sa kanyang kanan at isa sa kanyang kaliwa.
28 Kaya natupad ang Kasulatan na nagsasabing *"Ibinilang siya sa masasama."*

29 Umiiling ang mga nagdaraan at iniinsulto siya: "Aha! gigibain mo pala ang Templo at itatayong muli sa loob ng tatlong araw.
30 Kaya iligtas mo ngayon ang iyong sarili at bumaba ka sa krus!"

31 Pinagtawanan din siya ng mga punong-pari at mga guro ng Batas na nag-uusap-usap: "Nailigtas niya ang iba, at sarili niya'y di mailigtas!
32 Bumaba ngayon ang Mesiyas, ang Hari ng Israel, mula sa krus at nang makita namin at kami'y maniwala sa kanya." At ininsulto rin siya ng mga kriminal na kasama niyang ipinako.

### Ang pagkamatay ni Jesus

*(Mt 27:45; Lc 23:44; Jn 19:28)*

• 33 Mula tanghaling-tapat hanggang alas tres, nagdilim ang buong lupain.
34 Nang ikatlo ng hapon, sumigaw si Jesus

---

tinanggihan ni Jesus ang makapagpapaginhawa sa kanyang paghihirap.

*PAKIKIPAGBALIKAN*

• 33. *Eloi, Eloi, lamma sabactani?* Ito ang simula ng Salmo 22 na nag-uumpisa sa isang sigaw ng kawalang-pag-asa at nagtatapos naman sa katiyakan ng tagumpay. Maraming pahiwatig sa pasyon ni Jesus ang nilalaman ng salmong ito.

Isang hiwaga ang napapaloob sa sigaw ni Jesus sa oras ng kamatayan sapagkat karaniwang namamatay sa pagod at kawalan ng hininga ang isang taong ipinako sa krus kayat hindi na siya makasisigaw pa. Ngunit walang sinumang makaaagaw ng buhay kay Jesus; siya mismo ang may hawak nito at isinuko niya ang kanyang buhay sa mismong sandaling kanyang niloob. Nagulat ang mga nakaririnig sa kanya: sigaw kaya ito ng pagkatalo o ng tagumpay?

Kung minsa'y nagbubunga ng pagkakawatak-watak ng pamilya ang kamatayan ng isang tao. Meron din namang kamatayan na naghahatid ng pagkakabalikan. Yari sa dalawang posteng kahoy ang krus na kinamatayan ni Jesus, isang nakaturo sa langit at pahalang naman ang isa pa: nakabitin si Jesus sa pagitan ng langit at lupa, ipinakikipagbalikan niya ang lahat ng tao sa Diyos at ang mga tao sa isa't isa.

Pakikipagbalikan sa Diyos para sa lahat na pinakadakilang patunay ng pag-ibig ng Diyos sa atin ang nakikita sa kamatayan ni Jesus. Kayat naisasaisantabi na nila ang kanilang takot sa Diyos at naiintindihan nila na wala pala tayo sa ilalim ng bulag na kapalaran kundi sa ilalim ng mapagmahal na kalinga ng Diyos.

*Napunit mula itaas hanggang baba ang kurtina ng Santuwaryo.* Nangangahulugan ito na wala na ang Diyos sa lugar na iyon na walang sinumang tao ang makapapasok. Iniwan ng Diyos ang kahanga-hangang santuwaryo ng Templo at nagpapakilala siya ngayon sa lahat sa kanyang Anak na sugatan – sugatan hindi lamang dahil sa kasalanan kundi higit pa dahil sa maalab na pag-ibig niya sa atin.

Pagbabalikan ng mga tao at mga bansa. Bago dumating si Jesus sa ating daigdig, hindi pa sinisimulan ng Diyos na alisin ang mga harang na humahati sa mga bayan, at hanggang sa pakikitungo lamang siya sa iisang bayan, sa bayang Judio. Ngunit mula nang isilang si Jesus, tinatawag na ang lahat na pumasok sa Kaharian (Ef 2:11-16). Noong una'y may kanya-kanyang seremonya sa relihiyon at mga paniwala ang bawat bayan. Ngunit ngayon, ang pagkakilala kay Jesus na ipinako sa krus ang magiging saligan ng pananampalataya at pagkakaisa. Sa pagkakilala at paniniwala sa kanya, magkakabalikan at magkakabuklod ang mga tao at mga bansa sa kabila ng mga pagkakaibang humahati sa kanila.

*Totoo ngang anak ng Diyos ang taong ito.* Kinikilala ng kapitang Romano na isa ngang *taong matuwid* si Jesus (Lc 23:47) o isang taong di pangkaraniwan. Sinasadya ni Marcos na ilagay sa bibig ng kapitan ang mga salitang "anak ng Diyos" sapagkat ang paganong opisyal na ito ang kumakatawan sa mga

nang malakas: *"Eloi, Eloi, lamma sabac-*
*tani?"* na ang kahuluga'y *"Diyos ko, Diyos*
*ko, bakit mo ako pinabayaan?"* 35 Nang
marinig ito ng ilan sa mga naroon, sinabi
nila: "Tinatawag niya si Elias." 36 May
tumakbo at inilagay sa patpat ang isang
esponghang isinawsaw sa suka para ipa-
inom sa kanya. At sinabi nito: "Tingnan
natin kung ililigtas siya ni Elias."

37 Muling sumigaw si Jesus nang ma-
lakas at nalagutan ng hininga.

38 Sa sandaling iyon, napunit mula itaas
hanggang baba ang kurtina ng Santuwar-
yo.

39 Nang makita ng kapitang naroon sa
tapat niya na ganoon siya nalagutan ng
hininga, sinabi niya: "Totoo ngang Anak
ng Diyos ang taong ito."

40 May mga babae ring nagmamasid
mula sa malayo, kabilang sa kanila sina
Maria Magdalena, Mariang ina nina
Jaimeng Maliit at Joset, at si Salome.
41 Sinundan nila siya at pinaglingkuran
nang nasa Galilea siya, at naroon din ang
marami pang babae na umahon sa Jeru-
salem na kasama nila.

### Inilibing si Jesus

• 42 Araw ng Paghahanda noon bago
mag-Araw ng Pahinga kaya nang mag-
tatakipsilim na, 43 dumating si Joseng
taga-Arimatea na marangal na kagawad
ng Sanhedrin. Hinihintay din niya ang
kaharian ng Diyos, at buong tapang
niyang nilapitan si Pilato at hiningi ang
katawan ni Jesus.

44 Nagulat si Pilato na namatay na pala
si Jesus kaya ipinatawag niya ang kapitan
at itinanong kung patay na nga siya.
45 Nang malaman niya ito sa kapitan,
ibinigay niya ang katawan kay Jose.

46 Bumili ito ng telang linen, at pagka-
baba nito sa katawan ay ibinalot sa tela at
inilagay sa libingang inuka sa bato. At
saka niya pinagulong ang isang malaking
bato sa bukana ng libingan. 47 Tiningnan
naman ni Maria Magdalena at ni Mariang
ina ni Joset kung saan siya inilagay.

### Binuhay siya, wala siya rito

*(Mt 28; Lc 24; Jn 20)*

**16** • 1 Pagkatapos ng Araw ng Pa-
hinga, si Maria Magdalena at si
Mariang ina ni Jaime, at si Salome ay
bumili ng mga pabango para pumunta at
pahiran si Jesus. 2 At dumating sila sa
libingan kinaumagahan ng unang araw ng
sanlinggo.

3 Pinag-usapan nila: "Sino ang magpa-
pagulong at mag-aalis sa malaking bato
sa bukana ng libingan?" 4 Ngunit pag-
tingin nila'y nakita nilang naigulong na
ang bato – napakalaki nga niyon.

5 Kaya pumasok sila sa libingan at
nakita nila ang isang binatang nakaputi na
nakaupo sa kanan, at takang-taka sila.

---

bansang pagano na makakakilala sa Anak ng Diyos sa ipinakong ito sa krus.

Maraming beses na iginiit ni Jesus na huwag siyang ipahayag na anak ng Diyos (Mc 1:44). Ginawa niya ito dahil walang sinumang makakakilala sa Diyos o sa kahulugan ng pagiging Anak ng Diyos (Mt 11:27) hanggang hindi niya nalalaman kung paano namatay si Jesus at naniniwala sa kanyang pagkabuhay. Tingnan sa Roma 3:24.

• 42. Nagmamadali si Joseng taga-Arimatea para hingin at mailibing ang katawan ni Jesus sapagkat itinatadhana sa batas ng mga Judio na dapat ilibing bago gumabi ang mga bangkay ng mga taong hinatulan ng kamatayan (Dt 21:22), lalo na't mahalagang piyesta ang araw na iyon. Inuka sa bato sa tabi ng burol ang sinasabing libingan. Napakababa ang pasukan at sinarhan ito ng isang malaking bilog na bato, tulad ng ginagamit sa gilingan. Tingnan ang paliwanag sa Juan 19:41.

Tulad ng binhing ibinaon sa lupa, inilibing din ang katawan ni Jesus upang sumibol ang bagong buhay (Rom 6:3-5). Tingnan din ang paliwanag sa Mateo 27:52.

*NABUHAY SI JESUS MULA SA MGA PATAY*

• **16.**1 Nagwawakas ang buhay ni Jesus sa pagkadiskubreng ito sa libingang walang laman. Sa mga huling pahina ng Ebanghelyo, matutunghayan natin ang isang malaking salaysay ng pinakamahahalagang pagpapakita ni Jesus pagkamatay niya. Hindi na siya ang Jesus na nasa lupa kundi ang Jesus na binuhay, na muling isinilang mula sa Ama at hindi na

[6]Ngunit sinabi niya sa kanila: "Huwag kayong matakot. Di ba't si Jesus na taga-Nazaret, ang ipinako sa krus, ang hinahanap ninyo? Binuhay siya at wala siya rito. Hayan ang lugar kung saan siya inilagay. [7]Ngunit humayo kayo at sabihin sa mga alagad niya at pati kay Pedro na mauuna siya sa inyo sa Galilea. Doon ninyo siya matatagpuan gaya ng sinabi niya sa inyo."

[8]Agad silang lumabas at tumakas mula sa libingan. Inalihan sila ng takot at sindak at wala silang sinabi kaninuman. Takot na takot nga sila.

**Maikling wakas ng Ebanghelyo**

• [9]Pagkabuhay ni Jesus sa unang araw ng sanlinggo, una siyang napakita kay Maria Magdalena na mula rito'y pitong demonyo ang pinalayas niya. [10]Umalis ito at nagbalita sa mga kasama ni Jesus na noo'y umiiyak at nagluluksa. [11]Ngunit hindi sila naniwala sa kanya nang marinig nilang buhay si Jesus at napakita sa kanya.

[12]Pagkatapos nito, napakita naman si Jesus sa ibang anyo sa dalawa sa kanila habang papunta sila sa labas ng bayan. [13]At pagbalik nila, ibinalita rin nila ito sa iba pa pero hindi rin sila naniwala sa kanila.

[14]Sa dakong huli, nang nasa hapag ang Labing-isa, napakita sa kanila si Jesus at pinagsabihan sila dahil sa kawalang-paniwala nila at katigasan ng puso: hindi nga nila pinaniniwalaan ang mga nakakita sa kanya matapos siyang buhayin.

• [15]At sinabi sa kanila: "Pumunta kayo sa buong daigdig at ipahayag ang ebang-

muling mamamatay, tulad ng sinasabi sa Salmo 2: *Ikaw ang aking Anak at sa araw na ito kita binigyan ng buhay*.

*Nabuhay si Jesus*. Isinasalaysay ng Ebanghelyo ang mga pangyayaring naganap pagkamatay niya at binabanggit ang mga pangalan ng mga nakakita kay Jesus na muling nabuhay. Mapaniniwalaan ba natin sila? Gusto sana nating magkaroon ng higit pang mga detalye na magpapatatag sa ating pananampalataya. Ngunit kahit na libu-libo pa mang panayam sa mga saksi ang ilathala at may mga de-kulay na litrato pa para patunayan ang kanilang mga sinasabi, magkakaroon at magkakaroon pa rin ng alinlangan. Sapagkat hindi natin siya nakikita, hindi natin siya natatagpuan. Nasaan siya?

Sa totoo'y hindi mahalaga kung marami man o kakaunti ang mga saksi sa kanyang pagkabuhay. May kinalaman ito sa pananampalataya at bagay na personal ang pananampalataya.

Nag-aalinlangan tayo, hindi dahil walang sapat na katibayan kundi dahil masyadong maganda para sa atin ang pangyayari. Paano natin mapaniniwalaan na mauuwi sa pagkabuhay ang mga eskandalo at pagdurusa ng sangkatauhan? Subalit naroon pa rin ang mga patotoo at nalalampasan ang paulit-ulit na mga puna at maging ang mga makabagong pag-aaral. Kayat sino ang maniniwala? Ang mga taong inihanda ng kanilang karanasan para tanggapin ang pinakapangunahing katotohanan: mahal ng Diyos na buhay ang mga tao at ibinabalik niya sila sa buhay.

May ilang naniniwala dahil naranasan nila na kasabay nilang naglalakad mismo ang Diyos sa gitna ng mga pagsubok at nagbibigay sa kanila ng pag-asa kapag para bang wala na ang lahat. Dahil dito, nakikilala nila kay Kristo ang huwaran ng ganap na tao at nauunawaan nila na kailangan niyang dumaan sa pagdurusa bago marating ang kaluwalhatian. Natututuhan nilang unawain ang mga paraan ng Diyos kaya naniniwala sila sa mga saksi ni Kristong muling nabuhay.

Hindi mas mahirap paniwalaan ang pagkabuhay ni Kristo kaysa maniwala sa kanyang mga salita: magkasama lamang ang mga ito. *Napagtatagumpayan ng naniniwala ang daigdig*, ang sabi ni Apostol Juan (1 Jn 5:5). Nangangahulugan ito ng pagtatagumpay sa maling pagpapakahulugan ng maraming tao sa kanilang buhay dahil hindi pa nila nalalaman ang pag-ibig ng Diyos. Napagtatagumpayan din ng sinumang naniniwala ang mga takot na nadarama ng bawat isa sa atin sa pagsuong natin sa mga daang hindi natin alam, sa pagsasaisantabi natin sa pangangatwiran ng ating isip para ipagkatiwala ang ating mga sarili sa mga kamay ng Diyos.

• 9. Sa bersikulo 8, biglang natatapos ang Ebanghelyo ni Marcos. Hinihintay natin ang pakikipagkita ni Jesus sa kanyang mga apostol sa Galilea pero hindi na ito nangyari. Bakit? Hindi natin alam. Isang maikling ulat lamang ng mahahalagang pagpapakita ni Jesus na muling nabuhay ang natutunghayan natin bilang kongklusyon.

• 15. *Ipahayag ang ebanghelyo sa buong sangkinapal*. Ang Mabuting Balita ang binhing ipupunla sa daigdig at mamumunga sa takdang panahon, sa lahat ng larangan ng gawain ng tao. Hindi pagliligtas sa hiwa-hiwalay na kaluluwa o mga indibidwal ang kaligtasan. Ipahahayag ang Ebanghelyo sa buong sangkinapal sa lahat ng gawa at gawain ng mga binago

helyo sa buong sangkinapal. 16 Maliligtas
ang maniniwala at magpapabinyag; ha-
hatulan naman ang di maniniwala. 17 At ito
ang mga tandang sasama sa mga mani-
niwala: magpapalayas sila ng mga de-
monyo sa aking Pangalan, magsasalita
sila sa iba pang mga wika, 18 hahawakan
nila ang mga ahas, at di sila maaano kung
iinom man sila ng may lason. Ipapatong
nila ang kanilang kamay sa mga maysakit
at gagaling ang mga iyon."
19 Matapos silang kausapin ng Pangi-
noong Jesus, *iniakyat siya sa langit at
lumuklok sa kanan ng Diyos.* 20 At umalis
sila at nangaral sa lahat ng lugar. Kasama
nilang gumagawa ang Panginoon at
pinatatatag ang Salita sa tulong ng mga
tandang kasama nila.

---

sa binyag. Sila ang magiging lebadurang babago sa kasaysayan ng tao.

*ANG PANGALAN NI JESUS*

Sa muling pagkabuhay ni Jesus, nagsimulang lubos na makiisa sa Luwalhati ng Diyos ang kanyang pagkatao. "May-Kapangyarihang-Anak-ng-Diyos" na si Jesus (Rom 1:1). Hinihingi ngayon sa atin na maniwala sa kanyang *Pangalan*, ibig sabihi'y sa kapangyarihan ng Diyos na katatanggap lamang niya at gumagawa sa kanya.

Ang *Pangalan* ay isang salita na walang gaanong kahulugan para sa atin. Ngunit para sa mga Judio, nangangahulugan ito ng aktibong presensya ng Diyos. Sa pamamagitan ng katagang ito, mas madali at maalwan nilang napag-uusapan ang Diyos. Halimbawa, hindi sinasabi ng Biblia na naglakad ang Diyos kasama ng mga Hebreo papunta sa Lupang Pangako (sapagkat hindi naglalakad ang Diyos); sa halip ay sinasabi nito na kapiling nila ang kanyang *Pangalan* (Blg 6:27) o ang kanyang *Mukha* (Ex 33:14) o ang kanyang *Anghel* (Ex 23:23). Hindi maikukulong ang Diyos sa isang Templong yari sa bato pero sinasabi ng Biblia na nananahan sa kanyang Templo ang kanyang Pangalan at mula roo'y pinagpapala niya ang lahat ng gawain ng kanyang bayan (1 H 8:27 at 29).

Kayat nangangahulugan ng Kapangyarihan o Presensya ng Diyos ang *Pangalan*. At sinasabi ni Pablo na tinanggap ni Jesus na muling nabuhay ang Pangalang ito na higit pa sa alinmang pangalan (Fil 2:9). Ang Diyos Ama ang nagkaloob nito sa kanya, at si Jesus na tumanggap nito sa Ama ay hindi mas mababa sa kanya sapagkat kanya na rin ngayon ang anuman sa Ama. Hindi tinatanggap ni Jesus ang luwalhati gaya ng pagtanggap sa isang titulo o karangalan sapagkat walang sinumang makatatanggap sa Luwalhati ng Diyos liban sa Diyos. Kung tumanggap siya ng makadiyos na titulo (na ipinahayag na sa Is 9:5) dahil ito sa talagang tinanggap na niya sa Ama ang pagkadiyos mula sa simula, o ang kanyang Pagkadiyos mismo.

Kaya Diyos si Jesus tulad ng Diyos Ama ngunit sa naiibang paraan sapagkat tinatanggap niya ang lahat mula sa lahat ng meron ang Diyos. Ito ang dahilan kaya nasusulat: *Anak ang kanyang Pangalan* (Heb 1:4). At kapag nakikipag-usap tayo sa Ama sa *Ngalan ni Jesus*, higit pa ito sa pagpapakupkop natin sa kanyang mga kagalingan (Heb 5:9) o paggamit sa mabisa niyang pamamagitan (Heb 7:25). Sa Ngalang ito ni Jesus, dumudulog tayo sa Diyos bilang mga anak sapagkat alam nating niyayakap tayo ng Diyos sa parehong pag-ibig niya bilang Ama sa kanyang *Pinakamamahal* (Ef 1:6).

Mula noo'y unti-unti nang ipasasailalim ng Panginoong Jesucristo sa kanya sa kapangyarihan ng Diyos ang kasaysayan ng tao at ang personal na landas ng bawat isa sa atin. Sinusugo sa mundo ang mga alagad para pagalingin ito at pabanalin. Hindi hantungan ang mga himala at mga pagpapagaling kundi mga tanda at mga paraan. Layunin ng pag-eebanghelyo ang pagbuklurin sa Anak ng Diyos na naging tao ang buong sangkinapal sa pamamagitan ng paggawa ng kanyang Espiritu sa mga bininyagan. Sinasabi ng Panginoon, "Huwag kayong matakot, hindi isang kanlungan laban sa daigdig sa mga tukso at mga problema nito ang aking Iglesya. Sa halip ay bininyagan ang bawat isa sa inyo para maging apostol."

*Ito ang mga tandang sasama sa mga maniniwala.* Ang mga tanda o mga himalang ito mismo ang binabanggit sa Mga Gawa ng Mga Apostol. Kahit na ngayo'y makikita pa rin ang mga ito pati na ang iba pa saanman isinasakatuparan ng mga Kristiyano ang kanilang misyon ng pag-eebanghelyo sa